

Linguwistikong Etnograpiya ng Ibaloy

Linguwistikong Etnograpiya ng Ibaloy

Karapatang-sipi © 2021 ng Komisyon sa Wikang Filipino at ng Katutubong Pamayanang Kultural ng mga Ibaloy.

RESERBADO ANG LAHAT NG KARAPATAN. Walang bahagi ng manuskritong ito ang maaaring sipiin o gamitin nang walang nakasulat na pahintulot mula sa mga may-akda at tagapaglathala.

Mga mananaliksik at sumulat ng manuskrito: Jimmy B. Fong, PhD
Learane K. Ampaguey
Rachel P. Pitongay
Jermaine Beltran

PAUNAWA. Hindi inilathala ang manuskritong ito. Ang pagkopya at pamamahagi sa publiko ay ipinagbabawal.



Komisyon sa Wikang Filipino
Gusaling Watson, 1610 Kalye J.P. Laurel,
Malacañan Complex, San Miguel, Lungsod Maynila 1005
Tel. (02) 899-606-70
email: komisjonsawika@gmail.com

PAUNANG SALITA

Sa saliksik ng Komisyon sa Wikang Filipino (KWF) noong 2016, napag-alamang mayroong tinatáyang 130 katutubong wika ang Pilipinas. Sa bílang na ito, tinatáyang may 40 wika ang nanganganib nang maglaho sa hinaharap. Dahil ito sa ilang mga salik tulad ng kawalan ng *intergenerational transmission* sa wika; migrasyon ng mga tagapagsalita ng wika; at pangingibabaw ng paggamit ng *lingua franca*. Ang panganganib ng wika ay isang pandaigdigang karanasan. Isa rin itong hámon sa mga bansa kung paano isasalba ang mga wika sa panganganib. Kapag hindi na naipapása sa susunod na henerasyon ang wika, unti-unting maglalaho ang mga buháy na dúnong o *intangible cultural heritage* tulad ng panlipunang kaugalian, ritwal, pagtatanghal, tradisyonal na paglikha, oral na tradisyon gaya ng mga tulâ, bugtong, kuwentong-bayan, at epikong-bayan. Kung tulúyang maglalaho ang wika, makapipinsala ito sa kalikásan at biodiversidad dahil ang mga katutubong karunungan hinggil sa kalikásan, paniniwala sa mga espiritu, at mga kultural na pagpapahalaga ay nása katutubong wika.

Kayâ, naglatag ang UNESCO¹ ng mga hakbang sa pagpapasigla ng wika, isa na rito ang pagdodokumento sa wika at kultura. Sa pamamagitan nitó, napayayaman ang pag-aaring intelektuwal ng mga tao, naipakikíta ang kultural na pananaw na maaaring bago sa kasalukuyang kaalaman, at ang proseso ng dokumentasyon ay nakatutúlong sa impormante ng wika upang muling pasiglahin ang kaalaman sa wika at kultura (UNESCO 2003). Ayon din kay Himmelman (2006), ang pagdodokumento ng wika ay isang pangmatagalan at may masaklaw na layunin na talâ o rekord ng wika.² Magagámit ito sa maraming layunin sa pagpapasigla at pagpapaunlad ng wika.

Bílang tugon sa hámong ito, inilunsad ng KWF ang proyektong Lingguwistikong Etnograpiya ng mga Wika ng Pilipinas noong 2018. Pagpapatúloy ito sa nasimulang gawain ng KWF sa pagdodokumento ng wika at kultura noong 2015. Higit na pinalawak ang saklaw ng saliksik at mas komprehensibo ang datos na inaasahang makálap. Ang pagsasakatuparan ng proyektong ito ay naging posible dahil sa suporta ni dáting Senador Loren Legarda, ngayon ay kinatawan ng Antique. Dahil sa suportang pinansiyal mula sa kaniyang opisina, nakapagbigay ang KWF ng *grant* para sa pagdodokumento ng 32 wika.

Sa pagtatapós ng proyekto noong 2020 ay nakapagdokumento ng 30 wika. Maraming natutuhan ang KWF sa pagsasagawa nitó na magiging pundasyon sa pagpapaunlad ng proyekto sa susunod na mga taon. Ninais man ng KWF na mailimbag ang lahat ng natápos na saliksik, mahigpit pa rin ang naging pamantayan sa pagsasagawa nitó. Gayunman, lubos ang pagbatì at pasasalamat ng KWF sa mga *grantee* at sa kaniláng institusyon na nakibahagi sa proyekto. Malaking bahagi rin ng

¹ UNESCO Ad Hoc Expert Group on Endangered Languages. *Language Vitality and Endangerment*. Paris: UNESCO, 2003.

² Himmelman, Nikolaus P. "Language Documentation: What is it and what is it good for?" Nása Gipper, Jost et al. (Eds.) *Essentials of Language Documentation*. Berlin: Walter de Gruyter GmbH & Co., 2006.

tagumpay ng proyekto ang suportang ibinigay ng mga pinunò at mga kasapi ng katutubong pamayanang kultural.

Ang proyektong ito ay simula pa lámang. Hangad ng KWF na magkaroon ng komprehensibong dokumentasyon ang lahat ng katutubong wika ng bansa na magpapakíta ng matálik na ugnayan ng wika at mga katutubong karanasan at kaalaman ng pangkáting etniko na nagmamay-ari nitó. Ang gawaing ito ay hindí káyang gampanan ng KWF nang mag-isa. Kayâ, hinihikayat namin ang suporta at pagtataguyod ng mga iskolar ng wika, akademya, institusyon ng pamahalaán, at ng mga pinunò at mga kasapi ng mga katutubong pamayanang kultural upang maisakatuparan ang hangaring ito.

Sangay ng Salita at Gramatika

TALAAN NG NILALAMAN

Paunang Salita	3
Talaan ng Nilalaman	5
Introduksiyon	7
Heograpiya	18
Topograpiya	18
Bineng	18
Tublay Central	20
Demograpiya	24
Pagkakakilanlan ng Pangkat	24
Identidad ng Pangkat	24
Lokasyon at Distribusyon	25
Kaligirang Etnolingguwistiko	25
Sitwasyong Pangwika	26
Kalagayan ng Ibaloy	26
Mga Varayti ng Wikang Ibaloy	27
Estruktura ng Komunidad	31
Pamilya	31
Sistema at Kaugalian sa Pag-aasawa	32
Pagkakamag-anak	35
Sistema at Kaugalian sa Pagkakamag-anak	35
Pakikipag-ugnayan sa Komunidad	36
Sistema ng Pamamahala	37
Proseso sa Pagpili ng Pinunò	37
Batas at Tuntunin	37
Sistemang Pangkabuhayan	38
Pagtatanim	38
Estado at Kalagayang Panlipunan sa Paghahanapbuhay	42
Relihiyon at Katutubong Ritwal	44
Materyal at Di-Materyal na Kultura at Tradisyon	57
Sining	57

	Literatura	58
	Sayaw	61
	Arkitektura	62
Siklo ng Búhay		65
	Paglililihi at Panganganak	81
	Pagkabata	65
	Pagbibinata o Pagdadalaga	66
	May Sapat na Gulang	67
	Katandaan	67
Partisipasyon sa Pambansang Kultura		71
	Edukasyon	71
	Kalusugan	71
	Transportasyon at Komunikasyon	72
	Politika	72
Pagtanaw at Tugon ng Komunidad sa Kalagayan ng Kanilang Wika at Kultura		73
Mga Sanggunian		76
Apendiks		78
	Wordlists	78

INTRODUKSIYON

Ivadoy/Ibaloy ang **ësël** o wika ng mga unang katutubo sa Baguio at sa mga karatig **ili** o bayan nitóng Tuba, Itogon, Sablan, La Trinidad, Tublay, Kapangan, Atok, Bokod, Kabayan, at Kayapa sa Nueva Vizcaya. Ang pangalan ng Lungsod Baguio ay gáling sa salitang Ibaloy na **bagíw** na ang ibig sabihin ay lumot. Bago naging Lungsod Baguio ang Bagíw, ang Baguio Dairy Farm ay Chúyo, ang Trancoville ay Dubán, ang sapang ngayon ay Burnham Lake ay Mínak, ang mga damuhan ng parke ay Kafagwáy at pastolan ng mga sinaunang Ibaloy tulad ni Mateo Cariño.

Sa katunayan, ipinaglaban ni Cariño ang kaniyang karapatan sa ilang bahagi ng mga lupain sa Baguio hanggang sa Korte Suprema ng America. At noong 23 Pebrero 1909, kinilala ng Estados Unidos ang kaniyang katutubong karapatan sa lupang ninuno. Kinikilala ng buong mundo ngayon ang batas na *Native Title* o *Cariño Doctrine* dahil dito.

Hitik sa pakikipaglaban ang kasaysayan ng mga Ibaloy. Sa may Tonglo sa Tuba, hinulugan nila ng mga bato ang mga Espanyol na nagtangkang umakyat sa mga minahang ginto. Sinupil nila ang isang pari nang lapastanganin nito ang kanilang katutubong paniniwala (Pawid at Bagamaspad, 1985).

Bahagi ng paniniwala ng mga ninunong Ibaloy ang kaalamang magpatuyo ng mga bangkay. Saksi ang mga **batëk** sa buong katawan ni Apo Anno at ilan pang mga **mëkhíng** sa Timbak at Tinungchol sa may Kabayan, Benguet sa naglaho nang kaalamang ito. Gawain din ng mga Ibaloy ang hukayin muli ang mga patay upang bihisan, pakainin, at ilibing muli—bahagi ng paniniwala ng tuloy-tuloy na relasyon ng mga buháy at patay. Nakikita ito sa iba pang mga ritwal o **shilós** sa kanilang buhay.

Sa mga panahon ng pangangilin para sa kanilang mga yumaong mahal sa búhay, inaawit nila sa **bâdiw** ang **shíva** o kuwento ng kabaitan, katapangan, at kalooban ng kanilang lahi.

Ang katutubong bahay na **avúng** ng mga Ibaloy ay may makapal na bubong na yarì sa kugon at isang klase ng katutubong damo. Karaniwang nakaangat ito sa lupa at nakapatong ang mga kahoy na poste sa bato. Karaniwang hiwa-hiwalay at magkakalayo ang mga bahay. Karaniwang nagtutulungan ang mga Ibaloy sa paggawa ng katutubong bahay at iba pang malaking gawain tulad ng pagtatanim at pag-aani ng palay.

Sinasabing mahiyain ang mga Ibaloy. Ang totoo, sila ay magalang, matulungin, at mapagbigay. Mahalaga rin sa kanila ang katahimikan at kapayapaan. Kayâ't mayroon silang katutubong paraan ng katarungan o pag-uusap, tinatawag na **tongtóng**, ng mga matatanda upang malutas ang mga hindi pagkakaunawaan at pagbabangayan. Kinikilala ng modernong gobyerno ang katutubong sistemang ito kaya't ngayon ay

mayroon nang mga Lupong Tagapamayapa sa mga barangay na binubuo karamihan ng mga matatanda na kinikilalang may kakayahang gumawa ng magaling na desisyon.

Ang bagong mag-asawa na gumawa ng kanilang bagong bahay ay pasisinayaan ang kanilang bahay sa pamamagitan ng isang ritwal. Kung papalarin ang pamilya, lalaki ang pagritwal na ito hanggang umabot sa pinakamalaking **piging**, **kédót** o **pëshít**, kung saan iniimbitahan ang halos lahat ng mga kababayan sa karaniwang mahigit isang araw na kainan at inuman.

Buháy na buháy pa rin ang wikang Ibaloy. Batay sa sarbey sa bansa noong 2010, may mahigit isang daang libong taong nagsasabing sila ay Ibaloy. Maliban sa pagsasalita ng Ibaloy sa bahay, ginagamit din nila ang Ibaloy sa paglikha ng mga kantang pop, *music video*, *vlogs*, at iba pa na matutunghayan na rin sa YouTube. Ginagamit din ang Ibaloy sa Mother Tongue-Based Multilingual Education sa ilang mga paaralan.

Patúloy naman ang tugtugan ng **sulibáw** at **khálsa**, at pagsasayaw ng **tayáw** sa mga pagtitipong **adívay** sa Benguet, sa Ibaloy Heritage Garden sa Burnham Park, sa Mindanao, sa Hong Kong, sa Toronto, sa London, at sa iba pang panig ng mundo kung saan napapadpad ang mga Ibaloy, tulad ng maraming Pilipino.

Ang mga mananaliksik ay kasalukuyang mga guro ng wika, panitikan, at komunikasyon sa Unibersidad ng Pilipinas Baguio. Kung gayon, mayroon silang taal na interes sa paksa. Ang UP Baguio ay mayroon ding institusyonal na interes sa paksa dahil sa pagkiling nito sa yumayabong na disiplina ng pag-aaral na tinatawag na *indigenous studies*. Ang tatlong gurong mananaliksik din ay may dugong Ibaloy na humihikayat sa kanilang muling balikan at maging kritikal sa kanilang sariling kultura at wika.

Rebyu ng kaugnay na literatura

Makikita sa sumusunod na rebyu ng kaugnay na literatura na marami na ring naisulat tungkol sa mga Ibaloy. Ang halaga ng kasalukuyang pag-aaral ay maipakita ang kasalukuyang katayuan ng mga Ibaloy lalo na ang kanilang wika. Sana mapansin din kung paano namumuhay at nakikiangkop sa kasalukuyang panahon ng bansa at pandaigdigang kalakal ang mga Ibaloy.

Isa sa mga dayuhang naunang nagsulat tungkol sa mga Ibaloy ay si Otto Scheerer (1905). Tinukoy niya silang mga “Ibaloi Igorot” at ang kanilang wika bilang “Nabaloi”. Sa yugto ng kasaysayan na maaaring pag-usapan ang isang grupo ng tao at ang kanilang kultura batay at kulong sa isang lugar, isinaad niya ang lupain ng mga Ibaloy sa ganito:

Ang sentro ng kanilang teritoryo ay ang mga lupa sa palibot ng Baguio, ang kasalukuyang capital ng probinsiya ng Benguet; ang hangganan sa bandang norte ay ang mga rancheria ng Kabayan, Atok, Kapangan; sa kanluran ay ang Sablan at Galiano; sa timog ay ang mga rancheria na matatagpuan sa La Union at Pangasinan sa may paanan ng mga bulubunduking Mangitkiran. Ngunit sa mga lugar na ito, hindi kasama ang mga ibang Igorot na tinatawag ng mga Ibaloy na bagu (Ilocano, bago, “mga bagong dating na tao, bagong naging Kristiyano”), na ayon sa mga ulat, ay itinaboy sa bandang norte ng Gobiernong Espanyol. Ang hangganan sa may silangan ay ang Ilog Agno sa pagitan ng Kabayan at San Nicolas. Ngunit may mga kabahayang Ibaloy din pagtawid ng ilog sa distrito ng Kayapa.

Tinatáyang ang bílang ng mga Ibaloy ay mula 12,000 hanggang 15,000. Ang kabuoang populasyon ng Benguet ay 15,000. Kaduda-duda kung ang bílang ng mga Ibaloy na nakatira sa La Union, Pangasinan, at Kayapa ay malalampasan ang bilang ng mga ibang Igorot na nakatira sa Benguet. (p. 99, salin mulang Ingles)

Sa *The Nabaloi Dialect*, makikita ang analisis ni Scheerer sa wikang Ibaloy gámit ang mga kanluraning kategorya ng lingguwistika. Mahahalatang may alam din siya hinggil sa ibang mga wika sa rehiyon dahil tinukoy din niya ang mga pagkakaiba at pagkakatulad ng mga ito. Sa una pa lamang, ipinakita niya “ang afinidad ng Nabaloi sa ibang dialekto ng Filipinas” (Ilocano, Pangasinan, Pampango, Tagalog) at sa malapít na relasyon nito sa Malay (Scheerer, 1905, mp. 110-111). Ihinambing din niya ang Nabaloi sa Espanyol, Ingles, Nihonggo, at sa iba pang mga banyagang wika.

Nakita sa presentasyon ni Scheerer ang kulturang Ibaloy at ang relasyon ng lingguwista sa kaniyang mga pinag-aaralan. Karamihan sa mga retratong kaniyang pinili mula kay Dean C. Worcester ay tungkol sa mga lalaki at babaeng Ibaloy na may bitbit na kung ano-ano. Isinama pa niya ang mahabang transcript ng “A conversation with Igorot carriers” na pinamagatang “On the Trail to Benguet” (Scheerer, 1905, mp. 145-147). Ipinakita nito na sa pangkalahatan, ang tingin ng mga dayuhan sa mga katutubo ay mga kargador at trabahador. Maliban sa tuon sa wika, tinukoy din ni Scheerer ang pagiging palakanta ng Ibaloy:

Ang Ibaloy, sa isang banda, ay palakanta. Kung sinusuong niya ang tahimik na gubat, inilalabas niya ang kaniyang saloobin sa pamamagitan ng mababa at matunog na linya. Isinasaad ng payak na tunog ang melancholia (?) na katangian ng pagkataong Malay. Muli, sa mga piging, habang nakikiupo sa iba sa may apoy at sa pagitan ng pag-inom ng alak bigas, kaniyang isinasalaysay gamit ang mas payak na tunog ang mga pangyayari sa kaniyang buhay-pamilya sa kaniyang mga kamg-anak at dumalong kaibigan, na sila ring sumasang-ayon sa pamamagitan ng pakikilahok sa koro. Susunod din sa parehong paraan ang iba pang taong mababanggit sa sa usapan...

Dahil sa kaugaliang ito, hindi kataka-takang ang mga matitingkad na karanasan ng mga Igorot ay nagiging bahagi at pagmamay-ari na ng mga bata at matatanda. Ang mga ito ay nagiging kanta at patuloy na nabubuhay bilang mga ballad... (p. 48, salin mulang Ingles)

Mababakas sa kuwento ni Scheerer na noong una pa lámang, may dalawang klase na ng kanta ang mga Ibaloy. Una ay yaong kaniyang kinakanta kapag nangangahoy at ang ikalawa ay yaong kinakanta sa mga piging kung saan sumasama sa koro ang mga dumalong kamag-anak at kaibigan. Ang pangalawang ito marahil ay tumutukoy sa tinatawag na **bâdíw**.

Nagsulat din sina Claude R. Moss at A. L. Kroeber (1919) hinggil sa “Nabaloi Songs.” Ayon kay Moss, ang 12 na kanta ay mula sa mga Ibaloy ng Kabayan at sa mga kalapit-bahay na Nabaloi-Kankanay sa Buguias. Ayon kay Kroeber, napakasimple at regular ang estruktura at ritmo ng mga kanta, at naiiba sa dalawang kantang Negrito na nailathala noong 1906. Sinabi pa ni Kroeber na mababanaag sa mga kanta “ang impluwensiya ng napakarami at luma ngunit matataas na sibilisasyon” (p. 193).

Sa *Nabaloi Law and Ritual*, sinabi ni Moss (1920) na nakitirá siya sa mga Ibaloy ng mahigit sa 12 na taon. Inilarawan niya ang mga Ibaloy na:

...matikas at matipunong mga tao, lalo na iyong mga nakatira sa Kabayan at sa iba pang bayan sa gilid ng mga ilog. Madali silang pakisamahan at marami sa kanila ang may matingkad na ugaling mapagpatawa. Sila ay mapagkakatiwalaan at halos lahat na nakikipagkasundo ay tinutupad ang kanilang salita; ngunit dahil sa gawing mañana, hindi ito agarang ginagawa. Mas masipag sila kaysa sa mga Pilipinong tagapatag, ngunit ito marahil ay dahil sa kahingian ng pagtira sa bulubunduking lugar. Naiiba sila sa kanilang pagiging maasikaso at mapagbigay. Masunurin sila at tumatalima sa awtoridad.... (p. 212, isinalin mulang Ingles)

Maaaring nag-ambag ang paglalarawang ito ni Moss sa mga Ibaloy sa pangkalahatang mababang pagtingin sa mga taong taga-Benguet na di-umano’y hindi tuluyang nilabanan ang kolonisasyon. Maaaring may kaugnayan din ito sa pagbubuo ng stereotype na ang Ibaloy ay mahiyain.

Inilathala rin ni Moss noong 1924 ang *Nabaloi Tales*. Kasama dito ang 117 na mito na kaniyang tinipon sa loob ng 13 taon, karamihan sa Kabayan. Sakop ng mga kuwento ang kabuoang pagtingin sa kosmos, mulang paglikha hanggang kamatayan. Sa mga teksto, Igodót ang tawag ng mga tao sa kanilang sarili.

Tinawag ng paring Belgian na si Alfonso Claerhoudt, C.I.C.M., ang kaniyang mga isinulat tungkol sa mga kaugalian ng mga tagasilangang Benguet na *The Songs of*

a People (1966). Gámit ang pamamaraang malikhaing pagsulat, tinukoy niya ang iba't ibang ugali at ritwal ng mga Ibaloy sa Bokod, Benguet, mula sa mga mahahalagang yugto sa buhay ng isang tao, mulang pagsilang hanggang kamatayan. Para kay Claerhoudt, walang pagkakaiba ang banal sa makamundo sa buhay Ibaloy dahil nagpapatuloy ito hanggang "sa tuktok ng Bundok Pulak...sa bayan ng mga yumao." (p. 116) Hitik na hitik ang sulatin ni Claerhoudt ng mga pangalang Ibaloy ng mga tao at lugar, at mga linya mula sa mga dasal, awit at kanta, na ginagamit hanggang ngayon.

Sa kaniya namang disertasyong "The Social World of the Ibaloy," inilahad ni Ursula Cariño Perez (1979) ang isang komprehensibong larawan ng katutubong buhay Ibaloy. Sinikap niyang idiin bilang naiibang grupo ang mga Ibaloy batay sa kanilang mga paniniwala at gawi. Ilan sa mga ito ang mga katutubong paraan ng paghahanapbuhay, mga paniniwala at ritwal, pagmamahal, pagsuyo, pag-aasawa, paghihiwalay, pagkakamag-anak, pagtanda, kamatayan at paglilibing, pag-mëkhíng (mummification), at paniniwala sa mga espiritu. Nakikita rin ang mga paniniwalang ito sa mga kagamitang makikita sa bahay at lugar ng mga Ibaloy.

Kompara sa mga naisulat ng mga banyaga, ibig sabihin ni Perez na naiiba ang kaniyang pagtingin sa mga ito dahil isa siyang Ibaloy. Sinabi niyang mas marami siyang nakuhang impormasyon hinggil sa **mëkhíng**. Inilarawan niya ang mga Ibaloy sa pangkalahatan na mga magsasakang mapayapa, masipag, konserbatibo, mapagpasiya, mapagbigay, mapagkaibigan, matulungin, mapagkakatiwalaan, at marespeto. (p. 7)

Tungkol sa karaniwang pagtingin sa mga Ibaloy bilang mapagtalima, sinabi ni Perez na:

Tunay ngang tinanggap ng mga Ibaloy ng Benguet ang mga programang pangkaunlaran at ang pagganyak ng mga misyonero, at ginamit nila ang mga bagong pamamaraan ng pagtugon sa kanilang mga pangangailangan at problema. Ngunit, sa kabila ng pagbabagong ito, marami pa rin ang bumalik sa mga katutubong gawi dahil nakita nilang mas madaling gamitin at maintindihan ang mga ito. (p. 3, isinalin mulang Ingles)

Napansin din ni Perez na ginagawa naman ng mga Kristiano at di-Kristiano ang mga katutubong ritwal tulad ng generic na **kanyaw**. Sinabi rin niyang tanggap na ng mga di-Kristiano ang katawagang pagano para sa kanila. Iminumungkahi ni Perez na ipagpatuloy ang pagkakanyaw sa mas ekonomiyang paraan upang hindi mahadlangan ang pag-aaral ng kabataan. (p. 4) Tungkol naman sa gawing Ibaloy, sinabi ni Perez na:

...mukhang mapanlinlang ang pagtingin na mahiyain, tahimik, at mapagpaubaya ang Ibaloy. Kasi kapag pinukaw at punô na ang Ibaloy sa mga pang-aabuso at pang-aalipusta, maaari siyang maging bayolente maipagtanggol lamang ang kaniyang dignidad. Ang gawing mahiyain at mapagpaubaya na maitatapat sa pagkamapagpakumbaba ay nangingibabaw sa mga Ibaloy pati na sa mga propesyonal. Sa pangkalahatan, sila'y mga

taong hindi iniisip at pinag-uusapan ang kanilang mga narating at nagawa. Para sa kanila, hindi iginagalang ang isang taong pinag-uusapan ang kaniyang sariling problema at mga nakamit o tagumpay sa publiko... Kung minsan tuloy, sila’y nalalamangan sa kanilang paghihintay na ibang tao ang magsalita ng maganda tungkol sa kanila, o hayaan na lamang na makita ng mga tao ang nagawang maganda. (p. 59, salin mulang Ingles)

Sa kaniyang journal article na “Musikang Pangritwal ng mga Ibaloy,” na batay sa kaniyang pananaliksik sa Bokod, Benguet noong 1960–1961, tinukoy ni Jose Maceda (1988) ang kahalagahan ng mga katutubong instrumento sa mga ritwal. Ito ay ang mga **gangsá** na **khálsa** at **pínsák**, at ang mahahabang tambol na **sulibáw** at **kímbal**. Ayon kay Maceda, kaugnay ang mga ito sa pagtatanghal ng mga ritwal na may kinalaman sa sosyal at espiritwal na buhay ng mga Ibaloy. Tinukoy din niya ang **pëshit** bilang isa sa mga pinakamalaking seremonya sa buhay ng mga Ibaloy kung saan ang pag-aalay sa mga baboy ay sinasamahan ng pagtatanghal ng mga musiko at mananayaw. Binanggit din niya ang **bâdiw**, isang anyo ng awit, bilang paraan ng paglalabas ng saloobin ng mga may estado sa komunidad. Gamit nila ito upang pagpugayan ang nagsasagawa ng ritwal. Kinilala ni Maceda na ang mga ritwal at seremonya ay magastos at madalang upang masandalan na paraan ng pagpása ng kaugnay na kaalaman sa kabataan. (p. 13)

Ipinaliwanag din ni Afable (2000) ang pangkulturang kahulugan ng awit na **bâdiw** sa mga Ibaloy at sa iba pang pangkat na gumagawa nito tulad ng mga Kalanguya. Tinukoy niya ang **bâdiw** bilang isang “labis na de-kahong pampublikong paraan ng pakikipagtalastasan na may kinalaman sa pagpasa at pagpapalaganap ng katutubong otoridad” (p. 34). Sa mga **bâdiw**, ayon kay Afable, naihayag ang pagkabahala sa paglalaho ng kinagisnan at pagsusumamo para sa pagpapanatili ng mga kaugalian. Pinansin din niya ang mistulang kakulangan ng interes sa mga pansariling kasaysayan na naihayag sa **bâdiw** kundi nakatuon lamang ang mga **bâdiw** sa pampubliko at nakasanayang pagkakakilanlan, at sa kahalagahan sa grupo ng mga pangyayari. (p. 34)

Sa pamamagitan ng *genealogies*, ipinakita naman nina Bagamaspad at Hamada-Pawid (1985), kasama ang iba pang katutubo sa timog Cordillera, na ang mga ninuno ng mga Ibaloy ay nanggaling sa mga lugar ng mga Kalanguya sa bandang Tinëk ng timog Ifugao, at sa mga pamayanang Kankanáëy sa hilagang Benguet.

Ipinaliwang ni Afable (2011) na ang pagsasalamuhang ito ay dahil sa gintong matatagpuan sa Benguet. Sinabi niyang ang paglawak ng mga palayan sa mga gilid ng ilog ay dahil sa pangangalap ng ginto.

Galing sa hilaga ang teknolohiya ng paggawa ng taniman ng mga palay na nangangailangan ng tubig. Tagahilaga ang mga eksperto sa pagtutuping at paggawa ng mga hagdang-hagdang palayan, mga nagsasalita ng Kankanáëy at Kalanguya. Dumating sila sa itaas ng Ilog Agno at sa mga lambak ng Amburayan upang maghanap ng sahurang trabaho.” (w.p.)

Dagdag pa ni Afable na nauna ang Kabayan na nagkaroon ng mga palayan dahil sa deposito ng ginto sa lugar at sa lokasyon nito sa may simulan ng Agno. Batay pa rin sa mga pampamilyang kasaysayan, nakipag-asawa ang mga Ibaloy sa mga dayong ito kahit na noong unang panahon ay kaaway ang turing sa mga ito.

Ayon pa kay Afable, binago ng pagdami ng ari-ariang baka, ginto, at palayan ang mga relasyong sosyal, espiritwal, at seremonyal sa pamayanang Ibaloy. Kinikilala nilang ang kanilang mga patay nang ninuno ang bukal ng kanilang prosperidad at kagalingan. Dahil dito, hindi dapat nilang pinababayaang at ginagalit ang mga ninuno. Kailangan din nilang nakikipag-ugnayan sa mga yumaong ninuno. Ito umano ang dahilan ng pangangailangang mag-alaga ng mga manok at baboy, mga nakagisnang pang-alay. Sinabi ni Afable na walang pagkatay ng mga hayop na hindi iniaalay sa mga yumao.

Ang *National Commission for Culture and the Arts* ay naglathala ng serye ng mga libro na pinamagatang *Katutubo: Profiles of Philippine Communities*. Ito ay naglalayong tumalakay sa iba't ibang kultural na komunidad. Parte ng seryeng ito ang monograp ni Rosalyn Fianza White, ang *Ibaloy of Benguet*. Paksa ng monograp na ang kultura at lipunan ng mga Ibaloy ng Benguet. Tinalakay ang pitóng aspekto ng kanilang lipunan at kultura. Ang kanilang heograpiya, kasaysayan ng pinagmulan bilang grupo ng mga tao, materyal na kultura, ekonomiko, politikal, at panlipunang pag-oorganisa, ang kanilang relihiyon at mga paniniwala, at ang iba't ibang klase ng sining na mayroon sila. Ang hulíng paksang tinalakay ng monograp ay ang kanilang kontemporaneo o kasalukuyang pamumuhay. Mapapansin na ang pagtalakay ng mga aspekto ng kanilang lipunan ay nakapokus sa tradisyonal na kaugalian. Ang pagtalakay ng kanilang kontemporaneong buhay at pamamaraan ay pagtalakay ng mga isyu at mga suliraning kinahaharap ng kanilang tradisyonal na kultura at lipunan.

Una sa tinalakay na aspekto ng lipunang Ibaloy ay ang heograpiya ng pook na kanilang inookupa at pangkalahatang detalye tungkol sa kasaysayan at pamamaraan ng kanilang komunidad. Maliban sa mga lugar sa Benguet na kanilang inokupa, ipinaliwanag din kung paano sila napunta sa mga lugar na ito. Espesipikong binanggit ang probinsya ng Kabayan bilang *seat of Ibaloy culture* dahil sa mga ebidensiya na nagpapatunay na ang pook na ito ang pinagmulan ng grupong Ibaloy. Ebidensiya ang mga nahanap na embalsamadong mga bangkay o mummy na ang Kabayan nga ay ang “seat of Ibaloy civilization.” Kasama din sa parte ng librong ito ang diskusyon ukol sa kasuotan, aksesorya, at iba pang mga palamuti sa katawan ng mga Ibaloy. Ipinaliwanag nito ang kasaysayan at kabuluhan sa komunidad. Sa diskusyon ukol sa mga palamuti sa katawan o *adornments*, sinabi ni White na pansin na mas mahalaga ang mga ritwal kaysa sa mga materyal na bagay na ito. Itinuturong dahilan ang pagpapahalaga ng mga Ibaloy sa pagpuri at pagrespeto sa kanilang mga ninuno’t mga diyos upang makasama sila sa Pulag, kung saan namamalagi ang mga espiritu’t nilalalang na mga ito.

Maliban sa mga aksesorya't mga palamuti, ang pangalawang aspekto ng lipunan na nabanggit sa monograp ay tumatalakay sa materyal na kultura ng mga Ibaloy ng Benguet. Tampok sa diskusyong ito ang mga kabahayan, mga pang-araw-araw na gamit, at ang mga gamit at impormasyon ukol sa pagluto't pagpreserba ng kanilang mga pagkain. Hindi lamang tinalakay ng sanaysay na ito ang estruktura at materyales na ginagamit sa paggawa ng mga bahay, ipinaliwanag din kung ano ang kabuluhan nito sa lipunan ng mga Ibaloy. Ipinapakita na simple at praktikal ang mga gamit pambahay. Pinuna ng awtor na sa paglipas ng panahon, ang tradisyonal na pamamaraan at paggawa ng mga bahay ay hindi na masyadong sinusunod ng mga Ibaloy sa kasalukuyan. Isinama sa diskusyong ito ang kultura ng pagluto at pagpreserba ng pagkain. Tinalakay dito ang tradisyonal na ginagamit at pamamaraan ng pagluluto ng mga putaheng Ibaloy. Nabanggit din ang mga ginagamit na sangkap at kasangkapan at proseso ng paggawa ng tradisyonal na alak gawa sa bigas.

Sunod na tinalakay ang mga ekonomikal na gawain ng mga Ibaloy. Nabanggit ang pitóng tradisyonal na hanapbuhay ng grupong ito. Unang tinalakay ang makasaysayang *barter system* na sistema ng kalakal ng mga Ibaloy. Ito ay sistema kung saan nakikipagpalitan ng produkto ang mga Ibaloy sa mga karatig na komunidad. Ang pagsasaka at pagtatanim ng iba't ibang pananim ay isa rin sa mga pangunahing hanapbuhay ng mga Ibaloy. Tinalakay ang mga kagamitan na ginagamit sa proseso ng pagtatanim pati na ang lahat ng bagay na ginagamit sa pagdadala nito sa mga kabahayan. Ang pangingsida ay isa din sa mga ekonomikal na aktibidad ng mga Ibaloy. Tinalakay ang tradisyonal na pamamaraan at kagamitan na ginagamit sa aktibidad na ito. Binanggit din ang paghahabi at paggawa at paghulma ng mga banga at iba pang kagamitan gamit ang putik. Nasabi na ito ay impluwensiya ng mga komunidad na kanilang nakasalamuha. Bago pa man pumasok ang mga dayuhan at malalaking kompanya, ang mga Ibaloy ay may sariling tradisyonal na pamamaraan ng pagmimina ng ginto. Paglipas ng panahon ay makikita pa rin ang ibang mga Ibaloy na pagmimina ang hanapbuhay bilang empleyado ng mga malalaking kompanya. Ang huling ekonomikal na aktibidad na pinaksa ay ang pag-alaga at pagpapalaki ng mga baka. Aminado ang awtor na marami nang mga Ibaloy na iba ang napiling hanapbuhay.

Sa pagtalakay ng mga aspekto ng lipunang Ibaloy, ang sosyal pag-oorganisa at pagsaayos ng kanilang komunidad ay isa sa mga importanteng paksa. Tinalakay dito ang relasyon ng mag-asawa, ng mag-asawa sa kanilang mga pamilya't kamag-anak, ang mga tungkulin at reponsabilidad ng mga miyembro ng pamilya, ang relasyon sa mga ninuno, at mga kaganapan na may kinalaman sa mga relasyon sa loob ng komunidad. Nabanggit ang mga ekspektasyon sa mga bagong kasal, gaya ng kung saan sila maninirahan bilang mag-asawa. Tinalakay din ang mga mga relasyon sa loob ng pamilya at sa mga kamag-anak. Kasama din ang diskusyon ng bawat reponsabilidad at naatasang tungkulin ng bawat miyembro ng pamilya. Kasama din sa usaping ito ang mga kaganapan kung saan ipinagdiriwang ang bawat pagbabago na nangyayari sa mga buhay ng bawat miyembro ng komunidad. Ipinagdiriwang ang mga bagay gaya ng panganganak, kasal, magandang ani, tagumpay sa digmaan o sa hanapbuhay. Ang mga

kaganapan ding ito ay isinasagawa upang malunasan ang mga sakít, isaayos ang mga kamalasan, at paggalang sa mga patay. Sa ganitong mga pagdiriwang at okasyon, makikita na kasama ang buong komunidad sa pagsasagawa. Mula sa maliliit na inter-aksiyon gaya ng simpleng pagdalo ng mga kapitbahay hanggang sa pagpartisipa ng mga kamag-anak ng pamilyang nagsasagawa ng mga ritual. Kasama din sa pagtalakay ng mga sosyal na kaganapan ang mga sosyal na inter-aksiyon gaya ng pagtulong ng komunidad sa paggawa ng bahay para sa kanilang kapuwa at mga karera ng kabayo. Nabanggit din ang pagsasagawa ng **peshit** o isang ritwal at pagdiriwang na isinasagawa ng mga **baknang** o mga mayayamang uri ng lipunang Ibaloy. Ang ritwal na ito ay sumisimbolo ng karangyaan at katanyagan ng isang pamilya sa kanilang lipunan.

Sunod na tinalakay ang tradisyonal na estruktura ng politikal na sistema ng lipunang Ibaloy. Pinaksa ang mga tradisyonal na namumuno at ang kanilang mga tungkulin, mga nakaugaliang mga batas, at mga institusyong naatasang magresolba ng mga di-pagkakaintindihan sa komunidad. Tatlong uri ng politikal na lider ang mayroon sa lipunang Ibaloy: ang mga **baknáng** (mayayamang uri), ang konseho ng mga **kaamáan** (mga matatandang miyembro ng komunidad), at ang mga **mambunóng/mansíp-ok/mankútom** (mga nagsisilbing tagapangasiwa ng mga paniniwala't kaugalian ng grupo). Ang mga namumunong mga uri na ito ay may sari-sariling tungkulin at responsabilidad sa komunidad. Ang mga batas na umiiral sa lipunang Ibaloy ay nakabase sa tradisyon at kaugalian. Ito ay mga di-naisusulat na mga batas na napagkasunduan noon pa man at isinasalin sa bawat henerasyon. Ang mga batas ukol sa pag-aasawa at pagsasaka ay nabanggit sa diskusyong ito. Tinalakay din ang institusyon na may tungkuling ayusin at desisyunan ang mga di-pagkakaunawaan sa komunidad. Sa salaysay na ito, napag-usapan ang proseso ng pagdedesisyon at ang mga pananaw ng mga Ibaloy sa hustisya.

Sa pagtalakay ng iba pang aspekto ng lipunang Ibaloy, nababanggit ang kanilang mga paniniwala at pananaw. Ang usapin ukol sa kanilang relihiyon ay mabusisi at ekstensibo sa monograp na ito. Natalakay ang kanilang pananaw sa pagkakaagawa at pagkakaayos ng mundong ginagalawan nila, ang mga kagila-gilalas at mga banal na nilalang na kanilang pinaniniwalaan, at ang mga ritwal na kanilang isinasagawa para sa iba't ibang rason. Naniniwala ang mga Ibaloy ng Benguet sa isang banal na nilalang na gumawa sa mundo at patuloy na ginagabayan ang mga Ibaloy. Naniniwala din sila sa iba't ibang diyos at diyosa na naninirahan sa kalangitan at dito sa lupa. Ang mga yamang lupa at mga iba pang bagay gaya ng buwan at araw ay pinaniniwalaang pagmamay-ari at binabantayan ng iba't ibang mga diyos at diyosa. Naniniwala din ang mga Ibaloy na ang espiritu ng kanilang mga ninuno at namamatay na kamag-anak ay nakakapaglakbay sa langit at dito sa lupa. May iba't ibang tradisyonal na proseso at pangalan ang mga ritwal na isinasagawa ng grupo. Ang mga Ibaloy ay may ritwal para sa kapanganakan, kasal, pagkamatay at libing, para sa agrikultural na aktibidad, pasasalamat, at panggagamot.

Sa pagtalakay ng kultura at mga tradisyon ng mga Ibaloy, hindi mawawala ang kanilang iba't ibang anyo ng sining. Ang kanilang tradisyonal na kasuotan, estruktura ng bahay, at disenyo ng kanilang mga muwebles at iba pang kagamitan ay itinuturing na kasama sa kanilang sining. Ang kanilang mga sayaw, musika, at mga instrumentong pangmusika ay pinaksa din. Tinalakay ang tradisyonal na mga kasangkapang ginagamit, kung paano ito ginagawa, at ang kabuluhan ng pagsasagawa nito sa komunidad. Ang pagta-tatoo o **batëk**, permanenteng pagpinta sa katawan, at ang pagdisenyo ng pag-uukit sa mga kabaong ng mga namamatay ay isinama din ng monograp bilang sining ng mga Ibaloy. Nabanggit din sa usapan na ito ukol sa sining ang mga dalubhasa at mga matatandang nagsilbing batis ng kaalaman para sa monograp na ito.

Ang huling paksang tinalakay sa monograp na ito ay ang kontemporaneong lagay ng lipunang Ibaloy. Natalakay sa bawat usapin ng mga aspekto ng lipunang Ibaloy ang mga kasalukuyang sistema at pagsasalin ng mga kaugaliang ito. Sa seksiyong ito, pokus ang mga kasalukuyang problema na hinaharap ng mga Ibaloy. Tatlong pangunahing problema ang tinalakay sa parte ng monograp na ito. Ang unang problema na nakikita ng awtor ay ang kawalan ng interes ng kabaatan sa mga tradisyon at kaugalian na nagdudulot ng problema sa pagsasalin ng kultura. Dahil sa paglitaw ng mga makabagong institusyon gaya ng edukasyon at iba pang relihiyon, hindi na naging priyoridad ang pagpapatuloy ng tradisyon. Isa pang nakitang kasalukuyang problema ay ang pagbalanse sa kagustuhang tumanggap ng mga turista upang maibahagi sa kanila ang kulutura ng mga Ibaloy, at ang pagpreserba ng mga kultural na *artifact* at mairespeto ang mga komunidad at ang kanilang kultura. Ang panghuling pangunahing problema ay ang pagkasira at tuluyang pagbabago ng kalikasan at kapaligiran. Ang pagkakasira ng kapaligiran ng mga Ibaloy ay may epekto sa pagpapatuloy ng kanilang mga kaugalian. Nabanggit din ang iba pang problemang hinaharap ng mga Ibaloy gaya ng paghawak ng masama at ignoranteng imahen ng ibang tao sa mga Ibaloy at pati na rin sa mga Igorot.

Ang monograp na ito ay naglalayong magbigay ng komprehensibong pagsasalaysay at pagsusuri sa lipunan ng mga Ibaloy sa Benguet. Nagbibigay ito ng malawak na diskusyon sa bawat aspekto at paksa na tinalakay nito. Ang pagdedetalye nito sa mga partikular na bagay gaya na lamang sa mga pangalan ng iba't ibang katawagan mula sa mga uri ng tao hanggang sa mga iba't ibang ritwal at mga kagamitang ginagamit sa pang-araw-araw at sa mga espesyal na okasyon. Pansin ang adbokasiya ng tuluyang pagsalin at hindi pagkalimot sa mga tradisyon at kaugaliang ito sapagkat ito ay kultura na kung saan nakaangkla ang identidad ng mga Ibaloy.

Metodolohiya ng Saliksik

Isinakatuparan ang saliksik na ito gamit ang pagtatanong-tanong sa mga indibidwal at grupo, pagmamasid, at pakikisalamuha. Gumamit din ng kamera para sa pagdodokumento sa lugar ng mga nakausap, mga tao, at mga natagpuang mga aktibidad sa mga lugar na napuntahan. Gumamit din ng *video camera* para sa rekording ng listahan ng mga salita.

Saklaw at Limitasyon

Pagkatapos ng mahabang proseso ng pagkuha ng permiso mula sa mga komunidad na pinangasiwaan ng mga kawani ng *National Commission on Indigenous Peoples* (Cordillera), isinagawa ang pagbisita at pangangalap ng mga datos mulang Setyembre 2018 hanggang Marso 2019. Karamihan sa mga datos ay nakalap sa mga barangay ng Bineng, La Trinidad at Tublay Central, Tublay sa lalawigan ng Benguet. Higit sa 90% sa mga naninirahan sa dalawang barangay ay mga Ibaloy, at nagsasalita ng Ibaloy. Ang varayti ng Ibaloy na sinasalita sa dalawang bayan ay may tunog na SH at V/F, na mas malaking varayti ng Ibaloy kompara sa mga may tunog TS at B. Ang dalawang pares ng tunog na ito ang naghahati sa klase ng wikang Ibaloy. Mahahalata ito sa mga nakalap na salita na naisama sa manuskrito.

Topograpiya

Sa mga magkakatabíng bayan sa timog na bahagi ng lalawigan ng Benguet, kasáma na ang Baguio, nanirahan ang karamihan ng mga Ibaloy. Ang Benguet naman ang pinakatimog na bahagi ng Cordillera. **Shunshuntóg** o mabundok ang lugar na unang nakilala ng mga mananakop na Kastila at Amerikano dahil sa mga ginto. Sa mga bayang ito matatagpuan ang malalaking kompanya ng mina na Benguet Corporation at Philex Mining Corporation. Sa gitna naman ng mga bundok ay tumatagos ang mga ilog. Ang ilan sa mga ito ay nagtitipon-tipon at naging mga dam ng Ambuklao, Binga, at San Roque. Sa kabilâng timog-kanluran, matatagpuan ang mga ugat ng Ilog Amburayan na dumadaloy palabas sa Sudipen, La Union.

Sa gilid ng mga bundok at ilog itinayô ng mga Ibaloy ang kanilang mga **ili** o bayan. Ang mga tabi-tabínging **alaksháng** o lupa at **shëpdás** o bangin ay kanilang pinapatag upang magpatayô ng kanilang mga **avúng/balëy** o bahay at mga **payëw** o palayan at gulayan.

Bineng



Larawan 1. Mga Greenhouse para sa Bulaklak

Isang halimbawa ang Bineng, La Trinidad, Benguet ng komunidad ng mga Ibaloy. Isa sa mga barangay ng bayan ng La Trinidad ang Binëng. Dalawang kilometro ang layo nitó mula sa Barangay Poblacion at walong kilometro mula sa Lungsód Baguio. Pinaliligiran ang Bineng ng Barangay Alno at munisipalidad ng Tublay sa hilaga, munisipalidad ng Sablan sa kanluran, mga barangay ng Wangal at Poblacion sa timog, at mga barangay ng Alno at Alapang sa silangan. Ang topograpiya ng Bineng ang pinakamababà sa buong La Trininidad. Ito ay mahigit 500 metro sa antas ng dagat

kompara sa 1,540 metro na taas mula sa dagat ng Lungsod Baguio. Bulubundukin at maraming bangin ang natural na topograpiya ng Bineng.

Kapansin-pansin sa lugar ang mga *greenhouse* na ginagamit sa pagtanim ng mga bulaklak tulad ng *malaysian mums* at rosas. Dáting mga palayan at gulayan ang mga bukid na ito. Gumaganda ang búhay ng mga taga-Bineng dahil sa kíta nila sa pagtitinda ng bulaklak sa Baguio at Maynila. May mahigit 1,000 tao ang nakatirá sa barangay.



Larawan 2. Mga Palayan, Gulayan, at Greenhouse ng mga Bulaklak sa Bineng

Makikíta sa kanlurang bahagi (foreground) ng Bineng ang mga palayan at gulayan. Halos katabi lamang ng mga bahay ang mga bukid at gulayan. Beans ang mga nasa kamang umaakyat sa mga nakatirik na runo na kinukuha sa mga gubat. Mapapansin din sa mga bundok ang nakapaligid na gubat kung saan naroon ang mga bukal na pinanggagalingan ng mga tubig.

Mapapansing mas nangingibabaw ang mga *greenhouse* ng mga bulaklak kaysa sa mga bahay ng mga taga-Bineng. Makikita rin ang mga punong píno sa ilang bahagi ng barangay. Dalawang matatarik na kalsada mula sa itaas na bahagi ang pumapasok sa magkabilang dulo ng barangay. Halos sementado ang mga masikip na kalsada. Marami na ring taga-Bineng ang may pribadong sasakyan at trak dahil sa negosyo sa bulaklak.



Larawan 3. Halo-halong Bahay, Greenhouse, at Hardin sa Bineng

Ang karaniwang transportasyon ng mga taga-Bineng ay mga pribadong motorsiklo at sasakyan at iilang pampublikong jeepney. Dumadaan ito sa makitid na mga kalsadang ginawa sa mga bangin. Maaari ding sumakay sa ibang mga sasakyan. Dahil sa layo ng Bineng sa sentro—ang Baguio, at kakaunti ang pampublikong sasakyan, nakasanayan na ng mga taga-Bineng na makisakay kahit sa mga pribadong sasakyan tuwing pupunta sa sentro. Maaaring pumasok sa Bineng mula silangan, sa likod ng kapitolyo ng probinsiya ng Benguet o mula kanluran sa Buyagan, La Trinidad.

Mayroong 16 na sitio ang Bineng: Alunit, Aminit, Bacca, Balangabang, Bodiweng (Bodiwëng), Botilao, Central Bineng, Cojuran, Corus, Hilltop, Japos, Kagiskis, Nawal, Nyuno, Shalushan, at Suwi. Dalawang **pâdók** o ilog—ang Ilog Gayasi at Ilog Danao—ang dumadaloy sa Sitio Japos. Dumadaan din ang Ilog Balili na mulang Baguio sa hangganan ng Bineng, Alno, at Alapang patungong Tublay. Maliban dito, mayroong ilang mga anyong-tubig sa Bineng, na karaniwang maragasa tuwing tag-ulan. Dahil dito, ang palasak na kabuhayan sa Bineng hanggang ngayon ang pagsasáka at pagtanim ng mga gulay at bulaklak.

Ayon sa isang alamat, isang matandang babae ang dumaan sa Bineng na may hawak na bulaklak. Hindi siya kumain nang tawagin siya, sa halip ay humingi lang ng sigarilyo. Nang matapos ang pangyayaring iyon, bigla na lang namulaklak ang paligid.

Tublay Central

Ang Tublay Central, Tublay, Benguet ay isa ring halimbawa ng pamayanang Ibaloy. Isa sa walong barangay ng bayan ng Tublay ang Barangay Tublay Central na katabí ng La Trinidad. Halos nása gitna ito ng bayan. Tinatáyang 25 kilometro ang layo

ng barangay mula sa Lungsod Baguio. Halos 609 ektarya ang lawak ng barangay. May populasyon itong 1,036 na nahahati sa 279 na pamilya (2018)—ang pinakakaunti sa buong bayan. Karamihan sa lupa ng barangay ay ginagamit sa agrikultura, pagtatanim ng palay at gulay. Nása barangay ang isa sa mga pinakalumang paaralang elementarya ng bayan. Mayroon itong Gabaldon-type na gusali na ginagamit hanggang ngayon. Mayroon na ring hay-iskul sa barangay. Sa lugar nanggaling ang angkan ng mga Cariño na naging kilala at isa sa mga unang pamilya sa Lungsod Baguio. Dito rin ipinanganak ang iba pang sumunod na pinuno sa Benguet.

Mabundok ang bayan ng Tublay dahil bahagi ito ng timog Cordillera. Dinadaan ang bayan at barangay ng mga kalsadang tumatagos sa mga bangin, tulad ng Halsema Highway at Acop-Tublay-Kapangan-Kibungan Road na pinangalanan ngayong Gov. Bado Dangwa National Road. Mapapansin ang kalát-kalát at magkakalayong bahay sa lugar—isang katangian ng mga tradisyonal na pamayanang Ibaloy. Nása gilid ng mga mababàng ilog ang mga palayan at gulayan. Matatanaw naman sa gilid ng mga bundok ang iba pang sakahan na inaabot ng mga irigasyon at *plastic hose*. Ito ang pumalit sa mga dáting **taróy** o mga kawayang túbo ng tubig.



Larawan 4. Bahagi ng Tublay Central

Kaaani lang ng mga palay sa mga bukirin na ito. Mapapansin din ang kalát-kalát na bahay sa lugar—isang katangian ng lipunang Ibaloy. Ngunit maaaring magkakamag-anak ang mga nakatirá sa mga malalayong bahay. Mayroon ding kasaysayan ng pag-aalaga ng mga báka sa lugar na ito. Kayâ kailangan ang mga malalawak na lupain para sa mga báka.



Larawan 5. Lokasyon ng Paaralan sa Tublay Central

Ang magkaharap na kampus ng Tublay Central Elementary School at Tublay School of Home Industries Extension. Mapapansin din ang paggamit ng mga net bílang pantaklob sa mga gulayan. Yero ang karaniwang gámit sa bubong ng mga Ibaloy.



Larawan 6. Mga Palayan ng Tublay

Dahil mas mababà ang ilog kaysa sa mga bukirin, kailangan ng irigasyon upang makapagtanim tuwing tag-araw sa lugar. Mapapansin din ang pagsemento sa mga gilid ng ilog upang maiwasan ang pagguho ng mga palayan at gulayan sa gilid ng mga ilog.



Larawan 7. Mga Bundok at Gubat sa Tublay

Sanay na ang mga tao sa pag-akyat at pagbabâ sa mga bundok. Sanay na rin ang mga batà na maglakad papasók sa paaralan. Paulit-ulit din ang mga kampanya hinggil sa pag-aalaga sa kapaligiran; hindi pagsunog sa mga gubat; at pagtanim ng mga kahoy. Noon, ang lahat ng mga kailangan sa paggawa ng bahay-kubo ay gáling sa kapaligiran.



Larawan 8. Mga Punò sa Tublay

Karamihang pino ang mga punò sa mga bundok ng Tublay. Mapapansin na tumutubo ang niyog sa lugar na ito kahit na bulubundukin. Ibig sabihin ay malapit ito sa antas ng kapatagan. Napakainit ng lugar sa tag-araw.

Demograpiya

Sa Community Based Management System (2015) ng La Trinidad, ang Bineng ay mayroong kabuoang populasyong na 1,106. Mabilis ang paglaki ng populasyon ng Bineng sapagkat sa State of Barangay Governance Report (2018) ng Bineng, ang barangay ay mayroon nang kabuoang populasyon na 2,111 na binubuo ng 1,055 na lalaki at 890 na babae.

Ang etnisidad ng mayorya sa Bineng ay Ibaloy. Dahil dito, karamihan ng mga naninirahan sa Barangay Bineng ay itinuturing ang kanilang mga sarili bilang Ibaloy. Subalit, mayroon ding mga indibidwal na Bontok, Tinguian, Ilokano, galing sa Ifugao, at iba pa na nakapangasawa ng mga taga-Bineng at doon na **naikámang** o nanirahan. Ayon kay Editha Guzman, maraming mga Ibaloy sa Bineng ang hindi itinuturing ang sariling purong Ibaloy. Dahil maaring mayroon silang ninunong mula sa ibang pangkat o lipi bunsod ng *intermarriage*. Gayunman, itinuturing pa rin nila ang kanilang mga sarili bilang Ibaloy.

Ayon kina Pendon Thompson at Editha Garcia, ang pangalang **bineng** ay nagmula kay Apo Anno—isang kilalang mangangaso noong unang panahon. Sa kaniyang paghahabol sa isang malaking **mahagwás** o usa, siya ay napadpad sa isang masukal na **ëlkát** o gubat. Tumigil ang usa sa paanan ng gubat kung saan mayroong **tëbtëb** o bukal at dito na ito nahuli ni Apo Anno. Dahil ang bukal ay maputik at dito sumasalo ang tubig mula sa iba't ibang katawang-tubig, inilarawan ni Apo Anno ang lugar na ito na nabinneng sa kaniyang mga kuwento, hanggang sa ang buong lugar ay nakilala bilang Bineng.

PAGKAKAKILANLAN NG PANGKAT

Identidad ng Pangkat

Karaniwang Igorot ang tawag ng mga tagalabas sa mga Ibaloy katulad ng maraming grupo ng mga tao sa Cordillera. Ang ganitong pagkakatilanlan sa mga Ibaloy sa Bineng at Tublay ay kanilang tanggap at maging sila minsan ay ipinakikilala rin ang sarili bilang Igorot. Ayon kay Editha Guzman, walang isyu para sa kaniya ang matawag na Igorot sapagkat ito ay matagal nang termino na tanggap na ng mga Ibaloy. Ngunit sa kanilang wika, ang Igorot ay Igodot. Kung lugar naman ang batayan ng pagkakatilanlan, ang mga taga-Bineng ay i-Bineng o i-Trinidad. I-Tubday naman ang mga taga-Tublay. Ibadóy o Ibaloy naman ang tawag nila sa kanilang wika. Maláy ang maraming Ibaloy na may pagkakatulad sa salita o bokabularyo at tunog ang wikang

Ibalóy sa wikang Pangasinan. Laganap nga ang biro na nahulog daw ang ilang mga Ibalóy sa bangin at sila ay naging Pangasinanense.

Lokasyon at Distribusyon

Ang tirahan ng mga Ibaloy sa Bineng ay karaniwang matatagpuan sa lambak. Ayon kay Editha Guzman (2019), mas pinipili ng mga Ibaloy na tumirá sa **shëkdan** o kapatagang bahagi kaysa sa **pawáy** o lugar na matataas at madamo sa gulod ng mga bundok. Ang **pawáy** naman ang mas pinipili ng ibang pangkat kagaya ng Kankanaëy. Sa ngayon, mapapansing ang mga **balëy** o tiráhan ng Ibaloy ay inilalapit sa mga kalsada. Karaniwang walang bakod ang mga tiráhan ngunit mayroon silang malalawak na **búdayan** o bakuran at malápit sa taniman o guayan. Ang mga bahay din ay karaniwang napapalibutan ng mga taniman ng kape, **pising** o gábi, **balát** o saging, sayote, bayabas, at iba pang mga tanim na madalíng maitanim. Samantala, maliban sa mga garden (gáling sa salitang Ingles na garden), ang mga tao rin ay may **payëw** o taníman ng **pagëy** o palay, at uma o taníman ng **dúkto** o kamote.

Ang mga tiráhan ng mga Ibaloy ngayon ay karaniwang kombinasyon ng bago at tradisyonal na materyales—malimit na mayroong dalawang palapag ang mga tirahan. Ang unang palapag ay karaniwang yari na sa konkreto habang ang pangalawang palapag ay yari pa rin sa **kiyëw** o kahoy at **sisím/ësíim** o yero. Sa 2015 CBMS ng La Trinidad, itinuturing na dekalidad ang mga materyal na ginamit sa paggawa ng mga tiráhan sa Bineng.

Bílang mga modernisadong tiráhan na nagsimulang nagbago noong mga 1960, marami na sa mga bahay sa Bineng ang mayroong palikuran sa loob. Ngunit, pinananatili pa rin nila ang mga **kasiljás** o mga tradisyonal na palikuran sa labas ng bahay na yari na sa konkreto. Maliban sa **kasiljás**, isa ring tradisyonal na edipisyo na nanatili ngayon sa mga tahanang Ibaloy ay ang kusina sa labas kung saan karaniwang pinauusukan ang **khinúday** o karneng nakonserba gámit ang pagpapausok; at iniluluto ang mga pagkain ng baboy, aso, at iba pang domestikadong hayop. Ang ibang mga mas tradisyonal na pamilya ay nagsasabit din ng mga **pangál** o bungo ng hayop na inialay sa mga nagdaang ritwal. Kasáma sa mga nakasabit sa mga bahay ang **uwík** o matulis na kahoy na itinusok sa bahaging puso ng kinatay na baboy na kadalasang mula sa sanga ng bayabas.

Kaligirang Etnolingguwistiko

Bawat komunidad ng mga Ibalóy ay may matutukoy na mga unang nanáhan. Ayon kay Pendon Thompson, ang unang nanirahan sa Bineng ay si Mohiyat at ang kaniyang mga anak. Si Mohiyat ay isang Ibalóy na nagkaroon ng ilang asawa at maraming anak. Lumipat siya sa Bineng mula sa lugar na ngayon ay tinatawag na Wangal, isa ring barangay ng La Trinidad, dahil naghahanap siya ng magandang lupang mapagtataniman. Karamihan ng mga matagal nang nakatira sa Bineng ay mula sa

kaniyang angkan. Maliban dito, ang patuloy na paglaki ng populasyon ng Bineng ay dahil sa *intermarriage* at paninirahan ng mga bagong kasal sa Bineng. Ang salitang Ibaloy na **naikamang** ang tawag sa asawa na lumipat sa lugar ng kaniyang kabiyak. Noon, ang tawag ng mga tao sa kanila ay Ipugaw o mula sa mga ibang lugar. Gayundin, mayroong mga taga-Bineng na lumipat sa ibang lugar.

SITWASYONG PANGWIKA

Kalagayan ng Ibaloy

Napakalápit ng Bineng sa sentro ng La Trinidad kung nasaan ang mga palengke at negosyo. Sa sentrong ito, maraming mga wika ang maririnig ngunit Ilokano ang karaniwang gámit sa pakikipag-usap at sa pamimili. Dumarami na rin ang gumagamit ng Filipino. Ayon kina Abelou Beray, ang gurong tagapamuno sa elementarya sa Sitio Bodiweng; at Gelmer Moyao, ang pinuno ng PTA, ang karaniwang wika ng mga batà sa bahay ay Ilokano. Sinuportahan din ito nina Crispina Coperò at Rosalina Walang, na parehong sinabi na Ilokano ang wikang itinuturo at ginagamit nila kapag kausap ang kanilang mga anak at apo. Dahil dito, ayon kay Beray, ang wikang ginagamit sa pagtuturo ng mga batà ng nása baitang 1–3 ay Ilokano. Sapagkat maliban sa hindi gamay ng mga batà, ang mga guro din ay hindi kabesado ang wikang Ibaloy. Maaari ding ang guro ay mula sa ibang lugar o maaaring gáling sa sentro kagaya ng Barangay Poblacion kung saan ang lingua franca ay Ilokano. Sa kabila nitó, mayroon namang paisa-isang mga kasabihan at salita sa Ibaloy na nakapaskil sa mga silid-aralan sa barangay. Ayon din kay Pendon Thompson, karaniwang mas pinipili ng mga magulang na ituro ang Ilokano at Ingles sa kanilang mga anak dahil sa kadahilanang pang-ekonomiya at pang-edukasyon.

Gayunpaman, ayon kina Beray at Moyao, ang pinaghalong wikang Ibaloy at Ilokano ang karaniwang ginagamit nila sa mga púlong ng komunidad. Kayâ naman, kuwento ni Moyao, karaniwang ang unang tanong nila sa umpisa ng mga púlong ay kung mayroong hindi nakakaintindi ng Ibaloy at Ilokano. Kung mayroon man, doon nila gagamitin ang wikang Filipino at Ingles. Subalit hindi ito karaniwan, sapagkat ayon kay Moyao, maging ang mga Bisaya na naninirahan na sa Bineng ay mabilis na natuto ng Ibaloy. Gayundin, ayon kay Coperò, natuto naman ng Ibaloy ang mga batà kagaya ng kanilang mga anak sa kanilang pagtanda, karaniwang sa edad 15 pataas. Ito ay dahil ang wikang ginagamit ng mga matatanda kapag nag-uusap ay Ibaloy, at nararamdaman ng mga batà ang kahalagahan ng pag-aaral nitó.

Batay sa mga mababásang anunsyo at iba pang babasahín na nakapaskil sa iba't ibang lugar, Ingles, Filipino, at Ilokano ang mga wikang gámit sa mga ito. Karaniwang ang katitikan ng mga pagpupulong ay sa wikang Ingles.

Dahil naman sa Mother Tongue-Based Multilingual Education (MTBMLE) ng Kagawaran ng Edukasyon, Ibaloy ang ginagamit na wikang panturo sa Kindergarten hanggang Grade 3 sa Tublay.

Mga Varayti ng Wikang Ibaloy

Ang wikang Ibaloy ay mayroong mga varayti na maaaring makilala sa dalawang batayan. Una ay batay sa heograpikal na lokasyon ng mga tagapagsalita at pangalawa ay batay sa edad ng nagsasalita.

Sa hilagang Benguet, ang mga Ibaloy ng Kapangan, Atok, at Tublay ay malapít sa mga Kankanáëy na marami sa Kibungan, Bakun, at Buguias. Ito ang dahilan kung bakit madalas na ang tono ng mga Ibalóy na nása Atok at Kapangan ay malakas at may pagtaas at pagbaba ng tono na maitutulad sa mga Kankanáëy sa Buguias, Mankayan, Bakun, at Kibungan. Maliban dito, ang mga tao ay gumagamit ng ponemang /ch/ sa halip na /sh/. Halimbawa, ang salitang shiyay /shiyay/ na ang ibig sabihin ay ‘dito’ ay binibigkas na /chiyay/ ng mga nása hilagang Benguet. Maaaring ang tunog na /sh/ at /ts/ ang pinakatampok na naghahati sa mga tagapagsalita ng Ibaloy, at mas marami ang nagpapatunog ng /sh/.

Samantala ang mga Ibalóy ng silangang Benguet gaya ng Sablan ay kapansin-pansin dahil ang intonasyon ng mga salita ay tumataas, bumababa, tumataas muli, at bumababang muli. Madalas ding madalîng mapansin ang mga Ibalóy ng Balluay, Banengbeng, at Bagong ng Sablan dahil marami sa kanila ay malakas ang boses o maliksi ang pagsasalita. Sa gitnang Benguet, gaya ng La Trinidad, ang mga Ibaloy ay gumagamit ng mga ponemang /v/, /h/, at /f/ sa halip na /b/, /k/, at /p/ sa *intervocalic positions* ng mga silaba. Sa mga Ibaloy ng Pico at Puguis ng La Trinidad at ibang bahagi ng Baguio, madalas maririnig ang salitâng /bavoy/, /tafëy/, at /ava/ para sa mga salitâng binibigkas na /baboy/, /tapëy/, at /aba/. Samantala, sa timog Benguet gaya ng Bokod, Itogon, at Tuba, ang mga Ibaloy ay gumagamit ng ponemang /gw/ sa halip na /w/ gaya na lámang ng salitâng /gwatgwat/ na binibigkas na /watwat/ ng ibang mga Ibaloy. May mga tagapagsalita rin na binibigkas ang panlaping /ën-/ na /on-/.

Sa Tublay, napapansin daw nila ang pagkakaiba ng pagsasalita ng Ibaloy batay sa tunog o intonation (ayug), bilis o bagal (man-ináyad), at tono ng mga consonant (sh/ch, kh/g, v/b, s/h). Dahilan daw ito minsan ng paglolokohan o kantiyawan.

Isang nakamamanghang katangian ng mga Ibaloy ay ang kanilang maluwa ng pagtanggap sa mga pabago-bagong baybay ng salitang Ibaloy na maaaring Ibaloi, Ibadoi, Ibadoy, Ivadoy, Ibaloy, at iba pa. Hindi alintana ng karamihan ang mga pagkakaibang ito ngunit para sa mga gurong elementarya, ito ay isang malaking balakid sa paggawa ng mga materyal.

Isang mahalagang batayan ay ang magkaibang edad o henerasyon ng mga tagapagsalita. Sapagkat, halos lahat ng mga nakatatanda ay itinuturing na L1 o unang wika ang Ibaloy samantalang ang mga batà o apó ng mga nakatatanda ay itinuturing na L2 o ikalawang wika ang Ibaloy. Dahil sa pagkakaibang ito, marami sa mga nakatatanda ay mayroong mabilis, madulas, at magaan na paggamit ng mga salitâng Ibaloy. Samantala, marami sa mga nakababatàng henerasyon ay nababagalan, nauutal, at nahihirapang gumamit ng mga salitâ Ibaloy. Ang mga nakababatàng henerasyon ng mga Ibaloy ay maaaring hatiin sa tatlong uri: una, ang mga lumaki sa mga lugar na Ibaloy ang pangunahing salita (L1); pangalawa, ang mga lumaki sa mga lugar na Ilokano (Baguio-Benguet varayti) and pangunahing salita; at pangatlo, ang mga lumaki sa lugar na Ibaloy, Ilokano, at iba pang ethnolingguwistikong pangkat ang mga pangunahing salita. Marami sa mga mas nakababatàng henerasyon sa pangalawa at pangatlong pangkat ang káyang magsalita ng Ibaloy ngunit nakikitaan na sila ng *codeswitching* at *codemixing* ng Ingles at Ilokano. Samantala, ang mga nakababatàng henerasyon ng Ibaloy mula sa unang pangkat ay maaaring ihanay sa pangkat ng kanilang mga magulang na magaling magsalita ng Ibaloy.



Larawan 9. Mag-aaral na mga Ibaloy

Kahit Ilokano ang gámit sa klaseng MTB-MLE sa lugar na ito, mapapansin naman ang paggamit ng wikang Ibaloy sa kasabihang nakapaskil sa silid-aralan . Sinabi ng guro na kinakausap ng mga Ibaloy na mga magulang ang kanilang mga anak sa wikang Ilokano. Ngunit ang mga magulang mismo ay nag-uusap sa Ibaloy. Paliwanag nila na matutuhan din ng mga batà ang Ibaloy paglaki nila. May mga guro din daw na hindi marunong sa wikang Ibaloy. Mapapansin ang paggamit ng ë.



Larawan 10. Mga batang Ibaloy sa Paaralan

Halo-halo ang mga salita na naririnig at natututuhan ng mga batà. Ibaloy ang salita ng kanilang mga magulang; Ilokano ang wika kapag kinakausap sila; at Ilokano, Filipino, at Ingles ang usapan sa paaralan. Filipino at Ingles din ang naririnig/nababasa nila sa telebisyon at ibang midya.



Larawan 11. Lumang Paaralang Kahoy sa Tublay

Ang Tublay Central School ay isa sa mga pinakalumang paaralan sa Benguet kayâ ang gusaling ito ay Gabaldon-type. Dito umano nag-aral ang isang naging gobernador ng Benguet. Malápit din dito ang dáting kabisera ng bayan.



Larawan 12. Paggamit ng \bar{e} sa isang kasabihan sa silid-aralan

Bahagi ng pag-aaral sa klaseng ito ang panonood ng videong Si Pagong at si Matsing. Makikita rin ang isang kasabihan na nakasulat sa wikang Ibaloy at nakapaskil sa ibabaw ng mga bulletin board.



Larawan 13. Paggamit ng bidyo at telebisyon sa pagtuturo



Larawan 14. Panonood ng Video hinggil sa Kuwento ng Matsing at Pagong

ESTRUKTURA NG LIPUNAN

Pamilya

Ang **pamiljá** o pamilya ay *extended* at binubuo ng **tatáng** o tatay, **nanáng** o nanay, mga **aának** o anak, at iba pang mga kamag-anak kagaya ng lolo at lola, mga kapatid ng tatay at nanay, mga pinsan, at mga pamangkin o apo. Ito ang dahilan kung bakit mayroong malapít na relasyon sa pamilya o *close family ties* ang mga miyembro. Mapapansin ang katangiang ito sa mga selebrasyon at mga ritwal na halos lahat ng mga miyembro ng pamilya ay pipiliting dumalo at tumulong sa mga gawain.

Bukod dito, ang Ibaloy na pamilya ay mapag-alalay sa mga bagong kasal na miyembro gayundin sa mga nakatatanda. Mapapansin na ang mga anak at mga apo ay magigiliw at may malalim na pagrespeto sa mga nakatatanda. Dahil sa pagpapahalaga sa pamilya, marami sa mga bagong kasal na Ibaloy ay madalas nakikitira sa tahanan ng mga magulang na minana pa nila sa mga lola at lolo. Kung nais bumukod, ang bagong kasal ay maaring lumipat sa ibang bahay ngunit madalas na ito ay malápít sa tahanan ng mga magulang. Ito ang dahilan kung bakit maraming mga bagong kasal na Ibaloy ang mas minamabuting tumirá kasama ang kanilang nakatatanda.

Ayon pa kay Editha Guzman, ang isang tipikal na Ibalóy na tahanan ay kakikitaan ng mga magulang na hindi hinahayaan magtrabaho ang mga lola at lolo. Bílang respeto, mas minamabuti ng mga anak na sila na lámang ang kumayod upang ang kanilang mga nakatatanda ay magpirmi sa bahay. Ito ang dahilan kung bakit ang mga nakatatanda ay malimit na naiwan sa bahay upang magbantay ng mga apo o magsundo at maghatid ng mga apo sa paaralan.

Ang mga batà o apo naman ay pinapalaking magalang at magiliw sa mga lolo at lola dahil marami sa kanila ang lumaki kasama ang mga nakatatanda. Kadalasan, ang mga batà ay dumederetso sa bahay pagkagaling sa paaralan. Subalit, mayroon ding mga batà na dumederetso sa mga *computer shop* upang maglibang. Ang kabataang henerasyon na nakatirá malpit sa mga siyudad ay maaaring hatiin sa tatlong pangkat: una, ang kabataang Ibaloy na marunong sa mga gawaing bahay mula sa murang edad; pangalawa, ang kabataang Ibaloy na magaling sa mga larong kompyuter at bihasa sa teknolohiyang dihital dahil sa mga gadyet, internet, at telebisyon; at pangatlo, ang kabataang Ibalóy na káyang balansehin ang oras sa mga gawaing bahay at sa mga kompyuter, internet, at telebisyon.

Kung ang mga nakatatanda ay nása bahay at ang mga bata ay nasa paaralan, ang mga magulang naman ay inaasahang kumakayod para sa pamilya. Ang mga karaniwang trabaho ng mga magulang ay maaaring mga gawaing opisina, pagtanim at pagtitinda ng gulay, prutas at halaman, mga *online tutor* o pagtuturo ng Ingles sa mga mag-aaral gámit ang kompiyuter at marami pang iba.

Marami din sa mga magulang ang may mahigit sa isang trabaho upang magkaroon ng dagdag na kíta. Bukod sa kanilang trabaho sa opisina, may mga magulang na mayroong mga lupain na kanilang tinataniman ng mga gulay, prutas, bulaklak, at halaman. Likás sa maraming mga Ibaloy ang pagtanim sa kanilang **bûd-yan** o bakuran.

Bukod dito, marami rin sa mga Ibaloy ang lumilipat sa ibang mga lugar upang **man-óbda** or magtrabaho. Ang ilan sa mga Ibaloy na OFW ay nagpapadalá ng pera sa kanilang mga pamilya sa Pilipinas. Sa mga pamilyang ito, ang naiwang asawa o ang mga magulang ang namamahala sa mga batà at sa bahay. Upang tumulong sa mga gawaing bahay o sa pag-aaruga sa mga nakatatanda, may ilan sa mga pamilyang Ibaloy ang kumukuha ng mga kasambahay. Madalas na malayong kamag-anak o ibang tao ang kinukuhang katuwang sa bahay. Noon, hindi malimit sa mga Ibaloy na pamilya ang pagkakaroon ng kasambahay, ngunit nayon, maraming pamilya ang kumukuha ng mga kasambahay dahil ang mga magulang ay parehong nagtatrabaho o nása ibang bansa.

Sistema at Kaugalian sa Pag-aasawa

Ang mga Ibaloy noon ay walang konsepto ng panliligaw sapagkat mayroon lamang tatlong tradisyonal na kaugalian sa pag-aasawa. Una, ang napagkasunduang kasal o **kaísing**. Ito ay ang pagkakasundo ng mga magulang ng mga batàng anak, o ng isang binata (**baludáhi**) at dalaga (**marikít**) upang itakda ang pag-aasawa ng kanilang mga anak.

Dahil sa malalim na paggalang ng mga anak sa mga magulang at sa nakatatanda, ang mga anak ay sapilitang sumusunod sa nais ng kanilang mga magulang. Sila ay pumapayag sa **kaísing** kahit hindi pa nila gustong ikasal or hindi pa nila nakikita at

nakikilala ang pakakasalan. Ang **kaising** ay tradisyonal na pamamaraan ng mga Ibaloy upang itakda ang magiging búhay ng kanilang mga anak.

Hindi hadlang ang magkalayong edad ng mga ipinagkasundong binata at dalaga at ang kani-kanilang mga opinyon upang suwayin ang utos ng kanilang mga magulang. Ang tanging batayan upang pahintulutan ng magulang na ipakasal ang kanilang anak na babae ay kapag ito ay **ëbagbág** o nag-menstruate. May mga pagkakataon din na hindi muna magpapakasal ang mga batà dahil sila ay nag-aaral, nása malayong lugar, walang mga papeles, at iba pang dahilan. Ito ay tinatawag na **kulís**. Ayon kay Guzman, ang **kaising** ay isang paraan ng mga Ibaloy upang ang pagmamay-ari sa mga lupa at mga pamana ay mapanatili sa pamilya.

Pangalawa, ang sapilitang pagpapakasal o **sinëkëlan** ay ang panghihimok ng lalaki sa babaeng nais pakasalan sa pamamagitan ng dahas o pagsunod-sunod.

Pangatlo, ang **inashëm** or sinuyong pagpapakasal. Sa paraang ito, ang mga binatà ay magtatapat sa kanilang mga magulang ng babaeng napupusuan. Kung nais ito ng mga magulang, sila ay pupunta sa isang **mambúnong** o nakatatanda (*cultural elder*) upang tulungan silang makipag-usap sa magulang ng babae. Sa ganitong paraan, susuyuin ng lalaki ang babae upang pumayag na magpakasal. Ito ay naiiba sa panliligaw ng mga Ilokano at Tagalog sapagkat ang mga binatà at dalaga ay dumadaan sa pagiging magkasintahan bago ang pag-aasawa. Sa Ibaloy, walang pagkakataon na ang binatà at dalaga ay maging magkasintahan dahil deretsong kasalan na ang isinusuyo sa babae.

Subalit sa henerasyong ito, ang unang paraan ng pagpapakasal ay hindi na sinusunod ng mga Ibaloy. Pahayag naman ni G. Pendon Thompson, ang panliligaw ngayon ay sumusunod sa mga gawain ng mga Ilokano gaya ng pagdalaw ng mga lalaki sa bahay ng mga magulang ng babae upang ipaalam ang panliligaw. Dagdag pa niya, may mga tradisyonal na mga kaugalian na sinusunod kahit nag-iba na ang paraan ng panliligaw. Ang ilan sa mga tradisyonal na kaugalian na ito ay ang sumusunod:

- a) ang pagdaraos ng kasal sa bahay ng babae;
- b) pagwisik ng tubig ng mga matatanda sa mga bagong kasal;
- c) ang pagdarasal gámit ang **tapëy** o *rice beer*; at
- d) ang pagsunod sa pamahiin na ang bagong kasal ay kinakailangang manatili sa bahay sa loob ng tatlong araw o mangílin, at iba pa.

Sa iba't ibang komunidad ng Ibaloy, mayroong mga pagkakaiba ngunit ang mga ito ang ilan lámang sa mga kaugalian noon na patuloy na nakikita sa mga kasalan ngayon. Sa Tublay, may tinatawag na **tangál uwák** o ang ritwal ng mag-aasawa na ubusin ang lahat ng karne mula sa mga kinatay sa ritwal na **butbutog** o maliliit na baboy. Isang kaugalian din na sinusunod ay ang **ikaót ikdóg shi dimusán/mutokán ët kîjangan ni man-ësáwa** o ang ritwal ng pag-aasawa na magbabaón ng itlog sa daan na palabas/papasok ng bahay at lalaktawan ng mga mag-aasawa.

Sa mga pagkakataong nag-aaway ang mag-asawa, ang **ëdáng** o pansamantalang hiwalayan upang ayusin ang hindi pagkakaunawaan ay pinapahintulutan. Ngunit, makalipas ang ilang linggo o buwan ang mag-asawa ay kinakailangang magsasamang muli. Ang **pagsíngpëtan** ay ang pagpapatibay ng pagbabalikan o **pan-inúdián** ng mag-asawa na minsang **nansíjan** o naghiwalay.

May mga sitwasyon ding ang isang binatà at dalaga ay nagsasama ngunit hindi pa sila kasal. Ang **ëngí-ësháb** o ang lalaking nagkaanak sa babaeng hindi pinakasalan at ang **ëngíshabán** o ang babaeng nagkaanak sa lalaking hindi siya pinakasalan ay ilan din sa mga iniwasan ng mga magulang para sa kanilang mga anak. Ang batàng bunga ng babae at lalaking hindi ikinasal ay tinatawag na **nay-ësháb** samantálang ang babaeng iniwan at niloko ay tinatawag na **inkëdsëlán sha**. Ang **ëngidëkjas** o táong nag-iwan sa asawa dahil sa pagpanaw ay mayroong mga ritwal na sinusundan.

Hinggil sa pagkamatay ng isang asawa, ipinaliwanag ni Guzman na ang mga Ibaloy noon ay may sistemang sinusunod kapag sumakabilang búhay ang isang asawa. Ang naiwang asawa ay ipakakasal sa kapatid ng yumao. Ito ay upang mapanatili ang pagmamay-ari ng lupa at mga pamana ng mga pamilya.

Gayunpaman, kapag ang mag-asawa ay hindi makabuo ng pamilya at nais ng isa na magkaroon ng anak, ang mga nakatatanda na silang nagkasundo sa **kaísing** ay muling mag-uusap at hahayaan ang lalaki na mag-asawang muli ng iba. Ang naiwang asawa ay **mëbëdin mën mëngasawa ni ëshom** o maaaring mag-asawa rin ng iba. Ngunit mayroong mga naiwang asawa na mas ninanais na hindi na mag-asawang muli.

Sa ngayon, ilan sa mga Ibaloy na walang anak ay nag-aampon na lámang ng batà mula sa mga pinsan o kamag-anak o hindi na pinipilit pang magkaanak. Minsan, kahit ang mag-asawa ay may mga sariling anak, sila pa rin ay kumukupkop ng **tagíbi** o ampon na **inkarí'n agí** o itinuturing na kapatid ng mga totoong anak. Sa halip na maghiwalay, may mga mag-asawang walang anak na patúloy na namumuhay na magkasama at walang anak. Sa mga sitwasyong ito, ang kanilang pagsasama ay tanggap ng kanilang mga magulang at ng komunidad.

Ang isang katutubong paraan ng pag-aasawa ay ang **kalón**. Pagkakasundo rin ang paraang ito ngunit ginagawa ang pagkakasundo kapag nása tamang gulang na ang mga mag-aasawa. Dito, ipagkakasundo ng mga matatanda ang dalawang táong mag-aasawa. Madalas, ang lalaki ay ginagabayan ng mga matatanda (**mëngëdón**) kung papayag siya na suyuin ang nagugustuhang babae. Maraming pagkakataon noon na ang pinilit mapapayag na babae ay nagkaroon ng makabuluhang pagsasama sa ipinagkasundong lalaki. Mayroon ding kuwento ng mga binatà at dalagang tinatakbuhan ang ipinagkasundo. Sa kanilang paglisan sa kani-kanilang mga bahay, sila ay nakikipagtanan sa iba at lumilipat sa ibang lugar.

Subalit ngayon, dahil sa bukás na paglalakbay at pagtatrabaho sa ibang lugar, ang pag-aasawa ng mga Ibalóy ay sumusunod na sa mga makabagong paraan ng pagkakasundo at pagdiriwang ng kasal. Mayroon ding mga kasalang naghahalo ng mga katutubo at makabagong kaugalian. Maraming mga kasalan ang mayroong dalawang uri ng pagdiriwang: una ay ang paghingi ng basbas mula sa simbahan at ang pangalawa ay ang pagsunod sa tradisyonal na kasalan. Ang mga Ibaloy na nag-asawa ng mga mula sa ibang lugar ay tinatawag na **naykamáng** o **inëpo** at ang tawag sa kanilang relasyon sa mga kababayan ng napangasawa ay **naykháit**.

Pagkakamag-anak

Ang mga malayong magkakamag-anak noon, ayon kay Editha Guzman, ay walang paraan upang ipaalam ang kanilang ugnayan sapagkat ang kasaysayan ng kanilang mga ninuno ay hindi ipinapaalam sa kanila. Subalit ngayon, ang mga pamilya at magkakamag-anak na Ibaloy ay halos taon-taon magdiwang ng mga pagsasama-sama ng mga angkan o **pansisínop** o *clan reunion*. Sa mga pagtitipon na ito ipinapaalam ang mga talaan ng lahi kayâ mas madalí para sa mga Ibaloy ang hanapin at kilalanin ang kanilang mga **partído** o kamag-anak. Madalas pagtuonan ng pansin sa mga **pansisínop** ang mga magpipinsan, magtitiya, magtitiyo na mag-asawa sapagkat sila ay dalawang beses magpapakilala.

Dahil dito, bago pa man magpakasal ang mga batà, malaking bagay sa mga magulang na ipakilala muna ng anak ang pakakasalan upang masuri ang **tuntón** o salinlahi. Kapag ang dalawang táong nais magpakasal ay napag-alamang malapít na magpinsan, sila ay madalas hindi hinihimok na magpakasal ng mga magulang. Kapag naman ang dalawang táong nais magpakasal ay napag-alamang nása ikaapat na degree o higit pa ng pagiging magpinsan, hindi sila pinipigilan at tanggap na rin ito ng komunidad. Ang **pansisínop** ay isang magandang pagkakataon upang makilala nang lubos ng mga Ibaloy ang kanilang mga **partído** at pinagmulan. Sa mga **pansisínop** nalalaman ng mga magkakamag-anak ang kanilang **sahëy puón** o iisang angkan. Sa mga pagtitipon, maaari ding magdalá ang mga miyembro ng mga dayo, bisita o **sâbo**.

Man-aákhi o **san-aákhi** ang tawag sa mga magkakapatid samantálang **sankasíngsing** sa mga magpipinsan. Sa labas ng mga pagtitipon, ang mga Ibaloy din ay mahilig makisalamuha sa mga kamag-anak kung sila ay nakakasalubong. Madalas na ipinapakilala ang mga kamag-anak na **kháit** o kababayan.

Sistema at Kaugalian sa Pagkakamag-anak

Mula noon hanggang ngayon, ang mga tao ay **man-aáduyon** o nagtutulungan kahit na hindi magkakamag-anak. Kapag ang isang tao ay nangangailan ng tulong lalo na kung may kinalaman sa mga kultural o tradisyonal na ritwal, ang mga **partido**, kaibigan, at mga kapitbahay ay agad tumutulong sa mga gawaing bahay gaya ng

paghahanda ng mga kahoy, pagluluto ng bigas at **dúkto**, paghugugas ng mga plato o kaldero, at iba pa.

Ang mga matatanda naman ay agad na dumarayo upang tumulong sa **madmad** o dasal, o upang seguruhin na ang mga mas batàng nagdaraos ng mga tradisyonal o kultural na ritwal ay sumusunod sa kaugalian. Madalas, ang mga matatanda (*cultural elders*) ay handang ituro sa mga mas batà ang mga dapat na gawin gaya ng tamang pagkatay ng baboy, paggawa ng **pinúnëg**, paghiwa ng mga darasalan na bahagi ng inialay na hayop, pagtugtog ng **sulibáw**, **kímbal**, **pínsak**, **khálsa**, **tíktik**, at iba pa. Ang mga **partido** o kamag-anak din ay tumutulong sa pagtawag, pagsundo, at paghatid sa **mambúnong** kung walang kilala ang pamilyang nangangailangan.

Pakikipag-ugnayan sa Komunidad

Ang mga magagalang na salitang ginagamit sa pagtawag sa mga nakatatanda ay natutuhan at ginagamit hindi lámang sa loob ng tahanan at sa pagitan ng mga magkakamag-anak kundi sa pakikipag-ugnayan sa mga tao sa komunidad.

Ngayon, dahil sa edukasyon at impluwensiya ng pakikisalamuha sa ibang tao, tinuturuan ang mga batà na dapat tawaging **mánang** o ate at **manong** o kuya (mga salitang hindi Ibaloy) ang mga táong mas matanda sa kanila ng ilang taon, **angkël** o tiyo at **anti** o tiya (na mga salitang hiram) naman sa mga táong halos kasing-edad ng mga magulang, at lolo at lola ang mga taong kasing-edad ng mga lolo, lola o lola sa tuhod at lolo sa tuhod (mga salitang Ibaloy ang lolong at lola/lolang).

Samantalang kapag nagkokompara ng edad, ang isang tao ay maaari ding gumamit ng salitang **pangudúan** sa mga táong mas matanda sa kaniya ng ilang taon at **orishíyan** sa mga táong mas batà sa kaniya ng ilang taon. Ang mga nakatatanda rin ay maaaring gamitin ang salitang **áding** (na natutuhan sa mga Ilokano) sa pagtawag sa mga mas batà sa kanila.

Pagdating sa tawagan ng mga mayroong manugang, ang tawag ng mga magulang ng isang ikinasal sa magulang ng pinakasalan ay **kaísing**. Ang tawag naman ng isang babae o lalaki sa babaeng kapatid ng pinakasalan ay **abídat/avídat** (sister-in-law) at sa lalaking kapatid ng pinakasalan ay **bayáw** (brother-in-law). Ang nararapat naman na tawag ng isang lalaki o babae sa mga magulang ng pinakasalan ay **inëpo**. Ang tawag naman sa lahat ng mga kamag-anak ay **agí**, **kháit**, at **partído**. Ang mga magkakapitbahay naman ay maaaring tawaging **inaskháng** o katabi/katapat kapag ang mga bahay ay magkatapat o magkalapit.

Walang diskriminasyon sa komunidad sa mga táong **ëbagnáng** o mayaman at sa mga táong **ëbitëg** o kapos. Sa mga gawain para sa komunidad, madalas ang **pan-aáduyon** o pagtutulongan ng mga miyembro. Noong maraming mga bukirin at taniman, ang mga magkakamag-anak at magkakapitbahay ay tulong-tulong sa mga

gawaing bukid. Isang kaugalian ang **khamál** o ang pagpapakain ng libreng hapunan o panaghalian sa mga dumating na tutulong ng táong nagpatawag. Noon, ang bayad sa pagtulong sa bukid ay batay sa **tânay** o malaking bungkos ng palay na naani mula sa **sësaëw to** o sa mas nakaririwasa.

SISTEMA NG PAMAMAHALA

Isa sa mga katutubong sistema ng pamamahala na kaugalian pa rin ngayon ay ang sistemang **tóngtong**. Dito, isang konseho ng mga respetadong matatanda (*council of elders*) ang nagtitipon-tipon upang pag-usapan at pagdesisyon ang mga isyu o kasong bumubulabog sa barangay kagaya ng awayang pamilya o magkakapitbahay na hindi na madaling maresolba. Karamihan sa konseho ay mga lalaki ngunit maaari din namang may mga kasamang babae. Ang batayan ng pagkilala sa mga kasapi ay batay sa kakayahang gumawa ng katanggap-tanggap na pasiya. Ang mga kasong umaabot sa konseho ng mga matatanda ay karaniwang may kinalaman sa mga isyu sa lupa at karahasan. Ang konseho ng mga matatanda ang nagpapataw ng desisyon kung sino ang maysála o may mali. Ang panig ng maysála ay karaniwang pinagbabayad ng salapi o sa uri—karaniwang hayop kagaya ng baboy, o kung mas mabigat ang sála, **núwang** o kalabaw at **báha** o baka. Ang **tóngtong** ay umiiral pa rin ngayon dahil mahalaga pa rin sa karamihan ng mga Ibaloy ang maayos na relasyon ng komunidad at hindi pa rin kaaya-aya sa mata ng mga Ibaloy ang pagdadala ng bangayan sa korte. Gayundin, ang pagdadala sa korte ng mga kaso ay karaniwang itinuturing na dagdag na abala na hindi kanais-nais sa mga Ibaloy. Ngunit, mayroon nang mga Ibaloy na nasasangkot sa mga kaso sa mga korte. Mayroon na ring mga matatandang napapabilang sa Lupong Tagapamayapa na bahagi ng mga utos ng makabagong gobyerno.

Proseso sa Pagpili ng Pinunò

Ang mga miyembro ng Lupon ng mga Matatanda o Lupong Tagapamayapa ay pinipili base sa edad—dapat 40 pataas—at mayroong reputasyong pantas at maalam dahil sa kaniyang mga karanasan. Noon, ang lupon ay karaniwang binubuo ng mga matatandang lalaki o **inpan-áma, dalákay**. Ngayon, maaari nang maging miyembro ang mga matatandang babae o **inpan-ína**. Kung ang lugar ay binubuo ng mga táong mula sa iba't ibang pangkat kagaya ng La Trinidad, ang Lupon ng mga Matatanda ay maaaring binubuo ng mga indibidwal na iba-iba rin ang pangkat, hindi lang Ibaloy.

Batas at Tuntunin

Ang sistema ng pamamahala sa Bineng, Tublay Central, at iba pang bayan ng mga Ibaloy ay nakaayon na sa mga pambansa, pamprobinsiya, at pambayang batas (LGU) at sistemang gobyerno ng Pilipinas. Kung kailangang gumawa ng mga tuntunin sa barangay hinggil sa mga gawain, binabalangkas ito sa pamamagitan ng pagdaraos ng pagtitipon o púlóng. Ito ay kadalasang ginagawa sa *barangay hall* na mayroon na ngayon ang halos lahat ng barangay.

SISTEMANG PANGKABUHAYAN

Pagtatanim

Pagtatanim ang karaniwang kabuhayan ng mga Ibaloy sa Bineng, Tublay Central, at iba pang komunidad ng mga Ibaloy. Ang kanilang mga pananim ay kamote, palay, at mga gulay kagaya ng *beans*, *sweetpeas*, pechay at sayote. Ngayon, ang karaniwang kabuhayan sa Bineng ay pagtatanim pa rin ngunit ang pangunahing pananim ay mga bulaklak na kagaya ng *malaysian mums* at rosas. Mayroong mga nagtatanim pa rin ng katutubong palay na **kintomán** ngunit ang mga ito ay malimit na. Marami na ring mga Ibaloy ang nagnenegosyo bílang mga *supplier* at *distributor* ng mga bulaklak at iba pang gulay. May iilang mga indibidwal ang nag-aalaga ng baboy at mga manok. Hindi na rin mabilang ang mga naging propesyonal at may mataas na pinag-aralan.

Ang pagtatanim ng *mums* ay nagsisimula sa pagpupunla. Ang punla ng *mums* ay kinukuha sa pinakaibabaw na bahagi ng *mother plant* o halamang hinayaang umusbong sa pamamagitan ng pagtanggap ng bulaklak nitó. Tinatanggal ang mga dahon sa dulo ng punla bago ito itinatanim sa lupang may halong buhangin. Pagkaraan ng dalawang linggo hanggang labinlimang araw, dapat ay tumubo na ang ugat ng punla at maaari na itong ilipat sa *greenhouse*. Dahil ang bulaklak na *chrysanthemum* ay mabilis mamulaklak lalo na kapag malamig at madalí ring tamaan ng iba't ibang sakit at peste, ang mga nagtatanim ng *chrysanthemums* para sa *cutflower industry* ay ipinupunla ang bulaklak sa mga *greenhouse*. Dahil dito, káya ng hardinero na kontrolin ang temperatura at ang paglaki at pamumulaklak ng *chrysanthemum*.

Mahalaga ring alalahanin na ang mga bulaklak na mahahaba at makakapal ang tangkay ay mas mahal at mabenta kaysa sa mga bulaklak na maikli at madaling maputol. Lahat ng mga katangaing ito ng *chrysanthemum* ay káyang makamit ng hardinero sa pamamagitan ng maingat na pagpapairal ng iskedyul ng sumusunod: pagpapailaw sa mga bulaklak tuwing gabi para lalong humaba ang mga ito; pag-spray ng *insecticide*, *pesticide*, at iba pang kemikal na pataba; pagtanggap ng gitnang **supang** (bud) ng *chrysanthemum* para maseguradong pantay ang laki ng mga bulaklak nitó; pagdidilig; at iba pa.

Ang karaniwang *life cycle* ng *chrysanthemum* ay tatlo hanggang apat na buwan depende sa proseso at pamamaraan ng hardinero. Kapag namulaklak na ang *chrysanthemum*, ito ay iniimpake sa maayos na paraan para sa kalakalan. Karaniwang niluluwas ang mga bulaklak sa Metro Manila at iba pang mga karatig bayan. Dahil dito, ang pangalawang karaniwang pangkabuhayan ng mga taga-Bineng ay may kaugnayan sa *wholesale* at *retail* na pagbebenta hindi lámang ng bulaklak kundi iba ring mga produkto kagaya ng gulay.

Sa kabila ng pagbabago ng panahon, malaking bahagi pa rin ng paghahanapbuhay at pagtatanim ng palay, mga gulay, at bulaklak ang mga taga-Bineng. May mga bukid at pananim silang nangangailangan ng mas maraming tubig, o umaaasa sa ulan kaya't may pagkilala pa rin sila sa tag-ulan at tag-init. Natutuhan na rin ng mga katutubo ang paggamit ng mga teknolohiya sa pagsasaka tulad ng *greenhouse*, *net*, pag-iilaw sa kanilang mga *greenhouse* tuwing gabí, at iba pang maaaring makapagpaganda sa kanilang mga tanim, ani, at kíta. Dahil sa paggamit ng koryente sa kanilang mga *greenhouse* at taniman, nakaranas na rin ang barangay ng ilang kaso ng pagkakoryente at pagkamatay ng ilan sa kanilang mga kamag-anak at kakilala.

Ang paggamit ng mga makabagong teknolohiya sa pagtatanim ng mga bulaklak at iba't ibang gulay ay mapapansin sa mga komunidad ng mga Ibaloy. Laganap na ang paggamit ng plastik na bubong sa mga hardin ng gulay. Ganoon din ang paggamit ng mga biniling bomba sa kulisap at mga di-organikong pampataba ng lupa. Isang malaking negosyo na rin sa lugar ang pagbebenta ng tae ng manok mula sa mga malalaking *poultry* sa *lowlands*.

Bagong hanapbúhay ng mga taga-Bineng ang pagtatanim at pagtitinda ng mga bulaklak. Natutuhan umano ito ng kabataan na nagtrabaho din sa ibang mga naunang nagtanim ng mga bulaklak. Nagtutulungan din ang mga babae at lalaki sa lahat ng proseso sa produksiyon ng mga bulaklak.



Larawan 15. Paglalagay sa mga Pasô at Plastic Bag ng mga Ornamental na Halaman

Bahagi ng produksiyon ng mga bulaklak ang paglalagay ng tanim sa mga pasô at *plastic bag*. Mas napapadalí nitó ang pagbibiláng, pagbebenta, at pagta-transport sa mga tanim. Makikita dito ang isang uri ng ornamental na halamang *cypress*.



Larawan 16. Gámit ang Ipá sa Pagpapatubò ng mga Bulaklak

Isang malaking bahagi ng pag-aalaga sa mga bulaklak at *potted plants* ang paghahanda ng lupa sa mga paso at *plastic bag*. Binibili ang mga sako-sakong ipa ng palay sa kapatagan. Sinusunog ito hanggang maging abo na inilalagay sa mga *plastic bag* at pasô.



Larawan 17. Pagsisimilya ng Chrysanthemum

Sa mas mababà pang bahagdan ng Bineng na Bodiweng, nagtutulungan ang isang pamilyang maghanda ng similya ng *malaysian mums*. Matapos linisan ang mga

sanga ng mums, ipaplanta ito sa loob ng *greenhouse* upang tumubo ang kanilang mga ugat sa loob ng mga dalawang linggo. Pagkatapos, ililipat ito sa mga mas malaking kama ng lupa sa loob din ng *greenhouse* o sa *open garden*.



Larawan 18. Pagsisimilya ng Malaysian Mums

Hindi tulad ng ibang mga gulay na kailangang bumili ng mga bagong similya tuwing magtatanim, ang similya ng *malaysian mums* ay gáling din sa mga naunang pananim. Pinipili na lámang ang mga magandang sanga ng mga tapós nang namulaklak.



Larawan 19. Mga Bulaklak sa Dáting Kaingin

Tumutubo ang mga *malaysian mums* sa loob o labas ng *greenhouse*. Isa itong halimbawa ng uma na dáting tinatamnan ng mga kamote at gulay. Ngayon ay pinalitan na ng mga bulaklak.



Larawan 20. Pagsasáka ng ulay patungong Bulaklak

Sisabi ng mga taga-Bineng na natutuhan nilang magtanin ng mga bulaklak noong dekada '90. Natutuhan din ng mga magbubulaklak ang paggamit ng mga *styrofoam box* para sa pagbabálot ng mga bulaklak.

Estado at Kalagayang Panlipunan sa Paghahanapbuhay

Maláy na ngayon ang mga tao sa mga pamantayan kaugnay sa mga batas tungkol sa mga suweldo at paghahanapbuhay. Kinikilala nila ang mga makatarungang sahod sa sistemang *por dia* o arawang sahod. Nakikipag-ugnayan na rin sila sa mga sistema ng kalakal sa bentahan ng mga bulaklak sa Lungsod Baguio at sa Maynila. Sinasabayan din nila ang kalendaryo ng mga pambansa at global na okasyon tulad ng All Saints' Day, Pasko, Valentines, Baguio Flower Festival, mga panahon na mataas ang pangangailangan sa mga bulaklak at gulay.

Ayon sa CBMS 2015 ng Munisipalidad ng La Trinidad, ang kita ng mga taga-Bineng sa isang taon mula sa *crop farming* at paghahardin ay PhP119,876.97, habang sa *wholesale* at *retail* na pangangalakal ay PhP 92,071.43. Maliban dito, ang ibang pinagkukunan ng kita ng mga taga-Bineng ay mula sa *transportation, storage and communication services* at may kita sila sa isang taon na PhP 190,400.00; PhP 81,666.67 mula sa *community, social and personal activities*, at PhP 119, 857.87 mula sa suweldo.

Maláy na rin ang mga magsasaka ngayon sa mga kalakarang organic at *good agricultural practices* dahil sa mataas na paggamit ng mga bombang pamatay peste at mga patabang hindi organiko.

Walang partikular na mga ritwal ang mga Ibaloy para sa masaganang ani. Subalit, maaari silang magritwal kapag hindi maganda ang ani o kung nais nilang magpasalamat para sa magandang ani. Ang hindi magandang ani ay karaniwang pinapaniwalaan na nagmumula sa selos o **afál** ng tao, mga espiritu ng mga ninuno, o iba pang mga nilalang. Maaari ding ang masamâng ani ay dahil sa may kumakain ng pananim na hindi makita. Dahil dito, ang magsasakang Ibaloy ay maaaring magdaos ng **kídaw**. Isa itong ritwal na pinamamahalaan ng **mambúnong** at karaniwang nagkakatay ng baboy. Ang ritwal na ito ay idinaraos para matahimik ang mga espiritu o matanggal ang sumpa na nabubuo ng selos.

Kapag maganda ang ani, maaari ding magdaos ang magsasaka ng piging bílang pasasalamat. Gayunpaman, giit nina G. Thompson at Editha Guzman, ang pagsamba sa Diyos ay walang pasubaling nakikita sa pang-araw-araw na gawain at kaugalian ng mga tao—wala itong pinipiling panahon o espasyo.

Mapapansin ngayon sa Bineng ang pagtatayô ng mga mas malalaking bahay na gawa sa semento at mamahaling materyal. Mapapansin din ang pagdaan ng mga trak at makabagong sasakyan, bunga ng kanilang kita sa pagbubulaklak, pagnenegosyo, o pangigingbang bansa, na mapapansin din sa ibang mga lugar. Sa Tublay at iba pang bayan ng mga Ibaloy, karaniwan na ang mga propesyong pagtuturo, nursing, midwifery, pagdodoktor, engineering, pulis, abogasya, pagpopolitiko, pagmamaneho, pagkakarponentero, at iba pang hanapbuhay ng mga tao.



Larawan 21. Paggawa ng mga muwebles



Larawan 22. Mga itak at pambungkal ng lupa sa pagsasaka

Dahil mahalaga ang mga kagamitan sa pagsasaka sa lugar, itinitinda sa gilid ng kalsadang Halsema ang mga itak at iba pang pambungkal ng lupa. Ang ilan sa mga ito ay gawa rin sa lugar ngunit karamihan sa mga paninda ay gáling sa Bokod, Benguet at Nueva Vizcaya. Ang nakasabit na mga puting bilog sa kaliwang banda ng larawan ay mga **buvód** o *yeast* na ginagamit sa paggawa ng **tapey**.

RELIHIYON AT KATUTUBONG RITWAL

Si Kabúnyan ang pinakamataas na dakilang lumikha na sinasamba ng mga tao. Siya rin ang kinikilala at madalas dinarasalan ng mga naniniwala sa mga katutubong kaugalian. Ngunit ang mga Ibalóy sa ngayon ay sumasampalataya na rin sa Diyos at umaanib sa ibang mga relihiyon gaya ng: Romano Katoliko, Iglesia ni Cristo, Protestante, Baptist, Jehovah's Witnesses, at iba pa (Community Based Management System, Barangay Bineng, La Trinidad Municipality 2019).

Ayon kina G. Copero at Editha Guzman, hindi balakid ang mga kaugalian upang hindi manampalataya sa ibang relihiyon. Dagdag pa ni G. Pendon Thompson ang mga kaugalian ay marapat lamang na respetuhin sapagkat ito ang kaugalian ng mga sinaunang tao bago dumating ang mga dayuhang relihiyon.

Maliban kay Kabunyán, ilan din sa mga lamanglupa na pinapaniwalaan noon ay ang mga **butatëw**, **ampasít**, **timbangáw**, **boladakëw**, at iba pa. Ang mga **butatëw** o mga bola ng ilaw na kumukurap-kurap at lumulutang sa hangin ay malimit na nakikita lámang sa gabí ng mga manlalakbay mula sa malayo. Ayon kay Guzman (2019), kapag

nilapitan ng mga manlalakbay ang mga **butatëw** ay kusa silang naglalaho. Ang pagpapakita ng mga ilaw ay isahan, tatluhan, limahan, o pituhan.

Ang **ampasít** ay ang pangkaraniwang tawag sa lahat ng mga elemento at espiritu na pinaniniwalaang nakatira sa mga malalaking kahoy, punso, ilog, at malalaking bato. Dahil dito, iniwasan ng mga tao na lapastanganin o sabuyan ng mainit na tubig o ihian ang mga nasabing tirahan ng mga **ampasít**. Noon, may tinatawag na **inaságwa ni ampasit** o pinakasalan ng ampasít. Ito ay nakikita kapag ang isang tao ay biglang nagkaroon ng malalang sakít sa hindi malamang dahilan. Pinaniniwalaang ang táong nagkasakit ay natipuhan ng **ampasít**. Upang malunasan ang sakít, kinakailangang dasalan ng **mambúnong** at alayan ng manok ang **ampasít**.

Ang **timbangáw** (nakaupo) naman ay kabilang sa mga **ampasít** o espiritu na naninirahan sa mga ilog, malalaking bato, at malalaking kahoy. Gaya ng **ampasit**, ang mga **timbangaw** ay maaaring magdulot ng sakít kung nasabuyan ang kanilang tahanan ng ihi, dura, o mainit na tubig.

Ang **boladakëw** ay isang bola ng apoy na makikita lámang sa gabí. Ito rin ay tinatawag na St. Elmo's Fire at sinumang makakakita nitó ay hindi dapat sundan ang tinatahak na daanan ng boladakëw (Guzman 2019).

Ang mga **butatëw**, **ampasít**, **timbangáw**, **boladakëw**, at iba pa ay hindi na madalas makita ng mga Ibalóy ngayon dahil sa pagbabago ng panahon at pagiging moderno ng mga komunidad.

Ang pagsamba sa Diyos ng mga relihiyon ay sumusunod sa doktrinang itinakda ng kinaaanibang mga simbahan at organisasyon. Walang pagkakaiba ang pagsamba ng mga Romano Katoliko, Iglesia ni Cristo, Protestante, Baptist, Jehovah's Witnesses, at iba pa sa mga Ibaloy na komunidad at sa ibang lugar. Ngunit mapapansin na ngayon ang paggamit ng wikang Ibaloy sa mga kanta at pagtuturo sa mga simbahan.

Samantala, ang paniniwala kay Kabunyán at sa mga kaugalian at sinaunang tradisyong ng mga Ibaloy ay mapapansin sa mga ritwal na patuloy na isinasagawa gaya ng: **sumáng**, **salashí** o **sëlsbí**, **pigëd**, **tëmmó** o **shaw-ës**, **dëbón**, **sángbo**, at **sëdpáng** na **inpulípot** at marami pang iba. Sadyang napakayaman ng mga ritwal, kaugalian, tradisyon, at mga pamahiin ang mga Ibaloy.

Ang **sumáng**, ayon kay Alfredo Copero (2019), ay ang paggamit ng páto upang linisan ang mga buwísit o kamalasang nararanasan ng isang tao mula sa mga sumpa o masasakit na salita mula sa ibang nakaalitang tao. Ang isang halimbawa ay ang paghihiwalay ng mag-asawa na hindi maiiwasan ang mga sagutan at palitan ng masasakit na salita mula sa magkabilang panig. Upang hindi magkatotoo ang mga mura at sumpa, ang **sumáng** ay isang mabisang ritwal upang linisan ang mga kumapit na sumpa sa taong nagsagawa nito. Sa isang **sumáng**, ang isang mambúnong ang dapat

magsagawa sapagkat hindi ito tatalab kapag **madmád** o panalangin lamang mula sa isang nakatatanda ang gagawin. Ang ritwal na **sumáng** ay tumatagal ng halos tatlong oras o kalahating araw. Hindi ito madalas ipinahahayag o ibinabalita sa mga kapitabahay o kamag-anak sapagkat tanging ang táong nais magpagawa ng **sumáng** at ang **mambúnong** lamang ang kailangan. Madalas itong ginaganap sa bahay ng taong magsasagawa ng **sumáng**. Inaasahang gagaling at gaganda ang pakiramdam ng taong nagsagawa ng ritwal sa loob ng isang araw.

Ang **salashí** o **sëlshí** ay isang ritwal na gumagamit ang **mambunong** ng isang bato o itlog upang patigilin ang kamalasan na nararanasan ng isang tao. Maaari ding gawin ang **salashí** kung ang tao ay lalabas mula sa bilangguan, namatayan ng asawa, at iba pang kamalasan. Ang **salashí** rin ay mabisang paraan upang pangunahan ang mga nagbabadyang kamalasan. Ayon kay Coperó (2019), mas matibay kung ang gagamitin ay isang batong hugis bilog sapagkat ang itlog ay mas madaling mabiyak samantalang ang bato ay mas matibay. Sa ritwal na ito, ang itlog o bato ay ibabaón sa lupa at ang taong nais matigil ang kamalasan ay hahakbang sa ibabaw habang ang **mambúnong** ay nagdarasal kay Kabúnyan. Pagkatapos nito, hahayaan at iiwan ang itlog o bato sa ilalim ng lupa at ang táong nagsagawa ng **salashí** ay inaasahang gaganda o giginhawa ang masamang pakiramdam makalipas ang tatlong araw. Gaya ng **sumáng**, ang **mambúnong** lamang ang dapat magsagawa ng **salashí** sapagkat hindi ito tatalab kapag ang **madmád** ang gagawin. Halos tatlong oras o kalahating araw ang kailangang ilaan upang maisagawa ito sa bakuran ng bahay ng taong nais magsagawa ng **salashí**. Tulad ng **sumáng**, hindi rin ito madalas ipinahahayag o ibinabalita sa mga kapitabahay o kamag-anak sapagkat tanging ang taong nais magpagawa ng **salashí** at ang **mambúnong** lamang ang kailangan.

Sa **pigëd**, isang sisiw ang ginagamit na alay na darasalan ng **mambúnong** upang ang mga taong nasasangkot sa mga kaso sa korte ay manalo at ang mga samâ ng loob at masasakit na salita ay hindi kumapit sa mga táong nagpagawa ng **pigëd**.

Ang **tëmmó** o **chaw-ës** ay ang paggamit ng babae o lalaking aso bilang alay upang pagalingin ang sakít ng isang taong nawawala sa katinuan o matinong pag-iisip. Ayon kay Coperó (2019) ang pagkawala ng katinuan ay maaaring dulot ng mga hindi nakikitang espiritu na nasaktan o nasalubong sa daan. Sa **tëmmó** o **chaw-ës**, dinarasalan si Kabunyan at ang mga sinaunang tao na nagsagawa ng ritwal na **tëmmó** noon. Ang sinaunang kalalakihang dinarasalan ay sina Kabígat, Dítupan, Lumáwig, Búgan, at Aráyan samantalang ang sinaunang kababaihang dinarasalan ay sina Maúshi, Ápingan, Líyan, Dishón, at Súyam. Ang **tëmmo** o **chaw-ës** ay maaari lamang isagawa ng isang **mambunong**. Ang **tëmmo** o **chaw-ës** ay natatangi sapagkat ito lamang ang ritwal na ang kalalakihan ay gagawa ng isang korona. Ang korona ay isusuot ng isang lalaking kamag-anak ng táong maysakit. Ang táong nakakorona ay **manpaypaytok** o tatalon-talon, sasayaw at **manbugbugaw** o hihiyaw habang tumatakbo mula sa bakuran ng bahay papunta sa **shuntóg** o mataas na lugar. Ang **mambunong** naman ay patuloy na magdarasal sa mga nabanggit na pangalan upang tumulong sila na ibalik ang katinuan

ng pag-iisip ng táong maysakit. Tumatagal ng halos isang araw ang ritwal na ito at ang maysakit ay inaasahang gagaling sa loob ng tatlong araw.

Ang **dëbón** naman ay ang pagsasagawa ng **madmad** o dasal na maaaring gawin ng mga nakatatanda o ng sinumang tao upang magdasal kay Kabúnyan, o pakiusapan ang mga espiritu ng mga yumaong kamag-anak. Ang **dëbón** ay hindi nangangailangan ng **mambúnong** sapagkat ito ay ang mga maliliit na alay o pakiusap lamang sa mga yumao.

Ang **sángbo** ay pag-aalay ng baboy at panalangin para sa mga hindi pangkaraniwang senyales at palatandaang binibigay ng Kabunyan, mga espiritu ng yumaong mga kamag-anak, o ng mga hindi nakikita. Tinuran pa ni Coperó (2019) na ang mga bahay na nakidlatan ay dapat bigyan ng **sángbo** upang ang mga nakatira sa bahay ay pagpapalain o magiging suwerte. Ang kidlat ay pinapaniwalaang babae o lalaki. Malalaman kung lalaki ang kidlat kung ang buong kahoy na natamaan ay namatay samantalang malalalaman na babae ang kidlat kung kalahati lamang ng kahoy na natamaan ang namatay (Coperó 2019). Maliban sa mga bahay o kahoy na nakidlatan, kabilang sa mga binibigyan ng **sángbo** ay ang pagdating ng mga hindi maaamong mga hayop gaya ng **ulëg** o ahas, **motit** (civet cat), kolonya ng bubuyog at langgam, o magandang panaginip. Samantála, ang hindi pag-alay ng **sángbo** ay pinaniniwalaang pagkawala ng isang magandang pagkakataon upang maging suwerte at umunlad.

Maliban sa **sángbo**, ang isa pang **shilos** o ritwal ay ang **sëdpáng** na idinaraos upang tugunan ang mga ritwal at kaugaliang isinagawa ng mga sinaunang ninuno. Gaya ng karamihan sa ritwal, ang **mambúnong** lámang ang dapat magsagawa nitó at ito ay dinadaluhan ng mga kamag-anak ng maybahay gayundin ng mga kapitbahay at mga bisita. Ang haba ng araw na idinaraos ang **sëdpáng** ay nakabatay sa mungkahi ng **mambúnong**. Isa sa mga uri ng **sëdpáng** ay ang **sëdpáng na inputípot**. Sa isang **sëdpang na inputípot** o **sëdpang na binâjat** (isinabit, bahagi ng ritwal na ito ang pagsasabit ng bahagi ng karne ng baboy sa ibabaw ng pintuan), kinakailangang ipaalám sa komunidad ang ritwal sapagkat nangangailangan ang ritwal na ito ng partisipasyon ng komunidad. Kailangan ng mga táong tutulong sa pagkatay ng baboy, sa pagluto ng mga makakain, sa pagpapatugtog ng mga katutubong instrumento para sa sayaw na **tayáw**, at iba pa.

Ang **binâjat** ay ang alay na binti at hita ng baboy na itinali sa pahabang kahoy na nakasabit sa ibabaw ng pasukan ng bahay. Sa loob ng bahay, mayroong isang malapad na **digáo** (bilao) na may **danshók** (bakal), **kawíl** (bao), **apkho** (apdo), dugo na nabalot ng dahon, at **tapëy** o alak na gawa sa kanin. Ang ritwal ay madalas nagsisimula sa umaga at natatapos ng hapon. Sa umaga, ang **mambúnong** at **mahinbalëy** o may-ari ng bahay ay mainam na maghahanda ng mga gagamitin. Kinakailangan din ng hindi kukulang sa dalawang baboy. Ang mga ito ay kakatayin sa harap ng bahay. Ang kalalakihan ay tutulong sa paghawak at pagkatay sa baboy. Sila ay gagamit ng **uwík** o isang pinatulis na kahoy na kadalasang mula sa kahoy ng bayabas. Noon, sinisilaban ang balahibo ng baboy gámit ang naglalagablab na mga

kahoy. Ngayon, sinisilaban ang balahibo ng baboy gamit ang blowtorch at LPG. Kapag tutong na ang mga balahibo ng buong baboy, huhugasan ito ng malamig na tubig upang madaling matanggal ang abo. Ililipat ang mga baboy sa mga dahon ng runo sa bakuran at doon sisimulang katayin.

Una, tatanggalin muna ang **altëy** o atay at susuriin ng **mambúnong** kung matambok at maganda ang hitsura nito. Dito malalaman kung ang hinihiling ng pamilya o ang ritwal na idinaraos ay kinikilala at tinatanggap ng mga espiritu ng mga yumaong kamag-anak. Muling darasalan ng **mambúnong** ang mga magagandang pangitain at sa kaniyang hudyat ay lulutuin na ng kalalakihan ang baboy.

Ang sumusunod ay halimbawa ng mga dasal o **búnong** mula sa isang **mambúnong** sa Bineng, si G. Coperio (2019):

Ay si-khayo niti'n aama tan sankaising...	Ay, kayong mga ama nila
Si-khayo i mantagwal ni afo	Kayo ang magtawag sa mga apo ninyong
yon nanpiniig,	magkabilaan
Shiyay ma di, mëngan kayo	Dito na kayo, kain na kayo
Paskëp jo ngo di	Papasukin ninyo sila
Ama yo, afo yo	Mga magulang ninyo, mga ninuno ninyo
Ukob jo ngo di shi naydaëm	Sabayan ninyong kumain sa loob ng
	bahay
Ta mëngan kayo	Para kumain
Iningsaan jo ngo ni kapigsa jo	Kaugalian ninyo ito noong malakas pa
	kayo
Ni kabiday jo...	Noong buhay pa kayo...
Tagwa-tagwal jo ngo di	Tawagin ninyo sila
Shiya balëy ni agi jo, anak jo, afo jo,	Dito sa bahay ng kapatid ninyo, anak
ama jo	ninyo, ninuno ninyo, tatay ninyo
Shiyay ma di, mëngan kayo	Dito kayo kumain
Tagwal jo ngo ali,	Tawagin ninyo sila
Mandilikob kayo...	Sabay-sabay kayong kumain
Iyay i tafëy, panginom kayo	Andito ang tapëy, uminom kayo
Iyay i San Miguel, pan-inom kayo	Andito ang (Ginebra) San Miguel,
	uminom kayo
Iyay mët i sigarilyo	Andito rin ang sigarilyo
Iyay mët i asin	Andito rin ang asin
Guwaran ëmin...	Meron lahat...

Ang kalalakihang inaatasang kumatay at magluto ng baboy ay dapat marunong sa mga kaugalian. Sila rin ay inaasahang maalam sa mga bahagi ng karne ng baboy na kinakailangang ilagay sa mga bilao o **digáo** at mga maliliit na basket, **sahób**, mga sinaunang plato at ginawa lamang para sa ritwal.

Matapos dasalan ng **mambúnong** ang mga karne na nasa bilao (tinatawag ang alay na itong **tafájag**), ang mga maybahay ay marapat na maunang kumain sa isang **búni/púni**. Ang **púni** ay ang mga nakahilerang pagkain sa sahig sa loob ng bahay. Habang kumakain ang mga **mahinbalëy**, ang **mambúnong** naman ay kinakailangang lumabas ng bahay at pumunta sa lugar kung saan kinatay ang mga alay na baboy upang isagawa ang iba pang mga kaugalian. Gamit ang dalawang palad, ang **mambúnong** ay kukuha ng karne at kanin, at magdarasal bago isasaboy ang laman ng palad sa dalawang magkabilang dulo ng bakuran. Ayon kay Copero (2019), ito ay tinatawag na **pungáw**. Kasama sa idinarasal sa **pungáw** ang paghingi ng masaganang ani at maraming hayop na alaga. Ang **pungáw** ay para sa mga **afil** o espiritong hindi kakain sa loob ng bahay ngunit maaaring kumain sa labas.

Dagdag pa ni Copero, ito ay hindi dapat kaligtaang gawin sapagkat pinaniniwalaang maaaring may mga espiritong sumamá ang loob kung hindi sila pakainin. Makalipas ang halos limang minuto, huhudyatan na ng **mambúnong** ang mga kasama upang pakainin ang mga tao at bisita.

Sa pagsasara ng ritwal na **sëdpáng na inpotípot**, ang **shës-shës ni apáy** ay isinasagawa pagkatapos ng kainan. Ang **shës-shës ni apay** ay pinaniniwalaang hudyat upang maaari nang itapon ang mga dahon ng runo na ginamit sa ritwal.

Marapat lamang na mayroong bagong labas na **tapëy** na bubuksan at ipaiinom sa mga **mahinbalëy** sa pagsasagawa ng kaugaliang ito. Sabay-sabay din dapat na pinatutugtog ang mga tradisyonal na instrumento tulad ng **sulibáw**, **kímbal**, **tiktík**, **khálsa**, at **pínsak**. Sa pagtugtog ng mga instrumento, magkakaroon din ng tradisyonal na sayaw na tinatawag na **tayáw**. Ang **tayáw** ay sisimulan ng mga maybahay o **mahinbalëy**, susundan ito ng mga kamag-anak, mga kapitbahay, at mga bisita.

Halos apat na beses sasayaw ng **tayáw ni mahinbalëy** bago ito sundan ng ibang tao. Sa kalagitnaan ng **tayáw**, pansamantalang titigil ang mga sumasayaw upang bigyang daan ang **owág**. Ang mga tao ay hihiyaw ng **oóway**, **oóway**, **wóoh**, **wóoh** habang ang **mambúnong** ay magbibigay ng **dátok** o basbas sa mga sumasayaw. Isang babae o lalaki rin ang lalapit sa mga sumasayaw at mga nagpapatugtog ng instrumento upang painumin sila ng **tapëy**, tubig o softdrinks.

Muling iikot ang mga **mahinbalëy** hanggang makompleto ang apat na beses na **tayáw** para sa mga maybahay. Ilang beses pa magkakaroon ng mga pares ng mananayaw hanggang sa masunod ang tamang bilang. Kapag wala nang mga magkapares na gustong sumayaw sa **tayáw**, kusang ihihinto ito. Sa pagkakataong ito, ang ritwal ay malapit nang matapos.

Bago umalis ang mga tao, ang **watwat** ay ibinibigay sa lahat ng táong dumalo. Ang **watwat** ay ang karne na sumisimbolo ng pagbabahagi ng suwerte sa lahat ng mga tao. Ang mga **mahinbalëy** ay inaasahang mamalagi sa loob ng bahay pagkatapos ng

ritwal. Hindi dapat lumabas kinabukasan ang mga **mahinbalëy** upang sundin ang kaugaliang tinatawag na **ngilin** o pagpapahinga at pagtitimpi.



Larawan 23. Ritwal na Sëdpáng sa Bineng

Ang **sëdpáng** ay isang **shilos** o ritwal na nagbibigay ng respeto sa mga yumaong mga magulang ng mga may-ari ng bahay.



Larawan 24. Pagtatadtad ng karne sa afáy sa bakuran

Inihahanda ng kalalakihan ang mga karneng baboy na lulutuin at ang ilang bahagi ay iaalay ng **mambunong** sa mga yumao sa loob ng bahay ng may-ari. **Afay** ang tawag sa lugar na may nakasapin na mga mahahabang damo at pinagkakatayan ng

baboy. Kailangang alam ng mga lalaki kung anong iba't ibang parte ng baboy ang kasama sa alay o **atang**.



Larawan 25. Pagluluto sa labas ng bahay para sa ritwal

Kahit na may kusina sa loob ng bahay, ang lutuan tuwing may mga ritwal ay karaniwang ginagawa sa labas ng bahay. Karaniwan ay mga lalaki ang naghahanda ng mga kahoy na panluto at sila rin ang nagluluto. Noong unang mga panahon, ang pangangahoy sa gubat para sa panggatong ay karaniwang gawain.



Larawan 26. Kumbidado ang mga kapitbahay sa ritwal

Mga babae naman ang nagluluto ng kanin at naghahanda ng mga plato para sa kainan. Sa mga ganitong ritwal, hindi sinusunod ang oras para kumain, kundi ang proseso ng ritwal.



Larawan 27. Sëdpáng na inpotitpot

Ang isang natatanging katangian ng **shilos** o ritwal sa **sëdpang** ay ang pagsasabit ng malaking bahagi ng katawan ng baboy sa ibabaw ng pintuan ng bahay. **Inba-jat** o isinabit ang tawag sa alay na karneng ito. Kasama dito ang isang binti, bahagi ng tiyan, at ulo ng baboy. Kapag dalawang pares ng mga magulang ang inaalayan sa ritwal, dalawang pintuan ng bahay din ang sinabitan ng alay.



Larawan 28. Ang mambúnong at ang mga alay

Iniaalay sa pamamagitan ng dasal ng **mambunong** ang karne mula sa iba't ibang bahagi ng baboy sa unang pares ng ninuno ng mga may-ari ng bahay. Ang isang bilao ng karne ay tinatawag na **tafajag**. Ang mga maliliit na basket naman ay **sahob** at nagsisilbing plato ng mga inaalayan. Dahil dalawang pares ng mga ninuno ang inaalayan, dalawang set ng **atang** ang nasa sahi. Dalawang **salaw** o burnay ng **tapëy**, alak gawa sa bigas, ang naihanda, dalawang **tafajag**, at dalawang bilao ng iba pang mga alay. Dalawang magkatulad at magkasunod na dasal din ang sinambit ng **mambunong**.

Kasama sa ritwal na **sëdpang** ang pag-aalay sa mga ninuno ng mga bao para pag-inuman ng alak na **tapëy**, isang itak, isang **owil** o ang pinatulis na sanga ng kahoy at ipinampatay sa alay na baboy, at dahon ng gabi na may lamang dugo ng inialay na baboy. Mapapansin din ang paggamit ng Ginebra San Miguel at Royal Tru-Orange, tanda ng paghahalo-halo na ng mga katutubo at makabagong kagamitan.

Katutubong kaalaman ng mga Ibaloy ang paggawa ng kanilang sariling alak na gawa sa kanin. **Tapëy** ang tawag dito. **Buvod** ang tawag nila sa *fermentation agent* na ibinubudbod sa bagong lutong kanin na karaniwan ay pula (kintoman o balatinaw). Karaniwan ay babae ang gumagawa ng **tapëy**. Maaaring lagyan ng kunting tubig ang **tapëy** para dumami ang alak.



Larawan 29. Ang buni o pagkaing alay sa mga ninuno

Kasama sa mga alay sa mga yamao ang mga lumang gamit sa bahay at pagtatrabaho, at mga ginamit sa ritwal. Matapos ialay ng **mambunong** ang bahagi ng mga ninuno, ihahanda naman ang mga plato ng mga pamilya upang saluhan sa pagkain ang mga ninuno. **Puni/buni** ang tawag sa nakalatag na mga pagkain. Simple lang ang katutubong pagkain at makikita ito sa iniaalay sa isang ritwal: kanin, sabaw, karne, at

alak. Ang **mambunong** ang nangunguna at nagsasabi kung ano ang pagkasunod-sunod ng mga gawain sa isang ritwal. Siya ang may pinakamahalagang tungkulin sa ritwal ng mga Ibaloy. Iniimbata pa siya sa ibang lugar upang mamahala sa mga ganitong gawain.



Larawan 30. Pagsasayaw ng Mag-asawang Nagritwal

Matapos pakainin ang mga ninuno ay saka sila pasasayawin ng **tayaw**. Ipagsasayaw sila ng mag-asawang maybahay na nagdaos ng **ritwal**. **Tayaw** ang tawag sa sayaw ng lalaki at **sarong** naman ang sa babae. Dalawang kumot ang nakasampay sa balikat ng lalaki at isang kumot naman ang nakapulupot sa katawan ng babae. Umiikot sila sa **afay**, ang pinag-alayan at pinagkatayan ng mga baboy.



Larawan 31. Iniikutan ng mga Sumasayaw ang Afáy o Seremonyal na Katayan

Habang sumasayaw ang maybahay ay pinagparte-parte naman ang isinabit na karne sa ibabaw ng pintuan upang ipamahagi sa mga miyembro ng pamilya.

Sa isang **nglin**, ang mga maybahay at dapat lamang manatili sa loob ng tirahan upang maglinis at magmuni-muni sa katatapos na ritwal. Hindi pinahihintulutan ang mga **mahinbalëy** na pumunta sa trabaho, dumalo sa mga bahay-aliwan, o mag-ingay at magpatugtog ng malakas na musika sa loob ng bahay.

Sa katutubong paniniwala ngayon, ang kataas-taasang diyos ay si Kabunyan o si Apo Diyos/Shiyos. Si Kabunyan ay walang pinagkaiba sa Kristiyanong Diyos.

Sa Tublay naman, sinisimulan ang isang ritwal para sa mga yumao o **këdot** sa pamamagitan ng isang **dawít**. Kumukuha ang **mambunong** ng isang tangkay ng dayami, sisindihan ito mula sa puntod ng mga yumao at dadalihin sa paglulutuan ng mga alay na hayop. Maraming klase o bahagdan ang **këdot**. Isa dito ang **batbát** na hinihingi umano ng mga ninuno (këshaw ni apo, halimbawa kung sira na ang kanilang mga damit, ëdupok baro to). Nangangailangan ito ng anim na burnay (salaw) ng **tapëy**, baka, at **tayáw**. **Shawák** naman ang tawag sa Tublay sa ritwal na may nakasabit na bahagi ng baboy tulad ng hita o ulo sa ibabaw ng pinto. **Sëdpáng** ito sa La Trinidad at iba pang bayang Ibaloy sa timog. Ang iba pang ritwal ay **káfe**, **dëbón**, at **sápnak** o **kawëdo** (ika-walong araw matapos ang libing, **pëngikëshëng**, pagtatapos, walang **bâdiw**). Ang **káfe** ang pinakahuling kakataying baboy o **uwík** matapos ang araw ng kasal. Para ito sa mga magbibiyenan o **sankaísing**. Maaaring manbâdiw (katutubong pagkanta) ang manbúnong. Ang ritwal na **shëpës** ay nangangailangan ng tatlong baboy na iniaalay ng mga naulila. Ang **këdót** at **batbát** ay para sa mga yumaong magulang. Ang **dëbon** ay panggabing ritwal. Ang **sángbo** ay ritwal na nagtatangkang papasukin ang suwerte sa búhay ng isang tao. Maaari itong batay sa isang magandang panaginip. Sumusunod ito sa mga sistemang senyales na alam ng mga taumbayan. Halimbawa ay kung diumano ay binigyan ka ng malapad na tabako, nagbabadya ito ng malawak na lupain. Kapag naman binigyan ka ng dagá o usa, ito ay maaaring baboy. Ang **bëkúl** o pinatuyong kamote raw ay nangangahulugang pera. Kung bumubulusok naman daw ang dugo ng baboy na kinakatay ay maganda itong pangitain. Kapag naman tinamaan ng kidlat ang labas ng bahay ay kailangan itong gawan ng ritwal upang hindi kumagat ang masama.

Ang pinakamalaki ngunit bihira nang ritwal o **shilos** ay tinatawag na **pëshít**. Mas maraming baboy, kalabaw, at báka ang kinakatay dito, at mas malawak na lugar ang iniimbata para dumalo dito. **Dawít** ang isang ritwal na may kinalaman sa mga espiritu ng patay at mga buháy. Kailangang tawaging bumalik o umuwi ang mga nawawalang espiritu o kaluluwa tulad ng mga naaksidente, nahulog, hindi makatulog sa kanilang dáting higaan, o nagulat na mga tao dahil sa mga masasamang balita.

Khapuan ni dawit (Tublay)

Sahëy akhëw, ninëmnëm ni sahëy ya bagbaxisën na mëngësawa nëm wara komay ënpiyan son si-khato. Nanpaësas shi sahëy jën bii. “Nu piyan mo, man-ësawa kita say wara’y para kiyëw mo,” kuwan to. Nan-asawa ira. Sahëy anak sha.

Sahëy akhëw kuwan ni bagbaxisën nën asawa to, “Kita manpasiyal shi balëy mi.”

“Owën,” kuwan ni bii, “tuwa’y shandën?”

“Shima pa-dok, ëbam anak ta, uyon mo kayabang.” Pa-dok ngarud shindan sha.

“Tuwa’y balëy mo’d jay?”

“Shanshani, padok shandën ta.”

“Tuwa ngay?” kuwan mowan ni bii.

“Ënmutok kitë’n ëkhay,” kuwan ni bagbaxisën.

Wara’y sinbi shë’n tagpayën bato tan dëbëng. “Shiyay balëy mi, ëbam anak ta, ikaduvong mo kayabang, dëtëp ka.” Nëm ëmankëjang sota tuo’n bii.

“Si-khak ngarud on-ëba ni anak, ët ondëtëpak, unod ka,” kuwan ni bagbaxisën.

Alamat ng dawit (panunundo sa kaluluwa ng mga patay)

Isang araw, naisip ng isang bagbaxisën na mag-asawa kung may magkakagusto sa kaniya. Nag-anyong tao at nagpakita siya sa isang taong babae. “Kung gusto mo, mag-asawa tayo upang may mangangahoy para sa iyo,” sabi niya. Nag-asawa sila at nagkaanak ng isa.

Isang araw, sinabi ng bagbaxisën sa babae, “Mamasyal tayo sa bahay namin”.

“Sige,” sagot ng babae. “Saan dadaan?”

“Sa may ilog, kargahin mo ang batà sa likod at basket na kayabang.” At nanaog sila sa ilog.

“Nasaan ang bahay mo dito?”

“Malapit na, daan lang sa ilog.”

“Saan na?” tanong uli ng babae.

“Darating tayo mamaya,” sagot ng bagbaxisën.

Dumating sila sa isang malapad na bato at lawa. “Dito kami, kargahin mo ang bata sa likod, itaklob mo ang kayabang sa ulo, at sumisid ka sa tubig.” Ngunit lumulutang ang babae.

“Ako na nga ang kumarga sa bata, sisisid ako, at sumunod ka,” sabi ng bagbaxisën.

“Naku, kinain niya ang anak namin,” iyak ng babae. “Kinain niya

“Wëy, kinan to lay anak mi,” nangis ni bii, “kinan to anak mi!” Maësas to’y shala nodta dëbëng.

Binmu-day ali’y sahëy baniyas. “Nganto’y ka manëngis? Pan-ëmot kë’d diyang.”

Kinëshit ni baniyas sota bagbaxisën ni ay-ayam ët naavak sota bagbaxisën ingkaton mëtëy.

ang anak namin!” Nakikita niya ang dugo sa lawa.

Lumabas ang isang bayawak. “Bakit ka umiiyak? Magtago ka sa yungib.”

Hinamon ng bayawak ang bagbaxisën sa mga laro hanggang matalo ito at mamatay.

Sa Tublay, matagal na ring pumasok ang mga relihiyong tulad ng Romano Katoliko, Anglican, Born Again, Espiritista, Iglesia Ni Cristo, Pentecostal, Baptist, Bethel, at iba pa. Ayon sa mga tao, ang pagpasok ng mga bagong relihiyon ang isang dahilan kung bakit naglalaho na ang mga dáting kaugalian. Sinabi pa nila na may mga taong binabagayan ng mga bagong relihiyon, at hindi naman daw masama kung marami ang mga ito. Ang ilan daw sa kanilang mga kilala na umanib sa relihiyon ay natalikuran ang kanilang mga bisyo. Nagbubukas din daw ang mga bagong relihiyon ng mga pagpipilian.

MATERYAL AT DI-MATERYAL NA KULTURA AT TRADISYON

Sining

Isang importanteng konsepto na ipinaliwanag ni Editha Guzman (2019) ay ang kahulugan ng sining. Ayon kay Guzman, ang mga kakayahan o talento sa paglikha ng mga kagamitang gawa sa kahoy at **ëgwëy**, **ëbëy**, **uway** ay hindi lámang sining bagkus, ito ay kabuhayan (2019). Dahil sa hirap ng búhay, ang mga tao ay madalas na gumagawa ng sarili nilang mga kagamitan sa bahay sa halip na bumili.

Noon, ang mga katutubong sining ay kinabibilangan ng paggawa at pagdisenyo ng mga kagamitang bahay na yarì lamang sa kahoy at **uway** o ratan gaya ng mga tása (baso), **píngkhan** o plato, **shúyo** o mangkok na kahoy, **túngawan** o upuan, **shëtmog** o mababang upuan, mesa, pinto, kutsara, **ákdo** o malalaking kutsara, **dusúngan** o bayuhan, **pasikíng** (backpack), **digao** o bilao, at basket na may iba’t ibang uri, laki, at disenyo. Isang natatanging abilidad ng mga tao ang paggawa ng mga bahay na walang gámit na bakal at pako.

Samantála, ipinagmamalaki rin ng mga tao ang paggawa ng mga walis mula sa mga pinagbayuhan ng palay, mga kultural na mga tambol at gong, mga kahoy na hawakan ng mga pana, mga kalasag, at mga **atúp** o bahay ng mga itak. Ngayon, dahil marami na sa mga Ibalóy ang nakapagtapos at nag-aral ng mga sining ng iba’t ibang

rehiyon, may mga ilan na ring magaling gumuhit, magpinta, **mankanshiyón** o kumanta, umarte, **mansáda** o sumayaw sa tugtog ng mga modernong musika, at iba pa. Isang sining na maaaring idagdag ay ang paggawa ng mga tao ng **pakkúng** o musikal na instrumento na gawa sa kawayan. Ito ay tumutunog sa mahinang paghampas ng dulo sa mga palad.

Liban sa mga nabanggit, ang sining ng tattoo, **batëk**, o ang pagpinta sa katawan ay hindi na madalas makita sa mga komunidad na Ibalóy ngayon dahil mangilan-ilan lang sa kanilang mga ninuno ang mayroon nito (Guzman 2019). Dagdag pa ni Guzman, ang sining ay madalas makikita sa mga disenyo ng bahay, irigasyon, hagdang palayan, **tupíng** o kabite, at mga gámit sa bahay na gawa sa kahoy at ratan. Para naman sa mga kuwintas at pulseras, may katutubong halaman na ang bunga ay ginagawang *beads*. Ang tawag dito ay **tákjan**. Ang mabangong halamang-tubig, **shëngáw**, ay pinuputol at nilalagay sa dibdib ng mga sanggol bílang pantaboy ng masamá.

Literatura

Pagdating sa literatura, ang mga tao noon ay mayroong pabigkas na **istoryán bayág** o kuwentong bayan at **bombóntiya** o bugtong. Isa sa mga kinagigiliwang kuwentuhan ng kabataan ay ang tungkol sa mga **ampasit**, mga **angël** o **bangáw** o multo, at iba pa.

Ang mga matatanda naman ay madalas magkuwentuhan tungkol sa mga **tunton** o salinlahi, mga kultural o tradisyonal na pagtitipon at selebrasyon, mga mabibisang paraan ng pagtatanim, pangangaso, paggawa ng mga kahoy na kagamitan, at iba pang mga kaganapan sa buhay nila.

Ang mga **bombóntiya** noon ay isa sa mga pinagkakaabalahan ng mga bata. Ito ay dahil sa iilang bahay pa lamang noon ang may koryente, telebisyon, at radyo samantalang wala pang mga kompyuter, internet, at *cellphone*. Subalit ngayon, halos lahat na ng mga tao sa mga komunidad ng Ibaloy ay may kompyuter, internet, at *cellphone* kayâ ang mga pabigkas na mga **istoryán bayág** at **bombóntiya** ay hindi na alam ng kabataan.

Kapag may pagkakataon ay inaawit ng mga matatanda ang **bâdiw**. Ito marahil ang pinakatampok na porma ng katutubong awit ng mga Ibaloy. Ito ang nakagawiang porma ng pagdarasal, pakikipagtalastasan, at paglalaro sa wika ng mga matatanda habang nag-iinuman. Sinisimulan ng isang tao ang **bâdiw** sa pagsambit ng linyang karaniwan ay may pitóng pantig, at may nakatakdang payak na tono. Ang bawat linya naman ay uulitin nang mas mahaba, gamit ang nakasanayan ding tono, ng mga ibang taong nakapaligid. Ang tawag sa pag-uulit na ito ay **ásbayat** o **ëtúb**, at man-**ásbayat** ang mga táong kakanta nitó na karaniwan ay mga babae. Dalawang porma ng tono ang salit-salitang ginagamit hanggang mabuo at matapos ng isang **manbâdiw** ang kaniyang mga sasabihin. Susunod o sasagot naman ang iba. Sa **bâdiw** makikita ang galíng at lalim ng isang tao sa kaniyang wika. Malalaman din sa **bâdiw** ang kakayahan ng isang

tao sa pagtutugma at paggamit ng mga talinghaga. May mga **bâdiw** na seryoso, may mga nagpapatawa, at may mga nanloloko. Kung ayaw ng mga **man-ásbayat** ang **bâdiw** ng isang tao, sasabihin nila ito at hindi sila **mag-aásbayat**. Hindi rin iisa ang kuwento ng mga taong diumano ay nasaktan o napikon dahil sa **bâdiw**. Ngunit dahil bihira na ang may alam nito, sa mga modernong talumpati na lang naririnig ang galíng ng mga tao sa paggamit ng wikang Ibaloy sa diskurso.

Karaniwan ay sa mga matatanda galing ang mga kuwento at bugtong. Ganoon din ang mga magagandang **bâdiw**. Mayroon ding mga babaeng kilala sa kanilang galíng sa pagkukuwento at pagba-bâdiw. Bihira ang mga batàng pinapayagang mag-bâdiw. Sa mga Ibaloy, magaling ang isang taong marunong makinig at naaalala ang mga naririnig at nakikita, lalo na kung batà pa. Narito rin ang isang halimbawa ng kuwento na may pagkakaiba sa pagsasalaysay sa iba't ibang komunidad ng mga Ibaloy:

Shíva ni Bíin Talaw (Tublay Central)	Ang Alamat ng Babaeng Tala
<p>Waray sahëy baludahin waray payëw ton ëshanuman. Waray in-ësëk ton pising nga kinmavay. Pinsak idi ënto bisitaën, ëkhabkhavot pising.</p> <p>Palbangon ni sahëy akhëw, inun-an toy shuwën talaw i nandavos tan ëman-amës shi tënëng. In-ëmot toy baro ni talaw, insëksëk to shi ëdët.</p> <p>Idi mëkshëng irën man-a-mës, sota sahëy talaw tinmayab da. “Waray ikuwan ko son si-kam,” kuwan nonta baludahi nonta ebay-an na talaw, “piyan mo man-ësawa kita.” To di inda sota in-ëmot ton baro ët nan-asawa ira.</p> <p>Sota dahi mainom. “Mëmaptëng si asavak,” to kaipinpinshuwa tan to kaidasdstog nëm mëbutëng.</p>	<p>May isang binatàng mayroong bukid na umaapaw sa tubig. May itinanim siyang malagong gaái. Nang minsan niyang tingnan, sira-sira ang mga ito.</p> <p>Isang madalíng araw, nakita niya ang dalawang talà na nakahubad at naliligo sa kaniyang bukid. Itinago niya ang damit ng isang talà, isiniksik niya sa mga damo.</p> <p>Nang matapos maligo ang dalawang talà, lumipad na ang isa. “May sasabihin ako sa iyo,” sabi ng binata sa naiwang tala. “Kung gusto mo, mag-asawa tayo.” Kinuha at isinauli ng binata ang damit at nag-asawa sila.</p> <p>Lasinggero ang binata. “Napakaganda ng aking asawa,” paulit-ulit niyang pagmamayabang tuwing siya ay lasing.</p> <p>Nainis ang talàng asawa at lumipad pabalik sa langit.</p>

<p>Inmëgjat sota bii ët tinmayab tan nan-uli shi naykayang.</p> <p>Waray shuwën anak sha. Sota talaw kaondëspag ali nëm mëdëbi ja to asën i panguduan jën anak sha. “Kudtali mowak nu wara di,” tugon nën tatang to. Nëm ëbutëng sota tatang to ët ëg binmangon nontan na edavi.</p> <p>“Inkëdsang ko ngo kudtal ko nem ëg ka binmangon,” kuwan ni panguduan.</p> <p>“Kalat moy tangidak,” bilin nonta tatang. Nëm nonta dinmëspag mowan ali sota talaw, ëg mowan ëbangon. “Nganto, wara da?”</p> <p>“Wara da, kindat ko ngo ëy,” kuwan ni anak.</p> <p>“Ikëdsang moy kalat,” kuwan nonta tatang, nëm ëg kari mowan ëbangon. “Warë da? Inkëdsang mo?”</p> <p>“Inkëdsang ko.”</p> <p>Sahëy davi, dinmaw mowan ali sota talaw. Inda to sota orishiyan. Idi inkayang to la, nay-uli di ët inda to sota anak ton ëbay-an.</p> <p>“Unorën ko ga pâdok,” kuwan nonta dahi. Idi apsulën toy aso, kuwan ni aso, “Panadong ka la, ibag-im si apëngat no amta toy shalan shi naykayang.”</p> <p>Nanbutbutëng ma sota dahi.</p>	<p>Mayroon silang dalawang anak. Bumababa ang talà tuwing gabi upang dumalaw sa panganay na anak. “Sipain mo ako kapag dumating siya,” tagubilin ng tatay. Ngunit nalasing na naman siya at hindi nakabangon noong gabing iyon.</p> <p>“Nilakasan ko naman ang sipa ko ngunit hindi kayo bumangon,” sumbat ng panganay.</p> <p>“Kagatin mo ang tainga ko,” sabi ng tatay. Ngunit nang bumaba ang talà, hindi na naman siya nagising. “Ano, bumaba siya?”</p> <p>“Pumarito siya, at kinagat ko ang tainga n’yo,” sabi ng panganay.</p> <p>“Lakasan mo ang kagat,” sabi ng tatay, ngunit hindi rin siya bumangon. “Pumarito siya? Nilakasan mo?”</p> <p>“Nilakasan ko.”</p> <p>Isang gabi, dumalaw na naman ang talà. Kinuha niya ang kanilang bunso. Bumalik siya at kinuha rin ang naiwang panganay.</p> <p>“Susundan ko sila sa ilog,” sabi ng tatay. Nasalubong niya ang aso na nagsabi sa kaniya, “Bumaba ka at tanungin mo ang langaw kung alam niya ang daan patungong langit.”</p> <p>Naglalalasing na lámang ang lalaki.</p>
--	---

Sayaw

Ang tawag sa katutubong sayaw ay **táyaw**. Noon, ang **táyaw** ay sinasayaw lámang ng mga tao kung may importanteng pagtitipon at mga ritwal na may kinalaman sa mga yumao o ninuno. Hindi sinasayaw ang **táyaw** sa mga kasalan at mga selebrasyon na walang mga inaalay na **tapëy** at baboy. Ito ang dahilan kung bakit hindi rin tinugtugtog ang mga tradisyonal o kultural na instrumento kung wala namang **mambúnong** na magdarasal.

Sa isang **táyaw**, isang lalaki at isang babae ang sasayaw nang magkapares at susundan sila ng mga taong tumutugtog ng gangsang **pínsak**, **khálsa**, at **tiktik**, **taktahidi** o palas na kahit anong pares ng bakal. May dalawa ring táong humahampas sa mahabang kahoy na tambol na tinatawag na **sulibáw**. **Sulibáw** din ang tawag sa mas maliit sa dalawa at ang mas malaki ay **kímbal**. Karaniwang sinasabayan ng **tiktik** ang ritmo ng **sulibáw**. Ang **khálsa** naman ay tuloy-tuloy na sinasabayan ang **sulibáw** at nagbibigay ng pagkakakilanlan sa tunog Ibaloy. Hawig ng kaniyang pangalan, ang **pínsak** ay pumapasok paminsan-minsan nang malakas. Ang humahawak nito ang nangunguna sa pag-ikot, at siyang tagapagbigay ng mga kumot sa mga sasayaw. Alam niya kung sino ang mga dapat sumayaw, magkapares, at kung paano ang kanilang pagkasunod-sunod. Kailangang kompleto ang limang tagatugtog ng limang instrumento, hindi gaya ng ibang grupo na gangsa lamang ang pinapatunog.

Lalaki ang magsisimula ng sayaw habang kumakandirit paikot. Ang kaniyang dalawang braso o bisig ay maaaring nakadipa na ang palad ay nakalabas, maaaring nakalahad ang kamay pataas, o magsasalítang taas-baba ng mga braso o bisig, at iba pa. Mayroon ding mga taong sumasayaw na kumukumpas ng kanilang mga palad kasabay ng tunog ng **sulibáw**. Sa pagsasayaw ng **táyaw**, dalawang kumot and nakaalampay sa dalawang magkabilang balikat ng lalaki. Isang klase ng kumot ang **shíndi** at ito ay madalas ginagamit ng mga **báknang** o mga taong maykáya. Ngunit ngayon, ang mga ordinaryong kumot sa bahay ay maaaring gamitin. Ang mga **ulës** o kumot noon ay sumisimbolo sa katayuan o estado ng pamilya. Ito ang dahilan kung bakit ang mga taong may mga **payëw**, lupa, at mga alagang hayop ang madalas magdaos ng mga ritwal.

Saróng naman ang tawag sa sayaw ng babae. Gaya ng lalaki, ang babae ay kumakandirit paikot habang sumusunod sa kapares. Ang kamay at braso/bisig ng babae ay dapat katulad sa sungay ng kalabaw. Ang mga palad ay dapat na nakaharap palayo sa manananayaw. Ang mga bihasang sumasayaw nito ay kayang patigas ang kanilang mga balikat at kamay upang ang kanilang pang-itaas na bahagi ng katawan ay maaaring ibaling sa kaliwa at kanan. Hindi dapat unahan ng babae ang kapares sa sayaw maliban kung sila ay sadyang nagpalit ng ginagampanan. Sa kabuoan, parang naglalarong tandang at inahing manok ang sayaw ng lalaki at babae, na umiikot sa isang bilog kasama ang dalawang nagka-**khálsa** at nagti-**tiktik**.

Sa mga pormal na **táyaw**, ipinapares ang mga táong magkapantay sa estado sa búhay. Samantála, kung walang ibang babae o lalaking sasayaw, maaaring kapuwa babae o lalaki ang gaganap upang mayroong pares na sasayaw. Ang babae ay gumagamit lámang ng isang kumot at ito ay nakasampay sa isang balikat at nakabuhol sa kabila sa bandang kilikili. May tiyak na posisyon at paraan ng pagtali nito. Sa mga hindi pormal na **tayaw**, tulad sa kasal at reunion, mga **adiváy** (socialization), maaaring magpapalitan ang babae at lalaki ng mga kumot at puwesto.

Sa Tublay at ibang bayan, may **tayaw** din silang tinatawag na **këdaring**. Ito ay nangangailangan ng walong pares ng mananayaw, depende sa espasyo, at ang isang pares ay sumasalungat o iikot sa gilid ng grupo ng sumasayaw. Ipinagsasayaw ng mga nása salungat na direksiyon ang mga namatay dahil sa mga hindi natural na dahilan, tulad ng mga nabaril, naaksidente, atbp.

May katungkulan din ang **mambúnong** sa pormal na **táyaw**, ang mga unang sayaw sa isang okasyon. Matapos ang ilang ikot ng **táyaw**, na karaniwan ay dalawa, lalapit at tatayo siya sa harap ng lalaking mananayaw. Pahihintuin niya ito kasama na ang iba sa pag-ikot, at kaniyang babasbasan ang nagta-**táyaw**. Ang unang taghoy ng **mambunong** ay senyas ng pag-uwág ng mga taong nanonood. Ang **uwág** ay pagsigaw ng dalawang u-ú-way at dalawang wooh! habang binabasbasan ng mambúnong ang nagta-tayaw. Susundan din ito ng pagpapainom ng alak sa lahat ng mga kasali sa pagsasayaw. Dalawang **uwág** ang kailangan ng isang kompletong **tayaw**.

Noon, hindi kasama ang kabataan sa lahat ng mga pagtugtog at pagsasayaw na ito. Ngayon, inaaral na ito sa ilang mga paaralan at Schools of Living Traditions ng National Commission on Culture and Arts. Hinihikayat na rin ito ng programang Indigenous Peoples' Education ng Kagawaran ng Edukasyon.

Sa Tublay, maganda raw na ang pagta-tayaw ay nababagay sa tunog ng mga instrumento, **naykúmpas shi khálsa**. At ang iba-ibang mga instrumento din ay dapat nagtutugma. Sa babae, maganda raw kung alam niya ang paggamit sa kanyang paa. Sa **bâdiw** naman, magaling daw ang isang taong nababagay ang kaniyang mga linya sa okasyon. Hindi rin daw maganda ang **bâdiw** na tabi-tabingi sa haba at pares. Magaling din daw ang isang taong alam niyang gumawa ng mga nagtutugmang linya ng **bâdiw**. Hindi raw maganda ang mga linyang basta-basta at humahantong sa away o **warây manbëkal** at di-pagkakaunawaan o **kulkól**.

Arkitektura

Noon, ang mga bahay ay yari sa kahoy at ang bubungan ay yari sa mga **dëma** o mga tuyong damo at dahon gaya ng **runo** (sápsap) at kugon. Ang mga dingding noon ay gawa sa mga **bïdo** (stick), kawayan, o **tábda** (malalapad na kahoy). Ang **shë-tal** o **shâtal** o sahig naman ay gawa din sa tabla o makapal na kahoy o **tábda**. Ang mga **táwa** o bintana at **doshúhan/usúhan/duwárgan** o pinto ay gawa din sa mga kahoy o sa

kawayan. Upang isara ang mga bintana at pinto, kahoy o bakal ang mga ginagamit na **tēlbēk** o kandado. Ang palikuran noon ay hindi matatagpuan o nakadikit sa bahay. Ang mga ito ay madalas nakatago sa **búdayan** sa labas o likod ng bahay o malapit sa mga kakahuyan. Ito ay gawa din sa kahoy at ang lupa sa ilalim ay nabungkal upang maging palikuran.

Ang mga karaniwang Ibaloy na bahay ay **kinaóng** o may parisukat na itsura ng kubo. Mga **pēdēd**, **sapsáp**, **dēm̄ma**, **paúl**, **bīdo**, at **khulón** o mga runong may dahon pa at kugon ang ginagamit na bubong ng bahay. Ang mga ito ay itinatali gámit ang mga **vahál**, **wakál**, **shaynón**, **ikdîg** o mga báging na makukuha sa mga gubat. Upang hindi madaling masira ang tali, minsan ay dinodoble ang **khalót** o tali sa mga poste at bubong. Matitibay na gamiting poste ang mga katutubong kahoy na **sagát** at **tuwēl**.

Minsan din, ang mga **shingshing** o dingding ay gawa sa mga **ángdil** o kawayan. Kung malaking bahay, marapat lamang na ito ay **pinēshēk** o magkaroon **parēk** o malalaking poste.

Ngayon, karaniwan sa labas ng bahay na mayroong **dutuan** o *dirty kitchen* na nakahiwalay para hindi mausukan ang bahay dahil ang gámit sa pagluluto ay mga kahoy lámang. Bukod dito, mayroon ding **shákilan** o tatlong batong halos magkakatabi na ginagamit upang pagsunugan ng balahibo at lutuan ng mga hayop na kinakatay sa mga tradisyonal o kultural na pagtitipon. Dito rin karaniwang iniimbak ang mga kahoy na panluto.

Noon, mayroon lámang iisang palapag ang mga bahay. Sa loob ng bahay, walang mga hati para sa kuwarta, sa kainan, sa salas, at sa lutuan. Kapag pumasok ang isang tao sa loob, nakikita niya lahat ang sulok. Mayroong lutuan sa loob ng bahay dahil dito nagluluto ang mga tao kapag umaga o umuulan. Ang **shēp-ulan** o lutuan sa loob ng bahay ay madalas ginagamit upang **mēnangsháng** o magpainit ang mga tao kung bumabagyo o malamig. Ang lababo na hugasan ng plato at kaldero ay maaaring nasa labas din ng bahay dahil ang tubig ay iniigib pa sa mga **pâdok** o ilog at **tēbtēb** o bukal.

Sa loob din ng bahay ay mayroong tinatawag na **balēg** o imbakan ng mga palay na naani mula sa **payēw** at úma, mga kahoy, at **salēng** o *pine wood*. Ang **balēg** ay isang imbakan na nakadikit sa bubong at dingding na madalas nasa itaas ng lutuan. Maaari ding ang buong ilalim ng bubong ay imbakan o **safatan**. Dahil walang koryente at mga kagamitang mag-iimbak ng mga karne, ang mga tao noon ay mayroong **suólan** o pinagpapausukan at mga pinagsasabitan ng karne sa taas ng **shēp-ulan**. Ang mga napausukang karne o **khinúday** ay maaaring tumagal nang halos isang buwan at mahigit pa kung patuloy itong nauusukan. Ang **bintēwan** naman ay ang pinaglalagyan ng ilaw.

Ang **damisáan** o mesa at ang mga **tungáwan** o upuan ay yarì sa kahoy. Mayroong mabababang mga upuan na tinatawag na **shētmóg**. Simple at kapaki-

pakinabang ang mga kagamitan sa loob ng bahay dahil hindi gaanong malawak ang espasyo. Ang mga karaniwang basket na makikita sa loob ng bahay ay ang **sëdëd** o hugis parisukat na basket na may katamtamang laki at ang **dangája** o ang hugis bilog na basket na halos limang beses ang laki sa **sëdëd**. Ang **sëdëd** ang pangunahing lalagyan ng mga nalutong **dúkto** habang ang **dangája** ang pangunahing imbakan ng isang bungkos o singay ng naaning palay. Ang **dúkto** naman ay hinihiwa at inilalagay sa **digáo** (bilao) upang patuyuin sa araw. Ang tawag sa napatuyuang kamote o kamoteng kahoy ay **bëkol**. Kapag tuyô na ito, binabayo muna upang gawing harina.

Sa bubong o dingding ng bahay ay mayroong mga nakausling mga **uwík** at **pangál** na ginamit sa mga tradisyonal at kultural na selebrasyon o **shilos**. Halos lahat din ng bahay ay mayroong **bájuan** o kahoy o bato na ginawang pagbabayuhan at **bayó/dádo/ádo** o pambayo dahil ang mga tao ay hindi bumibili ng bigas. Sa halip, sila din ang nagtatanim at nagbabayo ng lulutuín at kakainin nilang bigas. Ang ibang bahay naman ay mayroon mga **dësúng** o patayong pinagbabayuhan ng palay na maaaring gawa sa kahoy o bato. Samantalang ang mga iba ay mayroong mga **baáwan**, **táltagan**, at **kádungkong** na mga pahabang bayuhan na maaaring sabay-sabay ang dalawa o tatlong nagbabayo.

Maliban sa mga ito, mayroon ding mga **saláw** o **pítik** o maliit na banga na madalas imbakan ng tubig at gawaan ng **tapëy**. Ang **tapëy** ay ginagawa ng mga tao mula sa nalutong kaning **kíntoman** o **bitálkha** (pulang bigas na bagay sa tapey), o **balatínaw** (violet na bigas) at **buvód** (yeast) na noon ay kanila ring ginagawa.

Hindi kalayuan sa mga bahay, makikita ang kulungan ng mga alagang manok at baboy. Sa ibang lugar, hindi nakakulong ang mga manok. Ang likod ng mga kulungan ay madalas taniman ng mga kahoy dahil ang mga dumi ay ginagawang pataba ng mga tanim.

Ngayon, ang mga bahay ay yarì sa kongkreto o semento, mula sa sahig, dingding, at bubungan. Bago nitó, yero at kahoy ang mga bahay. Ang mga mayayamang pamilya ay mayroong halos tatlo o mas marami pang palapag habang karamihan ay mayroong dalawang palapag. Sa loob ng bahay, halos mayroon nang mga hati kayâ hindi na makikita ng isang tao ang lahat ng sulok kapag pumasok sa loob. Ang mga pinto ay yarì na sa bakal habang ang ibang bahay naman ay mayroong ikalawang pinto na yarì sa kahoy at *screen door*. Kahit na kongkreto na ang kanilang bahay, ang ilang Ibaloy na tahanan ay mayroon pa ring mga palikuran at lutuan sa labas ng bahay. Ang mga palikuran ngayon ay halos sementado na mayroong bubungan at *tiles*.

Sa loob ng mga bahay, ang sahig kahit kongkreto ay maaaring pinatungan ng mga baldosa at *floor mat*. Hindi hamak na mas maluwan ang loob ng mga bahay ngayon kaysa noon. Dahil mayroon nang koryente, mas maraming kagamitan sa loob ng bahay at halos iilan na lang ang mga gawa sa kahoy. Ang mga upuan at mesa ngayon ay halos gawa sa plastik gaya ng mga *monoblock*. Subalit, may mga bahay naman na

mayroon pa ring mga gámit na gawa sa kahoy. Ang lababo at hugasan ngayon ay mayroon nang sariling espasyo sa loob ng bahay sa unang palapag kung saan madalas matatagpuan ang sala, lutuan, kainan, at hugasan. Madalas sa pangalawa at pangatlong palapag makikita ang mga kuwarto.

Noon hanggang ngayon, mayroong mga dinaraos na mga kultural o tradisyonal na ritwal sa isang bagong tayong bahay. Ito ay ginagawa upang ang mga yumao at ninuno ng pamilyang maninirahan ay makakapasok sa loob at tutulong sa pamilya. Ang ritwal sa pagbubukas ng bahay ay tinatawag na **diyáw**.

SIKLO NG BÚHAY

Paglililihi at Panganganak

Isa sa mga paniniwala o kaugalian sa **ngínaw** o paglililihi noon ay ang hindi pagpapagabi sa kalsada o ang hindi pananatili sa labas ng bahay ng nagdadalantao. Pinaniniwalaang may hindi magandang epekto ang dilim sa ipinagbubuntis.

Noon, ang mga buntis din ay hindi hinahayaang kumain ng **nanbíring** o magkadikit na bunga ng saging dahil maaaring maging kambal daw ang ipinagbubuntis. Noon din, bawal tumingin ang nagdadalagtao sa mga hayop na may kapansanan gaya ng mga hayop na pilay o paika-ikang maglakad dahil maaaring mapilay ang sanggol. Pinapaniwalaan din na bawal kumain ang buntis ng mga pagkaing mabalahibo ang bunga o dahon gaya ng kalabasa.

Ngayon ang mga pamahiin at kaugaliang nabanggit ay hindi na gaanong pinapaniwalaan sapagkat ang mga kalsada sa gabi ay may ilaw na, at maging sa pagkain ay masusustansiyang gulay at prutas ang ipinapakain sa mga nagdadalantao.

Pagkabata

Ang **kuyát** o **múyang** o bagong silang na batà ay deretsong iniiuwi ng mga magulang sa bahay mula sa ospital o *birthing center*. Noon, ang panganganak ay ginaganap sa bahay spaagkat ang mga ospital at klinik ay malayo. Subalit ngayon, halos lahat ng mga **malúkón** o buntis ay mas pinipili o inuutusan ng pamahalaan na manganak sa mga ospital.

Ang **ngânga** o sanggol ay madalas pinaaarawan tuwing umaga. Pinapaniwalaang mas lumalakas ang bata sa gawaing ito. Isang kaugalian na patuloy na pinaniniwalaan hanggang ngayon ay ang pagsusuot ng **běngaw/shěngaw**. Isa itong mabangong ugat sa bagong silang na sanggol upang maitaboy ang mga **gwaygway** o salita at inggit mula sa ibang tao. Noon, ang mga sinampay na damit ng sanggol ay hindi hinahayaang maiwan sa labas ng bahay sa gabí dahil ang mga tao ay naniniwalang

kapag dumaan ang mga masasamang elemento, maaari nilang kunin ang **díndinawa** o espiritu ng batà mula sa mga nakasabit na damit.

Ang batàng lalaki ay tinatawag na **khuván** o **ugáw** samantálang ang batàng babae ay **ëbéy**. Ngayon, madalas na ginagamit ang **ambót** at **ambít** para sa mga batàng lalaki at babae. Ang mga batà pagsapit ng edad na tatlo o apat ay sinisimulan ng magulang na patigilin sa pagdede. Ang **nápsò** ay ang batang napahintong dumedede. Subalit, kung ang batà ay **nádi** o nasundan ng kapatid, sapilitan siyang **pëpsòën** ng magulang. Ito ay ang paglalagay ng sili sa súso ng ina hanggang masanay siyang hindi na sumususo. May mga batà rin na sa edad na isa o dalawa ay **mansëngí** kayâ't sila ay sapilitang pinahihintong dumedede dahil kinakagat na nila ang kanilang dede. Kapag ang mga batà ay nagpapalit ng ngipin, marami sa kanila ang nagkakaroon ng di-mabuting pakiramdam.

Pagbibinata o Pagdadalaga

Ang mga dalaga at binatang nása tamang edad na o **naspët** ay dumaraan sa maraming pagbabago. Ang **naágál** o ang pagbabago ng boses ng lalaki ay isang palatandaan na ang batang lalaki ay **baludáhi** o nagbibinata na. Samantalang sa mga batang babae, siya ay **manmëdmëshíhit** o nagdadalaga na kapag siya ay **ëbagbág** o **nanbadiyang** o nakapagregla na. Maliban sa mga pisikal na pagbabagong ito, itinuturing din **baludáhi** at maríkit ang lalaki at babae kung sila ay marunong na sa buhay, káyang magdesisyon para sa sarili, at may natapos o trabaho.

Ang mga nagbibinata at nagdadalagang kabataan ay marapat lámang na turuan ng kanilang mga magulang ng mga gawaing bahay. Parehong itinuturo sa **baludahi** at **balasang** ang mga gawaing bahay at ang pagtanim ng mga bulaklak o palay sa **umá** (palayan) o **gardín** (taniman).

Kung ayaw mag-aral ng mga nagbibinata at nagdadalaga, sila ay inuutusang tumulong na maghanapbuhay. Ito ang dahilan kung bakit mas marami sa kanila ang nagsisipag-aral nang mabuti upang hindi magbabad sa **gardín** o **uma**. Isang madalas ihabilin ng mga magulang sa mga nagbibinata at nagdadalagang kabataan ay ang pag-iwas na **makigayëm** o makipagrelasyon upang hindi mahati ang pansin sa pag-aaral. Noon, ang salitang **gayëm/khajëm** ay tumutukoy sa mga kaibigan lamang. Dahil mas konserbatibo ang mga taon nuon, ang simpleng pag-usap ng isang binata at isang dalaga sa harap ng mga kaibigan at ibang tao ay binibigyan na ng kahulugan. Ito ang dahilan kung bakit hindi hinahayaan ang mga binata o dalaga noon na mahuling may kausap, kalaro, kasabay maglakad, at kaakbay na dalaga o binata dahil ito ay nangangahulugan ng isang relasyon.

Subalit ngayon, ang mga pag-uusap, pagsabay maglakad ng isang babae at lalaki ay hindi na binibigyang kahulugan. Sa halip, ang panliligaw ngayon ay dinaraan

na sa mga makabagong teknolohiya gaya ng mga social media platform, dating site, at ang *direct messaging* o text.

May Sapat na Gulang

Ang mga dalaga at binatang may sapat na gulang ay inaasahang **nantórpos** o nakapagtapos na ng pag-aaral at may trabaho. Malimit sa kanila ang mga nagtrabaho sa ibang bansa upang tumulong sa gastusin sa bahay o tumulong na patapusin sa pag-aaral ang mga nakababatang kapatid. Subalit, kung wala nang mga responsibilidad, ang mga dalaga at binatang may sapat ng gulang ay hinihikayat ng mga magulang na mag-asawa at magkapamilya.

Marami sa mga taong may sapat ng gulang ang may asawa na o **naasáw-an**. Bukod dito, sila din ay **ëkhának** o **ëshahël anák** o may maraming anak. Gayunman, hindi lahat ng mga dalaga at binatang may sapat na gulang ay nag-aasawa sapagkat may iilan na nais na lamang **man-óbda** o magtrabaho, magpalago ng negosyo, mamasyal o maglakbay sa iba't ibang , at iba pang mga dahilan. Walang masamang kaugalian o pamahiin ang nagbabadya sa mga táong hindi nais mag-asawa subalit ilan sa kanila ay tinutukso o tinatawag na **baák** o **ëbaákan** o matandang dalaga at binata. Ang **balásang nga ëbâkol** ay tumutukoy sa dalagang hindi nag-asawa at ang **baludáhi** naman sa lalaking hindi nag-asawa.

Ang mga dalagang hindi nag-asawa ngunit nakipagsiping na ay tinatawag na **ëngáwa**, **nay-aról**. Ang mga *single mother* ay tanggap sa komunidad ng Ibaloy at walang diskriminasyon mula sa pamilya at mga tao. May mga mag-asawa naman na walang anak dahil sila ay **ëbasig** o hindi makapanganak. Ang mga **ëbásël** ay ang mga babaeng nakunan dahil sa aksidente o iba pang mga dahilan. Kapag namatay sa sinapupunan ang batà o ang nanay, may mga ritwal at kaugaliang dapat sundin.

Katandaan

May mga nakatatanda na hindi na pinahihintulutan ng mga anak na magtrabaho. Ang mga nakatatanda ay madalas nananatili sa sariling bahay o sa bahay ng mga anak upang mag-alaga ng mga apo. Dahil may mga nakatatanda na mahina na at madalas may iniindang sakít, sila rin ay hindi hinahayaang mag-isa. Subalit ngayon, may mga nakatatanda na hindi sanay mamalagi sa bahay kayâ sila ay patuloy na pumupunta sa mga **gardín**, **umá**, o **payëw**.

Ang mga nakatatanda ay gustong-gusto ring maglinis sa loob ng bahay o dumalaw sa mga kaibigan at makipagkuwentuhan. Kapag sila naman ay nagbantay ng apo, isinasama nila ang kanilang mga apo sa mga lugar na nais pasyalan. Sa mga edad na 60 pataas, halos lahat ng mga matandang babae ay **ëngavós** o **ëngiráng**. Dahil dito, mas ninanais nila o pinapakiusapan silang magbantay ng mga apo. Maaaring aktibo na rin sila sa mga pagpupulong at gawain ng mga *senior citizen*.

Mapapansin din na ang mga **ësihën** o nakatatanda ay gustong-gustong dumadalo sa mga pagtitipon na may kinalaman sa mga tradisyonal o kultural na ritwal at kaugalian. Mahilig din silang magkuwento sa mga apo ng kanilang mga karanasan at danas, maging ito ay masaya o malungkot. Madalas nilang ikuwento ang búhay nila noong sila ay batà pa at ang kaibahan ng buhay noon at ngayon.

Marami sa mga **ëbâkul** at **ëdahay** ang hindi mahilig sa mga gadyet maliban sa *cellphone* na pantawag, pan-text, at panonood ng mga retrato ng mga apo o kamag-anak sa *Facebook*. Karamihan sa mga **naáma** at **naína** ay mahina na, kayâ marami sa kanila ang may suot na mga antipára, *hearing aid*, o mga **baston**, **suwán**.



Larawan 32. Pagdadamayan at Pagtutulungan sa Panahon ng Kamatayan

Naghahanda ang mga tao dito para sa isang libing. Nagtutulungan sila sa paghahanda ng pagkain. Ang tawag nila sa mga taong naghahanda ay mga nagkomite (komite sa pagluluto). Maraming mga kamag-anak na nakatira ngayon sa Baguio at iba pang lugar sa labas ng Tublay ang umuwi rito para makipaglibing.



Larawan 33. Pagtutulungan sa Paghahanda ng Pagkain sa Isang Libing

Mapapansin na mas maraming lalaki ang sangkot sa paghahanda ng pagkain, lalo na sa pagtadtad sa mga karne. Ang tawag nila sa mga nagtatrabahong ito ay mga nagkomite.



Larawan 34. Kani-kaniyang Dalá ng Itak para sa Pagtadtad

Ang mga okasyong ito ang nagsisilbing pagkakataon ng pag-aaral sa mga kaugalian at halagahan ng lipunan. Dito rin nagkikita ang mga taumbayan at nagbibigkis sa kanila.



Larawan 35. Maramihang Pagluluto

Karaniwang nagkakatay ng mga malalaking hayop tulad ng kalabaw at/o baka tuwing libing ng isang matanda. Kung gayon, hindi mga damo (tulad kung sa baboy) ang ginagamit na sapin (**afáy/apáy**) sa katayan kundi sanga ng mga malalaking kahoy. Alam ng kalalakihan kung anong uri ng mga kahoy ang puwede para dito.



Larawan 36. Pagdadamayán sa Paghihintay at Pagtutulungan

Inaabot din ng ilang araw ang lamay para sa isang patay lalo na kung ito ay matanda. May mga pamilya ring nagbibilang ng tamang araw bago ang libing. Sa mga maykaya, may iniaalay na hayop bawat araw ng lamay.

PARTISIPASYON SA PAMBANSANG KULTURA

Hindi maikakaila na ang etnolingwistikong pangkat ng Ibalóy ang may pinakamalaking populasyon sa Bineng at sa Tublay Central. Gayunman, hindi nitó ipinahihiwatig na tiyak ang pagkakahiwalay ng mga etnolingwistikong pangkat o ng kanilang kultura sa isa't isa.

Edukasyon

Dahil sa implementasyon ng Mother Tongue-Based Multilingual Education, ipinalalagay na ginagamit ang Ibaloy sa pagtuturo sa mga baitang 1–3. Subalit, sa pakikipanayam sa mga guro at magulang, ang wikang ginagamit sa mother tongue-based education ay Ilokano. Ito ay dahil ang mga materyal na ipinadala sa mga yunit, halimbawa sa Sitio Bodiweng, ay nasa wikang Ilokano. Ito rin muna ang ginagamit ng mga guro habang wala pa silang nabubuong mga materyal sa Ibaloy. Gayundin, kulang sa kasanayan o maaaring hindi pa nananalig ang mga gurong nagtuturo sa mga baitang 1 hanggang 3 sa kanilang kakayahang magsalita ng Ibalóy sa isang pormal na espasyo kagaya ng klasrum. Ang ganitong kalagayan ay marahil dahil sa kakulangan ng pormalisasyon ng wikang Ibaloy sa pamamagitan ng mga laganap na akdang naisulat sa Ibaloy o maging sa mga materyal sa Ibaloy na maaaring gamitin sa pagtuturo. Gayundin, ang wikang unang itinuturo sa mga batà sa bahay ay hindi Ibaloy kundi Ilokano. Gayunpaman, nilinaw ni G. Beray na nása proseso ng pagsusulat at pagdidisenyo ng mga materyal sa Ibaloy ang mga guro.

Sa pamamagitan ng Indigenous Peoples Education (IPEd) Curriculum Framework, isa sa mga dapat ituro sa mga katutubong estyudante ay ang katutubong kultura kagaya ng sayaw at pagtugtog ng mga katutubong instrumentong pangmusika. Subalit, mahal ang mga katutubong instrumento, at kailangan pa itong pag-ipunan at paghandaan. Gayundin, malakas pa rin sa mga matatanda ang katutubong paniniwala na ang pagtugtog ng gangsa ay tumatawag sa espiritu ng mga ninuno sapagkat ito ay nagpapahiwatig ng ritwal. Kahit hindi man naniniwala ang mga mas bata na ganito nga ang mangyayari, ang kanilang pagrespeto sa mga nakatatanda ay nananaig at nagdudulot ng pag-aalinlangan.

Sa kabilang banda, maraming Ibaloy ang nakapag-aral, at lahat sila sa Bineng ay marunong bumasa at magsulat. Ito ay dahil malaki ang pagpapahalaga nila sa edukasyon.

Kalusugan

Ayon sa mga *health center worker* sa Bineng at Tublay Central, ang kalagayan at mga programang pangkalusugan ng barangay, Ibaloy man o hindi, ay karaniwang umaayon sa mga palatuntunang inaatas at hinihiling ng gobyerno. Halimbawa rito ang pangangailang manganak sa mga *birthing center* o sa ospital, at ang pagpapasailalim sa mga sanggol sa proseso ng *newborn screening*.

Transportasyon at Komunikasyon

Mayroong dalawang pampublikong uri ng transportasyon ang mga taga-Bineng. Ang una ay ang dyip, at ang pangalawa ay mga taksi na tinatawag na **garage**. Ang dyip papuntang Bineng ay matatagpuan sa baba ng Kapitolyo ng Benguet sa harap ng Mt. Pulag Restaurant. Ang mga **garage** naman ay matatagpuan sa tabi ng restawrant na Town Fiesta. Ang mga tao ay pipila at maghihintay kung may mga sasakyang bibiyahe. Dahil sa malimit ang sasakyan, ang mga propesyonal na nagtratrabaho sa Bineng ngunit gáling sa ibang lugar kagaya ng mga guro sa elementarya ay mayroon nang iskedyul sa mga dyip. Bukod dito, ang mga sasakyang dumaraan ay halos mga pribadong mga sasakyan ng mga taga-Bineng. Mayroong dalawa or higit pang sasakyan ang mga tao. Makikitaan din ng ilang trak ang ilang mga bahay marahil sila ay mga mangangalakal ng mga produkto ng Bineng kagaya ng bulaklak. Dahil makipot ang daan, ang mga tao ay madalas dahan-dahang magmaneho upang maiwasan ang mga sasakyang makasasalubong. Halos lahat naman ng bahagi ng Tublay ay nadaraan ng mga sasakyan.

Ang komunikasyon ay mas mabilis kaysa noon sapagkat halos lahat ng mga tao ay mayroon nang mga *cellphone*. Hindi man makikitaan ng *landline*, konektado naman sa internet ang mga tao at may ilan din sa kanila na mayroon nang mga kompyuter.

Politika

Ayon kay G. Pendon Thompson, Indigenous Peoples' Mandatory Representative (IPMR) ng La Trinidad at túbong Bineng, malaki ang papel ng Council of Elders ng Bineng sa paglutas ng mga isyu at bangayan sa pagitan ng mga residente ng Bineng. Ito ay dahil karaniwang iniwasan ng mga Ibaloy ang abála at gulo na dulot ng ibang proseso ng batas kagaya ng pagpunta sa korte para sa mga salungatan. Karaniwang ang dahilan ng mga bangayan sa pagitan ng mga residente ng Bineng ay ang pag-aari sa lupa at karahasan. Dahil dito, ang **tongtong** o proseso ng pag-aayos sa pagitan ng dalawang nagbabangayan sa pamamagitan ng maayos na usapan sa tulong ng mga nakakatanda, ay isang uri ng politikang katutubo na iginagalang pa rin ng mga Ibaloy.

Sa Tublay at iba pang bayang Ibaloy, naaalala nila na noon ay itinuturo lamang ng mga mamamayan kung sino ang kanilang mga pinuno. Ang pagtuturo na ito ay batay sa tiwala nila sa isang tao (ëmëpiyál la túo). Ang taong pinagkakatiwalaan ay hinihirang (ëmunshálan) batay sa kaniyang talino o kaalaman (ámta), karanasan (parás), kakayahang mamuno, kakayahan sa búhay (waráy mēbēdín to), isang salita niya ay nasusunod (pinsák ësēl to; tulad daw ni Ahino na kinikilalang pinuno sa Tublay noong unang panahon), at karaniwan ay mga lalaki.

Sa kasalukuyan, ang sistema ng politikang pambansa ang nananaig sa pagpili ng mga pinuno sa barangay, bayan, at lalawigan. Natutuhan na ng mga mamayan ang kagawiang pambansa sa pamomolitika at pangangampanya.

PAGTANAW AT TUGON NG PANGKAT SA ESTADO NG KANILANG WIKA AT KULTURA

May pangamba ang mga matatanda na hindi na alam ng kabataang magsalita ng katutubong wika, pati na rin ang paggawa ng mga katutubong kultura. Kinikilala nila na bunsod ito ng makabagong edukasyon, relihiyon, at pagbabago sa mundo. Ngunit batid din nila ang mga pagbabago sa edukasyon tulad ng Mother Tongue-Based Multilingual Education (MTBMLE) at programang Indigenous Peoples' Education (IPEd). Nalalaman nila na may pagtatatangkang gamitin ang mga katutubong wika at kultura sa pagtuturo sa kabataan. Kasabay ng mga programang ito ang pangangalkal ng mga katutubong kaalaman at gawain na bihira nang ginagawa o kakaunti na lamang ang nakaaalam o nakaaalala. Kung gayon, kasali sila sa pag-alala sa mga kaalamang ito.

Napapag-alaman na rin nila ang mga batas na may kinalaman sa mga katutubo tulad ng Indigenous Peoples' Rights Act (1997) o IPRA. Nagkakamalay na sila sa halagang ibinibigay ngayon sa kanilang mga katutubong kaalaman (IKSP) at karapatan.



Larawan 37. Mga Batang Ibaloy na Naglalaro



Larawan 38. Bahay-kubo sa Paaralan

Bihira na lamang ang mga sinaunang bahay kubo (**avúng**) sa lugar. Ginagamit na lamang ang mga katutubong materyal sa paggawa ng bahay para sa mga silungan at parke ng mga paaralan at bayan.



Larawan 39. Panturistang Taniman ng mga Bulaklak

Nadiskubre din ng mga magsasaka na maliban sa pagtitinda ng mga bulaklak ay maaari din silang kumita sa pagbubukas sa kanilang mga hardin at *greenhouse* sa mga bisita.



Larawan 40. Mga Abanteng Paraan ng Pagtanim ng Bulaklak

SANGGUNIAN

- Afable, Patricia O. "Notes on Ibaloy Cultural History and their Colonial Past: A Photographic Essay." Ibaloy. Lee Ballard, ed. Asheville, NC: Biltmore Press, 2011.
- Afable, Patricia O. "Kalanguya sung poetry as a cultural resource." *Old Ties and New Solidarities: Studies on Philippine Communities*. Charles, J.H.M. & Guillermo, M.P., eds. Quezon City: Ateneo de Manila University Press, 2000. p. 24-40.
- Afable, Patricia O. "Mortuary Rituals among the Ibaluy (Philippines)." *Asian Folklore Studies*, Vol. XXXIV-2 (1975). Nagoya: Nanzan University, 1975.
- Anton, Sophia O. *A Handy Guidebook to the Ibaloi Language*. Baguio: Tebtebba, EED-TIFP, 2010.
- Bagamaspad, Anavic, at Hamada-Pawid, Zenaida. *A Peoples' History of Benguet*. Baguio: Baguio Printing and Publishing Company, Inc., 1985.
- Ballard, Lee. *IBALLOY Dictionary*. Baguio: Cordillera Studies Center/Diteng, 2012.
- Claerhoudt, Alfonso. *The Songs of a People: Igorot Customs in Eastern Luzon*. Chicago: University of Chicago, 1967.
- Community Based Management System, Barangay Bineng, La Trinidad Municipality 2019.
- Finin, Gerard. *The Making of the Igorot: Contours of Cordillera Consciousness*. Manila: Ateneo de Manila University Press, 2005.
- Maceda, Jose. *Musikang Pangritwal ng mga Ibaloy*. Lungsod Quezon: Kagawaran ng Pananaliksik sa Musika, Kolehiyong Musika, Unibersidad ng Pilipinas, 1988.
- Moss, Claude R. *Nabaloi Tales*. University of California Publications in American Archaeology and Ethnology, Vol. 17, No. 5. Berkeley: University of California Press, 1924. p. 227-353.
- Moss, Claude R. *Nabaloi Law and Ritual*. California: UC Berkeley Press, 1920.
- Prill-Brett, June. "Ibaloy Customary Law on Natural Resources" (Cordillera Studies Center Working Paper 19, 2001). Baguio: Cordillera Studies Center, 2001.
- Perez, Ursula C. "The Social World of the Ibaloy." Unpublished Ph.D. dissertation. University of Baguio, 1979.
- Pungayan, Eufronio L. "A study of Socio-historical Events which Largely Engendered the Evolution of Ibaloi Phenotype Traits, Saint Louis University Research Journal, Vol. XXII/2. Baguio: SLU Press, 1996.
- Pungayan, Eufronio L. *Nabaloi in 12 Lessons*. Baguio: Hamada Publishing Corporation, 1999.

Scheerer, Otto. *The Nabaloi Dialect*. California: University of California Press, 1905.

Scott, William H. "The origin of the word Igorot." *Of Igorots and Independence*. Baguio: A-Seven Publishing, 1993.

White, Rosalyn Fianza. *Ibaloy of Benguet*. Katutubo: Profiles of Philippine Cultural Communities. Ma. Zenaida B. French, ed. Intramuros, Manila: National Commission for Culture and the Arts, 2009.

APENDIKS

Wordlists

English	Filipino	Ibaloy
one	isa	sahëy, sakëy (diin sa ëy)
two	dalawá	shuwá, tsuwá
three	tatló	tëdó
four	ápat	ëpët
five	lima	díma
six	ánim	ënëm (diin sa nëm)
seven	pitó	pitó
eight	waló	való, waló, guwaló, baló
nine	siyám	siyám
ten	sampú	sampúlo
twenty	dalawampú	baénte, tsuwën puló, shuwën puló (diin sa ën)
hundred	sandaán	sandasós
thousand	líbo	dívo
none	walá	áyshi, ëntsi, ënshi (diin sa ën)
all	lahát	ëmín
count (v.)	magbiláng	manbídang
animal	háyop	animal
bird (generic)	ibon	titít, at-át
crow	uwák	khaváng
chicken	manók	manók
wing (n.)	pakpák	payád
feather (n.)	balahíbo	shútshot, tsut-tsot
crocodile	buwáya	buwajá
eel	ígat	kiwët (diin sa wët)
frog	palaká	khurák, bakbák
snake (n.)	áhas	ulëg (diin sa lëg)
pig (n.)	báboy	këshël, këtsël (diin sa ël), babóy, busáang
dog (n.)	áso	áso
monkey	unggóy/ matsíng	bahës (diin sa hës), kaág
carabao	kalabáw	nuwáng
deer	usá	mahavás
rat (n.)	dagá	utót
tail (n. animal)	buntót	ihól

turtle	pagóng	pag-óng, palashúngay, palatsúngay
worm (earth)	buláte	kědáng, bídèng
mosquito	lamók	ímok
louse (n.)	kúto	kúto
spider	gagambá	tiktiháva, atihába
termite (white ant)	ánay	dahëy (diin sa hëy)
lice (insect)	kúto	kúto
butterfly	paruparó	bulbúl-o
cook (v.)	maglutó	mandúto
cooking pot	palayók	paljók
ladle (n.)	kutsarón/ sandók	kaód
swallow (v.)	lumunók/ nilunók	ëkmón
eat (v.)	káin/ kumáin	mëngán
egg (n.)	itlóg	ikdóg
salt (n.)	asín	asín
sweet potato	kamóte	duktó
meat	karné	afág, apág
soup	sabáw	sabáw, saváw, shígo, tsígo
breakfast	almusál/ agáhan	pangágsafa, pangán ágsapa
sour	maásim	ëmpaít, mansënúok
sweet (adj.)	tamís/ matamís	ën-amís
bitter	mapaít	ëmpaít
full (sated)	busóg	napsël (diin sa sël)
hunger (n.)	gútom	agáng
drink (v.)	inumín	mainóm, inóm
thirst (n.)	úhaw	napkáng
wine (n.)	álak	adák
rotten	búlok	ëbúyok
mortar (rice)	lúsong	dësóng
coconut (mature)	niyóg	niyóg
coconut (young)	búko	búko
ginger	lúya	agát
grass	damó	ëdët (diin sa dët), damón
nipa	nipa	dëma (diin sa dëm), sápsap, avóng
peanut	maní	maní
rice (husked)	bigás	bëkhás
husk (of rice)	ipá	tëg-ap (diin sa tëg)
pound (v. rice)	magbayó	manbëjo (diin sa jo)
pestle (rice)	pambayo	ádo, dádo, para báyo

rice (cooked)	kánin	inëpóy
rice (unhusked)	pálay	págëy
ricefield	palayán	payëw
sugarcane	tubó	unás
swidden (kaingin)	kaingín	umá
forest	gúbat	ëlkát
plant (n.)	taním	ësëk (diin sa sëk)
tree	punó	kiyëw, kiyów (diin sa yëw)
root (n.)	ugát	ulát
bark (tree)	balátngkáhoy	bédát ni kiyëw
leaf (n.)	dáhon	bulóng
flower (n.)	bulaklák	savóng, sabsabóng
thorn	tiník	pagát, tëbëk (diin sa bëk)
fruit	prútas	damës (diin sa mës)
seed	butó	butíl
banana (generic)	ságing	balát
rattan	yantók	ëvëy, ëgwëy (diin sa ëy)
abaca	abaká	bajatíng
cotton (not kapok)	búlak	kapës (diin sa pës)
eggplant	talóng	talóng
areca nut	búngangngangá	buwá
betel leaf	ikmó	gawëd, khawëd
betel/ nut chew	ngangá	ngal-ngál
lime (cao)	ápog	apóg
now	ngayón	nimán
morning	umága	agsapá, agsafá
noon	tanghalí	kaákhawan, naákhëw
afternoon	hápon	mâshëm, mamâtsem
day (not night)	áraw	kaákhawan, naákhëw
night	gabí	dávi, dábi
today	ngayón	nimán
tomorrow	búkas	kabasán
yesterday	kahápon	nâshëm, nâtsem
year	taón	táwën, táw-ën
moon	buwán	búlan
star (n.)	bituín	taláw
sun	áraw	sëkhít
sky	himpapawíd	nangkayáng, naykayáng
cloud (n.)	úlap	divúo, dibúo
thunder (n.)	kulóg	kérol
lightning	kidlát	kímat, bîdat

rain	ulán	urán
rainbow	bahaghári	búngdol
cold (weather)	malamíg	tëg-ín, ëngkëtít
warm (weather)	ínit/ maínit	ën-atóng
hot (weather)	maínit	ëmpëtáng
dwell (v.)	manáhan/ tumirá	mánbëdëy, mán-iyán
fence (n.)	bákod	alád
floor (n.)	sahíg	shâtal, tsâtál
house (n.)	báhay	balëy (diin sa lëy)
roof (n.)	bubóng/ atíp	átëp, buvóng,
space (under house)	sílong	duongán
window (v.)	bintaná	táwa
wall (n.)	dingding	shíngshing, tsíng-tsing
return (v. home)	uwí	ën-ahad, ón-akad
live (v. life)	mabúhay	mëbiyág
ankle	búkungbúkong	mukmuhíng
body	katawán	bakdáng
leg (n.)	hitá	úlpo
foot (n.)	paá	sëdí
heel (n.)	sákong	muhód
sole (of foot)	talampakan	shalúkap, tsálukap
knee (n.)	túhod	puwëg (diin sa wëg)
toe (n.)	daliríng paá	khalumót sëdi
vagina	puwérta, puki	ótín, úvaw, pipít
penis	titi	butó
anus	tumbóng	uvët (diin sa vët)
buttocks	pigí	dipád
shoulder (n.)	balikat	avadá, abada
palm (of hand)	pálad	tsalukáp takday, khëmkhëm
finger (n.)	daliri	khalúmot
elbow (n.)	síko	sího
arm (body part)	bráso	sího, tákday
span (armspread)	dipá	shëpá, tsëpá
hand (n.)	kamáy	takdáy
span (hand)	dangkál	shangán, tsangkal
chest (body)	dibdib	pagëw (diin sa gëw)
breast (mammary)	súso	súso
belly	tiyán	ëkhës (diin sa khës)
back (of person)	likod	bënëg (diin sa nëg)
heart	pusó	pusó
intestine	bitúka	susót

liver	atáy	altëy (diin sa tëy)
lungs	bagá	bála
rib (n.)	tadyáng	tagdáng
vein	ugát	ulát
blood	dugó	shála, tsála
bone	butó	púhël, pukël
fat (n.)	tabá	táva, matëba
head (n.)	úlo	tuktók
hair	buhók	buwëk (diin sa wëk)
brain	útak	utëk (diin sa tëk)
face (n.)	mukhá	dufá, dupá
forehead	noó	tëmók
cheek	pisngí	tamíl
chin	babá	timíd
mouth (n.)	bibíg	bungót
lip (n.)	labí	suvíl
tongue (n.)	dilá	shíla, tsíla
tooth	ngípin	bâba
ear	taínga	tangída
eye (n.)	matá	matá
eyebrow	kílay	(khëshëy) (diin sa shëy)
eyelashes	pilikmatá	paspás
nose (n.)	ilóng	ëdëng (diin sa dëng)
neck (entire)	leég	bukdëw (diin sa dëw), bukdo
throat (neck front)	lalamúnan	bagáng
skin (n.)	balát	bëdát
scar (v.)	pílat/ péklat	kivát
weave (v. cloth)	tahî, tahîin, hinabî	avël, abël, mëngëbël (diin sa ël)
weave (v. mat)	lála	sagáp
mat (n.)	banig	kamën (diin sa mën)
sew (v.)	tahî /itahî /manahî	tsâ-it /itsâ-it/ mantsâ-it
needle (n.)	karáyom	shakhóm, tsakhóm
blanket	kúmot	ulés
pillow (n.)	únan	pungán
trousers	pantalón	pantalón
loincloth	bahág	kuvál
wash (v. clothes)	labá/ máglaba	dabá/davá, mandëbá
rope (n.)	lúbid	duvíd
north	hilagá	tâpëw, túktuhan
east	silángan	bûdayan sëkhít, bëdalan
west	kanlúran	dímusan sëkhít, dítupán
south	timog	dëspag, angshayán

near (adv.)	malápit	nan-ësop, naykhesop
far	malayó	nan-arávi, nanbëtáw, naybetáw
right (not left)	kánan	kanawán
left (not right)	kaliwâ	kanigíd, katigíd
narrow	makítid/ makípot	ëdifít, ëkhipít, edipít
wide	maluwáng	ëmbanáw
deep	lálím/malálím	ëkayáng, naydëshëk, nandëtsëk (diin sa ëk)
under	ilálím	shalëm, tsalëm, duóng
full	punó	napnó
short (height)	mababá	ëpantsek, abábá, uótik
short (length)	maiklî	ëntihëy, ëntikëy (diin sa ëy)
large	malakí	ëbádëg
long (adj.)	mahabá	ënsuhëy, ëntsuhëy (diin sa ëy)
straight	derétso/tuwid	derétso
afraid	tákot	tahót, matákot
anger	gálit	bungët (diin sa ngët)
ashamed	nahíya	ëmbaing, binmaíng
cry (v.) weep	iyák / umiyák	nangís, nanangís
fear (v.)	matákot	ëntahót
fight (n.)	áway	bahál, bëkal
lonely	malungkót	mansëspi (diin sa ë), mansadsarot
pain (n.)	sakít/kirót	sahít, ënsahit
laugh (v.)	tawá/tumáwa	ngîngi, mëngîngi
climb (v.)	akyát/ umakyát	ënkáláb
float (v.)	lumútang	kinmáljap
fly (v.)	lumipád	ëntayáb, pinmayëng (diin sa yëng)
fall (v.)	húlog	nâkhas, ëkhás
pull (v.)	hiláhin	ikhuyód
push (v.)	itúlak	itulshón, itultsón
run (v.)	takbó	bëtik
quick (adv.)	bilís / mabilís	mapkhës, páspas, manbiyëng (diin sa ë)
walk (n.)	lákad/ maglakád	man-ëkád, ahád
turn	paikútin	pusipusën (diin sa ë)
stand (v.)	tayô/ tumayô	dayát, alakhëy, on-ëtán
sit (v.)	upô / umupô	tungáw, mëg-ëng, pagóng
throw (v.)	itsá, ihágis	ikëspíg
throw away (v.)	ibasúra	iivóng
companion	kasáma	khaít

friend	kaibígan	khajëm (diin sa ë)
woman	babaé	bií
man (n.)	laláki	dahí
old (man)	matandáng laláki	ëdaháy
old (woman)	matandángbabaé	ëbâkol
person	táo	tuó
household	sámbahayán	buvóng, pamilja
family	pamílya	pamílja
father (n.)	tatay	tatáng
mother (n.)	nánay	nanáng
sibling	kapatíd	agí, iyúgtan, oríshiyán
offspring	anák	anák
spouse (n.)	asáwa	asëva, asáwa, kadvá
wife	asáwang babáe	kadvá jën bií, asavá
child	anák	anák
slave (n.)	alípin	bagaën (diin sa ën)
widow	bálo	ëbálo
name (n.)	pangálan	ngarán, bësháy, bëtsay
blind (adj.)	bulág	ëbulag
deaf	bingí	ëtulëng
sick	maysakít	mansëkít
dead	patáy	ëtëy (diin sa ëy)
die (v.)	mamatáy	mëtëy (diin sa ëy)
boil (infection)	pigsá	buyóy
cough (n.)	ubó	úk-ok
skinny	napakapayát	ëpigút
itch (n.)	katí	mankhëtël (diin sa tël)
medicine	gamót	agás
defecate (v.)	dumumí/ tumáe	mantaé
excrement	ipót/dumí	taé
spit (v.)	dumurá	mantúgpa
urine	ihí	ísbo
vomit (v.)	nagsuká/ súka	úta
sweat (v.)	páwis	dîngët
sea	dágat	báybay
lake	lawá	dëbkëw (diin sa këw)
water (n.)	túbig	shánúm, tsánúm
waterfalls	talón	payaspás
river	ílog	pâdok
flow (n.)	ágos	ayós
boat	bangká	bángka

paddle (n. boat)	pansagwán	kaud bángka
raft	balsá	-
swim	langóy/ lumangóy	dangóy
fish (n. generic)	isdâ	nigáy
wet (adj.)	basâ	nakbël
dry (not wet)	tuyô	ëmág-an, ëmag-ánan
dry (in the sun)	ibilád	ibilág, ibidág
boil (v.)	kulô	shëkshëk, tsëktsëk (diin sa pangalawa)
bath (v.)	maligó	ëmës (diin sa mës)
comb (n.)	suklay	sagáysay
fragrant	mabangó	mansëng-ëw (diin sa sëng)
rub (v.)	ikuskós	ikhúskhos, ikusúkos
smooth (adj.)	kínis/ makinis	ënnгалútoy
squeeze (v.)	pigâ/ pigaín	pëpkësán, (i)pëspës (diin sa huli)
wash (v. hands)	húgas / naghúgas	buló, manbúdo, urás, ugsan
wipe (v.)	páhid, punásan	punás, punásan
dirty (clothes)	marumí	dugít, dagít
bad (not good)	masamá	ngaáw, ëtángsit, malëdámsis
bite (v.)	kagát	këdát, kalát
burn (v.)	súnog / sunúgin	puól, puolán
cut (v. slice meat)	hiwá/ magputól	tadtád, mënadtád, memútol, bukbók, dabák
kick (v.)	sipaín	kudtálan
kill (v.)	patayín	pëptëyën, búnoen
lie (v. tell the untruth)	magsinungalíng	man-uwáp, mandástog, man-áw-awat
scratch (v.)	kalmutín	kaváot, këbaútën
steal (v.)	nákaw/ magnákaw	kívot, mëngíbot
strong	lakás/ malakás	ëpigsá, mahëdsáng, makëdsáng
weak (adj.)	mahiná	ëkapoy, ëkápsot
sharp (knife)	tálas/ matálas	tarëm (diin sa ë), matáshëm, matátsem
sheath (bolo)	kalúban, suksúkan	atíp
split (v. wood)	sibák	tubák, mënúbak, balsíg
stab (v.)	saksák/saksakín	saksák
dull (knife edge)	mapuról	ëduvëg (diin sa vëg)
dream (n.)	panagínip	it-itáw, tagtagînep
forget (v.)	makalímot	ëdîngding
remember (v.)	tandaán	nëmnëmën (diin sa mën)
know (v. a fact)	alám	ámta

know (v. a person)	kilála	am-ámta
learn (v.)	matutuhan	amtaën, ashalën (diin sa ën)
repeat (v.)	ulítin	ipínshuwa, ipíntsuwa
play (v.)	maglaró/ laruin	man-amáyo, man-ëd-ëjám
sing (v.)	umawít	mankánsiyon
sleep (v.)	matúlog	maukíp, maugíp
awake (adj.)	gisíng	ëbangon, binmangón
hold (v.)	hawakán	ëgshián, ëgtsián
smell (v.)	amóy	sungsóng
see (v.)	tingnán	asën (diin sa ë)
say (v.)	sábi	kuwán, ikuwán
answer (n.)	sagót	súngbat, kuwán
call (v.)	tawágin	ayág, áykan, tabál
story	kuwénto	istórya, shíva, chíba, chíva
word	salitâ	ësël (diin sa sël)
yes	óo	owën (diin sa ë), oó
no	hindí	ëntsi, ënshi (diin sa ë), áyshi
fire (n.)	súnog	puól
smoke (n.)	úsok	asók
ash	abó	shâpol, chôpol, apóg
charcoal (not ember)	uling	ulíng
wind (n.)	hángin	shágëm, tságëm, angin
dust (n.)	alikalabók	tapók, tafók
mud	pútik	pitëk (diin sa ë)
sand (n.)	buhángin	bisíl
wood (n.)	káhoy	kiyëw, kiyów (diin sa ë, ó)
road	daán	shalán, tsalán
earth (soil)	lúpa	bûday
earthquake	lindól	jëgjëg, kayëg (diin sa ëg)
stone (n.)	bató	bató
trail (n.)	landás	shalán, tsalán, dívan, dibáng
mountain	bundók	shuntóg, tsuntóg,
summit	tutók	tâpëw
pay (v.)	báyad	bayád
sell (v.)	ibénta, ipagbilí	idáho
buy (v.)	bilí, bumilí	túmkkal, túngkkal, mënúngkal
work (v.)	magtrabáho	man-úbda
debt	útang	utáng
poor (not rich)	maralita	ëbitëg (diin sa tëg)
rich	mayáman	ëbaknáng, karángjan
cheap	múra	ëbavá, ëdahá
expensive	mahál (napresyo)	ënginá, ëpalít

give (v.)	ibigay	iahán, iakán
white	putí	ëmputí
black	itím	ëntulíng
red	pulá	ëmbalënga, ëmbalánga
yellow	diláw	ëduwëm, nalcháwan
green	luntí	maáta
beautiful	magandá	maptëng, mëmaptëng, marikít
big	malaki	ëbádëg
blow (v.)	íhip/ híhip	síbok
breathe	hiningá	jasjás
bury (inter)	ilibíng	ikaót, ipunpón
difficult	mahírap	ëdigát
dig (v.)	hukáy/ humúkay	kaót, mëngaót
good (adj.)	mabúti/ mabait	sigëd, naanus, ësingpët
hard (not soft)	matigás	ëndayót
heavy	mabigát	ëmbël-at
hide (v.)	magtagó	ëmöt, nan-ëmöt, man-âmot
how (many)	ilán	pigá
hunt (v.)	mangáso	mëngënop
light (not heavy)	magaán	ënkâjas
lose (v.)	nawalá	nâtiw, naatíw
new	bágo	bádo, bádbado
old (object)	lumá	shaán, tsaán
other (different)	ibá	apíl, afíl
ring	singsíng	singsíng
shadow (n.)	aníno	adiróng
small (adj.)	maliít	utík, uútik, uuníng
stick (adhere)	dikít/dumikít	pinmëkët (diin sa kët), nantaháp
suck (v.)	sumúso	mënúso
tear (n.)	luhá	sayá
tie (v.)	tinalí	iihët
wait (v.)	maghintáy	mantákkhëd
string	talí	ihët, ikët